# Banal Na Apoy

## *Endorsements*

Mainam na matutunan mo ang iyong sariling kasaysayan! Ang BANAL NA APOY ay mahusay na gawa ng ating mga tagapamuno na sila Dr. Floyd T. Cunningham, Dr. Ernesto N. Rulloda, at Dr. Jason V. Hallig. Ang kanilang salaysay ay nagpapakita ng malawak at buong larawan nang kung papaanong nagsimula at lumago ang *Church of the Nazarene* sa Pilipinas sa loob ng 75 taon. Ipinapakita sa aklat ang mataas at mababang karanasan ng ating denominasyon—ang kanyang mga pakikipaglaban, at kanyang mga tagumpay sa pagtupad ng kanyang layuning humubog ng mga tagasunod ni Cristo na namumuhay ayon sa pagiging katulad-ni-Cristo sa ating bansa at sa buong mundo. Ang aklat na ito ay hindi lamang magbibigay ng inpormasyon sa mga nangyari sa nakaraan, kundi magbibigay inspirasyon din para tayo makibahagi sa misyon ng Diyos ngayon at sa marami pang mga taon na darating.
**Crisanto B. Colorado Jr.,**
*Chairman ng Philippine National Administrative Board*

Ang BANAL NA APOY ay malinaw, buo, at madaling basahin bilang panimula para sa *Church of the Nazarene* sa Pilipinas. Sa kabuuan, ang aklat na ito ay nagpapahayag ng tapat, walang pag-aalinlangang pananaw na may natatanging abilidad sa pagsasaad ng maraming mga aspeto ng buhay at gawain ng simbahan sa kakaunting bilang na mga pahina nito. Ang kanyang tono ay positibo, ngunit makatutuhanan. Kinikilala nito ang iba't ibang karanasan ng simbahan, mapa-indibidwal man o sa kabuuan nito, na hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos, ngunit kanya ring kinikilala na ang Banal na Espiritu at ang mga tapat na tagasunod ni Jesus ay maaaring magtulungan para itayo at itaguyod ang simbahan ni Cristo at mga layunin nito. Ang pagbabasa ng aklat na ito ay katangitangi at nakakahikayat. Ako ay nagpapasalamat sa mga nagbigay ng panahon para isulat ang kasaysayang ito ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas.
**David Graves,**
*General Superintendent* ng *Church of the Nazarene*

Ito ay isang babasahin na napapanahon at naaangkop na mabasa ng bawat isang miembro ng *Church of the Nazarene* hindi lamang ng mga nasa Pilipinas kundi maging ng mga nasa iba't ibang dako ng mundo. Matapos

kong mabasa ang kabuuang kasaysayan kung paano nagsimula at lumago sa kanyang kasalukuyang kalagayan, nagdulot ito ng isang pakiramdam nang pagmamalaki na ako ay mapabilang sa *Church of the Nazarene*. Pinatibay nito lalo na dapat kong mahalin ang iklesia na aking piniling aniban. Salamat sa mga nagpagal at nagsaliksik upang ito ay mabuo at maisulat. Maituturing itong isang "pamana" sa susunod na henerasyon ng mga Nazarene.

**Lucinda Tamayo,**
*Senior Pastor ng Taytay First Church of the Nazarene*

Tama at walang pag-aalinlangan. Isang nararapat basahin ng mga gustong malaman ang simula, paglago, at mga pagbabago ng *Church of the Nazarene* sa Piliinas.

**Mark Eugenio,**
*Chapman International College Chancellor*

Ang *Church of the Nazarene* sa Pilipinas at may mahalagang tungkulin na ipangaral ang "Kabanalan Para sa Panginoon." Ito ay mahalagang aklat na nagsasalaysay ng lumalagong pangitain na magpapalakas sa Simbahan tungo sa epektibong misyon para abutin ang mga tao kay Cristo. Dapat nating malaman kung saan tayo nanggaling, para malaman natin kung saan tayo patutungo.

**David Ackerman,**
*Field Education Coordinator*

Isang mainam na paraan ng pag-angkin ng ating bukas ay ang pagkakaroon ng malinaw pang-unawa sa nakaraan--mga tagumay, kahinaan, at kabiguan. Ang paglingon sa nakaraan ay 20/20 at ang aklat na ito ay nagbibigay pagkakataon para maunawaan natin kung nasaan na tayo ngayon. Karagdagan dito ay ang kalagayang naglalagay sa atin sa harapan para masulyapan ang katapatan ng Diyos noon at ngayon sa pamamagitan ng kanyang gawa sa *Church of the Nazarene* sa Pilipinas. Ito ay nararapat basahin ng mga tagapamunong may pangitain at gumagawa para sa kaharian ng Diyos.

**Nestor 'Jun' Macas, Jr.**
*Southern Tagalog CON District Superintendent*

# Banal Na Apoy

Ang Diyamanteng Jubileong Kasaysayan ng
*Church of the Nazarene* sa Pilipinas

**Jason Valeriano Hallig, Patnugot**
**Floyd T. Cunningham**
**Ernesto N. Rulloda**

**Philippines - Micronesia Field Office**
Ortigas Avenue Extension
Kaytikling, Dolores, Taytay, Rizal

**BANAL NA APOY**
Ang Diyamanteng Jubileong Kasaysayan ng
*Church of the Nazarene* sa Pilipinas

Copyright @ 2022 PMFO Departamento ng Litiratura. Walang bahagi ng publikasyon na ito ang maaaring kopyahin, maiimbak sa isang lugar na maaaring kunin, o maiilipat sa anumang anyo o paraan ng walang paunang nakasulat na pahintulot ng tagapaglathala, halimbawa ay pag*scan*, pagkopya, at pagtala. Ang taning eksepsyon lamang ay ang maikling mga sipi sa mga nakalimbag na pagsusuri.

ISBN 978-971-92521-9-1

*Published by*
*Asia-Pacific Nazarene Theological Seminary*
*APNTS Campus, Ortigas Avenue Extension*
Kaytikling, Dolores, Taytay Rizal
www.apnts.edu.ph

Sa pagsasaayos at patnugot ni
Jason Valeriano Hallig
PMFO Koordinador ng Litiratura

Sa pagsasalin ni
Prosy B. Torrenchante

Disenyo sa harapan: Ervz Tia
Disenyo sa loob: JVH
Unang Edisyon: May 2022

**Ang aklat na ito ay inihahandog**
sa mga retiradong mga misyonero
at mga retiradong manggagawang Filipino

## Mga Nilalaman

Pagkilala | 10
*Foreword* | 12
*Prologue* | 15

**UNANG BAHAGI**
**MGA PAG-UUGAT AT MULING PAGBIBIGAY-BUHAY (1920-1970)**
1. Panimula | 21
2. Mga Unang Filipinong Nazarene sa Amerika | 22
3. Ang Pagbabalik sa Piliinas | 23
4. Ang Pagsilang ng Church of the Nazarene | 24
5. Mga Unang Taon ng Pag-usad | 26
6. Pag-unlad at Pagsulong sa Pamamagitan ng Edukasyon | 28
7. Mga Unang Taon ng Ebanghelismo | 31
8. Mga Unang Filipinong Tagapamuno | 33
9. Mga Karagdagang Misyon at ang *Visayan Nazarene Bible College* | *39*
10. Mga Kababaihan at Indigenisasyon | 44
11. Pangwakas na Salita | 47

**IKALAWANG BAHAGI**
**MGA PAGKABAHALA AT PAGPAPALAGANAP (1957-1996)**
1. Panimula | 52
2. Pagiging Konserbatibo sa Doktrina | 53
3. Kontrabersya sa Pagitan ng mga Misyonero | 55
4. Krisis sa Distrito | 56
5. Ang *Split* o Pagkahati-hati | 57
6. Mga Naapektuhan ng *Split* | 57
    a. Baguio City Church of the Nazarene | 57
    b. Binalonan Church of the Nazarene | 60
    c. Paniqui Church of the Nazarene | 61
7. Ang Litigasyon | 61
8. Ang Pagsulong at Paglago | 62

a. Mga Unang Taon ng Pag-unlad | 63
b. Ang Paglago sa Kalaunang mga Taon | 65
9. Ang Pagpapalaganap at mga Institusyong Pang-edukasyon | 71
a. *Luzon Nazarene Bible College* | 72
b. *Visayan Nazarene Bible College* | 74
c. *Asia-Pacific Nazarene Theological Seminary* | *76*
10. Pangwakas na Salita | 77

**IKA-TATLONG BAHAGI**
**MGA PAGBABAGONG KALAGAYAN AT PAG-ASA (1995-2021)**
1. Panimula | 82
2. Pangangaral ng Ebanghelyo, Pagdidisiulo, at Paglago ng Simbahan | 84
3. Pamunuang Nasyonal | 91
4. Pagsulong ng Mga Distrito | 92
5. *Philippine National Administrative Board* | 99
6. *Field Strategy Coordinators* | 102
7. Kahusayan at Edukasyon | 105
a. *Philippine Nazarene College* | 106
b. *Central Philippine Nazarene College* | 108
c. *Asia-Pacific Nazarene Theological College* | 109
d. *Phil-TEEN* | 111
e. *Post-graduate Studies* | 112
8. Mga Misyonerong Filipino sa Buong Mundo | 113
9. Paglago ng Pamumuno: Mga Suliranin at Pag-asa | 115
a. Mga Suliranin sa Pamumuno | 116
b. Mga Pag-asa ng Pamumuno | 117
10. Pangwakas na Pananalita | 121

*Epilogue* | 125
*Appendixes* | 128
Bibliograpiya | 131

# Pagkilala

Ang aklat na ito ay hindi mabubuo kung walang tulong at suporta mula sa mga tumulong na indibidwal sa iba't ibang paraan para matapos at mailimbag ito. Una, nais kong pasalamatan si *Field Strategy Coordinator* Arnel Piliin at ang asawang niyang si *Rev*. Inocencia Piliin, na nagbigay ng kanilang tiwala sa akin sa pag-imbita nila sa akin na sumama sa tanggapan ng *Philippine-Micronesia Field* bilang Tagaugnay ng Litiratura noong 2021. Ibinigay ni *FSC* Arnel ang kanyang buong suporta sa proyekto at paghahanda para sa pagdiriwang ng ika-75 anibersaryo ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas.

Pangalawa, nais ko ring magpasalamat kay Dr. Floyd T. Cunningham sa kanyang kagustuhan na ayusin ang kanyang nailathalang papel sa *Philippine Studies Journal* ng *Ateneo De Manila University* para maisama sa proyektong ito. Nagdulot ito ng kagalakan hindi lamang sa akin kundi sa lahat ng mga kasamahan ko sa *Field* at maging sa mga *district superintendent*. Nalalaman kong pinagpala ang lahat ng mga *Nazarene* sa mga inambag nya sa simbahan at maging ng kanyang buhay na ibinahagi sa ating lahat.

Pangatlo, nais ko ring pasalamatan si Dr. Ernesto N. Rulloda sa kanyang pagsang-ayon sa proyektong ito, na naghingi ng kanyang oras mula sa kanyang maabalang responsibilidad sa *US*. Ang aming palitan ng *emails* ay higit na nakatulong sa pangkalahatang pagkasulat ng aklat.

Pang-apat, gusto ko ring pasalamatan si Lisa Lehman sa kanyang supurta para sa proyektong ito. Hindi lamang sya naghatid ng inspirasyon para isulat at tapusin ang aklat, kundi sya rin bilang Tagapag-ugnay ng Litiratura sa rehiyon ay nagbigay tulong pinansiyal para sa paglimbag ng aklat.

Panlima, sa likuran ng lahat ng mga pangyayari ay ang may panalanging supurta ng ating *Regional Director* na si Dr. Mark Louw, na pumayag ding sumulat ng unang pananalita para sa aklat.

Pang-anim, pinasasalamatan ko rin ang lahat ng *district superintendent* na nagbigay ng kanilang panahon at mga suwestiyon para sa ikagaganda ng aklat:

| | |
|---|---|
| DS Marcelino Ochoco | DS Medanny Punzalan |
| DS Asalim Gunda | DS Nestor 'Jun' Macas Jr. |
| DS Crisanto Colorado | DS Ryan Cardinal |
| DS Danilo Feleo | DS Dan Balayo |
| DS Nemie Babao | DS Nilo Rosende |
| DS Nicholas Cacho | |

Pampito, espesyal na pasasalamat kay *District Superintendent* Crisanto Colorado, *Chairman* ng *Philippine National Advisory Board*, para sa kanyang pagiging bukas at magandang palitan ng mga pag-iisip sa mga linya at pangungusap na nilalaman ng aklat.

Pangwalo, espesyal ding pasasalamat sa mga nagsilibing *Field Strategy Coordinator* ng *Field*: *Rev*. Robert Craft, *Rev*. David Phillips, at *Rev*. Stephen Gualberto. Sila ay mga nagbigay ng panahon para maisulat ang patungkol sa kanilang mga pamumuno.

Pansiyam, pinasasalamatan ko rin si Dr. David Ackerman, *Field Education Coordinator*, sa pagpapayo at supurta na kanyang ibinigay para sa proyektong ito. Madalas siyang magbigay ng mga payo at lakas ng loob.

Pansampu, gusto ko ring pasalamatan ang mga pastor at kamanggagawa na tumulong sa proyektong ito sa kani-kanilang paraan. Maraming salamat sa inyong lahat,

| | |
|---|---|
| Rev. Elmo Dialing | Rev. Andrian Tambongco |
| Ptr. Luz Tambongco | Rev. Arnel Jotiz |
| Rev. Radito Fausto | Kevin and Janet Wilkins |
| Leody Echavez | Rev. Eddie Morales |
| Marnie DC Modine | Rev. Grando Bruzo |
| Rev. Herminio Tabuena | |

Sa kahuli-hulihan ay gusto kong pasalamatan si Juan Stef para sa kanyang pagpatnugot ng proyekto. Espesyal din na pasasalamat kay Prosy B. Torrechante para sa ginawa nyang may kahusayan para sa pagsalin nito sa Filipino. Isang may pusong pasasalamat kay Ervz Tia para sa kanyang ginawang disenyo para sa harapan ng aklat. Gayun din ako'y nagpapasalamat kay Ruth S. Almario para sa kanyang trabaho sa pagkuha ng *ISBN* para sa aklat na ito.

Jason Valeriano Hallig
Patnugot at Kasama-sa-Sumulat
Tanggapan ng *Philippine-Micronesia Field*
Tagapag-ugnay ng Litiratura

## *Foreword*

Lahat tayo ay may kwento, isang kasaysayan na kung ikukwento ng detalye at malinaw ay siyang bumuo sa larawan ng paglalakbay na siyang nag-ambag sa naging persona natin. Ang Banal na Apoy ay siyang nagsasalaysay sa kwento ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas simula nang kanyang kapanganakan 75 taon na ang nakakaraan. Bagama't may mga kwento ng kasaysayan ang mahaba at walang buhay, ang aklat na ito ay tama at nararapat. Sa kabuuan, ang tatlong umambag ay buong tapang na binigyan ng pansin ang mga kaganapan sa nakaraan, nang may pagdiriwang sa mga naabot nang walang pagsasawalang bahala sa mga pakikibaka, pasakit, at hindi pagkakaunawaan sa ating kasaysayan.

Sa Banal na Apoy, ang tatlong kilalang umambag sa kasaysayan ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas, Floyd T. Cunningham, Ernesto N. Rulloda at Jason V. Hallig, ay nag-ambag sa kabuuan ng kwento para ipagdiwang ang lahat ng mga pangyayari sa *Church of the Nazarene* sa Pilipinas. Ang ipinahahayag ng bawa't bahagi ay ang pag-unlad ng *Church of the Nazarene* at paglago nito bunga ng kagandahang-loob ng Diyos na siyang kumikilos sa pamamagitan ng mga tapat na indibidwal. Ang nagbibigay ng saya sa akin bilang Direktor ng *Church of the Nazarene* sa rehiyon ay ang katotohanang ang paglalakbay ay hindi pa tapos. Ang gawaing sinumalan 75 taon ang nakaraan sa pamamagitan ng katapatan at kahusayan ng mga nagsimula at unang naging mga tagapamuno, at gayon nga, maging ng mga hindi perpekto, ang silang naglagay sa denominasyon sa tinatahak nitong may pagbabagong ministeryo ng pagdidisipulo at pagpaparami ng mga simbahan at distrito sa bawa't barangay at probinsya sa pangunguna ng Banal na Espiritu.

Sa loob ng sampung taon ng aking paglilingkod bilang director ng rehiyon ng Asya Pasipiko, ako ay napagpalang lubos sa mga panahon ng aking paglilingkod sa Pilipinas na nagpakilala sa akin sa magagandang tao at kultura ng nakakamamanghang arkipelago nito. Sa mga panahong ito, nakita

ko ang kakayahan nila para sa Mabuting Balita na nagdadala ng pagbabago sa indibidwal, komunal, at sa lipunan sa mga pagkakataon na ito ay tapat na naipapamuhay, may tapang na naipapangaral, at naisasagawa nang may kagandahang-loob ng Diyos. Naging karangalan ko ang makilala at matoto sa mga lingkod ng simbahan, marinig ang kanilang mga pangitain, maunawaan ang kanilang mga realidad sa buhay, at maghanap ng mga pagkakataon at oportunidad para sa sama-samang paglilingkod. Naging karangalan ko rin ang makilala ang dalawa sa mga umambag sa aklat na ito, Dr. Floyd T. Cunningham at Dr. Jason V. Hallig, dalawang lingkod na nagbigay ng kanilang buhay para sa simbahan na kanilang pinaglilingkuran sa kanilang mga sinulat na may alab at walang pag-aalinlangan.

Bagama't ang Banal na Apoy ay isang tala ng nakaraan, sila Cunningham, Rulloda, at Hallig ay nagbigay ng napapanahong paalala sa hindi pa naabot na pangitain ng *Church of the Nazarene* para sa bawa't Barangay. Sa pakikisalamuha ko sa mga *leader* ng *Field* at distrito, mapapatunayan ko na ang pangitain ay nanatili sa puso at isip ng maraming *Nazarene* para sa kaganapan ng pangitain ng *Church of the Nazarene* na umunlad at lumago. Ang Banal na Apoy ay nagbibigay ng mga kaalaman kung papaanong ang matibay na pundasyon ng paghayo, pagtuturo, at pagtulong ay naitayo. Pinapaalala rin sa atin ang mga bagong hamon sa katotohanan na nangailangan ito ng maraming sakripisyo, determinasyon, pagtitiis, at pagtuon sa pagtayo sa batong panulukan na walang iba kundi si Jesus at walang ibang pangalan ang maaaring sumira sa kagandahang-loob ng Diyos. Tanging sa hindi nasisirang pundasyon ni Jesus at ng kanyang mga turo tumatayo ang mga tagapamuno ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas sa kanilang patuloy na paglilingkod, pagsusumikap, at pagsasanay sa katawan ni Cristo na maglingkod.

Ang susunod na kabanata ay isinusulat na. Nakatuon ito sa tungkulin ng magulang at ganap nang nakiisang Simbahan sa Pilipinas sa kanyang ginagampanan sa paghayo ng Mabuting Balita sa mga taong hindi pa naabot nito. Ang Simbahan sa Pilipinas ay hindi na isang simbahan na tumatanggap ng misyonero, sa halip sa pamamagitan ng mga nagpagal na ipinagdiriwang at pinagpupunyagi sa aklat na ito, magulang na para sa pakikiisa bilang kabahagi ng pandaigdigang pamilya ng *Church of the Nazarene*. Ang kakayahan ay patuloy na hinuhubog ng bawa't *Nazarene*, lokal na simbahan, at distrito. Ang dami at kalidad na bunga ay ang pagiging katulad ni Cristo na mga disipulo na may pag-ambag sa patuloy na pagpapalago at pagpapalaganap sa Kaharian ng Diyos. Naipahayag na ang nakaraang pag-uugali ay isang mabuting sukatan para sa bukas na mga gawain. Ang obserbasyon ko sa *Church of the Nazarene* sa Pilipinas ay naghahatid sa akin sa paniniwala na ang kapayapaan ng pag-unlad at

paglago ay mangyayari sa isang eksponinsiyal na paraan.

Ang pag-asa at panalangin ko ay maging inspirado ang ang mga tag-apamunong magbabasa nito sa pamamagitan ng dibosyon at sakripisyo ng mga nakaraan, at sila ay maiimpluwesiyahan, maihahanda, at magagamit ng mga kasalukuyang pamunuan upang ang bagong banal na apoy ay muling umalab sa *Church of the Nazarene* sa Pilipinas at higit pa.

At ngayon, Panginoong Jesus, itayo po ninyo at bigyan ng kapangyarihan ang iyong Simbahan habang kami ay nagdidisipulo bilang pagsunod sa iyong mga katuruan.

Dr. Mark Louw

Direktor ng Rehiyon ng Asya Pasipiko
*Church of the Nazarene*

## *Prologue*

Ang kasaysayang ito ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas ay isang pagsasaad na tumatayo hindi sa sarili nitong karanasan, kakayahan, merito o anumang tagumpay. Ito ay munting bahagi lamang ng malaki at dakilang kasaysayan ng Kristiyanismo sa buong mundo. Isang kuwentong nakapaloob sa isang kuwento, wika nga. Ang kasaysayan ng *Church of the Nazarene* ay maituturing na isang hibla sa kamangha-manghang pagkakahabi ng Lumikha sa Kanyang planong Kaligtasan para sa sangkatauhan. Masasabi nating ang kasaysayan ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas ay isa lamang ningas o ilaw ng Banal na Apoy na nagmula sa Itaas na Silid (*upper room*) noong araw ng Pentekostes ayon sa pagsasaad sa Aklat ng mga Gawa. Ang Pentekostes ang naghudyat ng pagdating ng Banal na Espiritu at ng panimula ng pananambahang Kristiyano na nagsimula sa *Jerusalem* hanggang ito ay umabot sa *Judea*, *Samaria* at sa iba't ibang malalayong bahagi ng mundo.

Ang *Church of the Nazarene* ay tagapagmana ng tinatawag na Repormasyong Protestante sa Europa – higit ng Repormasyon sa Inglatera -- noong ika-16 na siglo. Isa itong bunga ng pagsisikap ng *British theologian* na si John Wesley na mapasiglang muli ang buhay-espiritwal ng mga Kristiyano sa pamamagitan ng pagtuturo ng mga aral tungkol sa kabanalan. Nagkaisa ang mga itinuturing na unang ama at ina ng *Church of the Nazarene* sa kanilang paniniwala at alab ng damdamin para sa kabanalan. Sinikap at hinangad nilang maging maliwanag at ganap sa kanilang buhay ang liwanag at katotohanang natuklasan at naranasan ni John Wesley -- mga katotohanang angat sa mga ritwal o seremonya ng Romano Katoliko at sa mga paniniwala o dogma ng *Calvinism* sa *Anglican Church* (kahit na hindi naman tahasang labas at taliwas ang mga ito sa kanilang paniniwala). Manapa'y ang karanasang ito ni John Wesley ay tumutukoy sa lubos na pagbabago ng puso bilang bunga ng katiyakan ng pananalig kay JesuCristo at ng biyaya ng kaligtasan ng kaluluwa sa pagkakasala at kamatayan. Ito ang isinulat ni Wesley tungkol sa kanyang sariling karanasan:

> Isang gabi, dumalo ako nang may alinlangan sa pagtitipon ng isang kapisanan sa Aldersgate Street kung saan may nagbabasa ng panimulang pahayag ni Luther tungkol sa Sulat ni Pablo sa mga Taga-Roma (*Epistle to the Romans*). Nang mag-a-alas nuebe nang gabi, habang kanyang inilalarawan ang pagbabago sa kanyang puso dahil sa kanyang pananalig kay Cristo, nakadama ako ng kakaibang init sa aking puso -- ang init ng lubos na pagtitiwala kay Cristo, at tanging kay Cristo lamang, para sa aking kaligtasan. Tinanggap ko ang katiyakang inako ni Cristo ang aking mga kasalanan upang ako ay masagip sa batas ng pagkakasala at kamatayan.[1]

Ang mga Nazarene ay naghanap ng katotohanang higit sa nilalaman ng kanilang isipan at katuruan ng tradisyon. Hinangad nila ang karanasang Pentecostal: ang pagtanggap sa Espiritu. Hindi lamang kanilang mga puso ang nag-alab sa pananampalataya dahil sa karanasang iyon; nag-alimpuyo rin ang kanilang hangaring makawala sa pagkakasala. Ito ang nagsilbi nilang tanglaw tungo sa mapitagang pagkatakot sa Diyos at pag-iwas sa mga makamundong hangarin upang Siya lamang ang tanging ibigin. Kaugnay nito ang pagmamahal sa kapwa-tao, lalo na sa mga maralita at mga itinuturing na itinakwil na ng lipunan. Narito naman ang ipinahayag ni Phineas F. Bresee tungkol sa sarili niyang karanasan. Siya ay itinuturing na isa sa mga amang nagtatag (*founding fathers*) ng *Church of the Nazarene*:

> May panahon akong iniukol sa halos walang humpay na pananalangin, sa pag-iyak sa Diyos upang humingi ng aking mga pangangailangan, kahit na hindi lubos na malinaw sa akin kung ano ang mga bagay na iyon o kung paano ko sila makakamtan. Minsan, isang gabing malamig, ako ay nag-iisa noong nakaupo sa parlor ng parsonage nang bumukas ang pintuan. Tumingala ako sa kalangitan at nanalangin habang tumatabing ang dilim sa liwanag. Sa aking pananalangin at paghihintay ng maaaring kasagutan, wari'y may isang bulalakaw na pumaimbulog sa kalangitan, isang bolang pinuno ng liwanag sa di ko mailarawang paraan. Mabilis itong pumaimbulog patungo sa aking kinaroroonan. At nang halos ilang talampakan na lamang ang agwat nito sa akin, waring nakarinig ako ng tinig na nag-uutos: " Lunukin mo, lunukin mo!" At sa isang iglap ay bumagsak ito sa aking mukha at mga labi. Sinikap kong sundin ang utos, nguni't kaunti lamang ang aking nalunok. Ganumpaman, para itong ningas na dumampi sa aking mga labi, at ang matinding init nito ay nanatili doon nang ilang araw. Kahit na ang lahat ng ito ay maaaring ipagwalang-bahala, nagdala ito ng malaking pagbabago sa aking puso, katauhan at pananaw sa buhay.[2]

Ayon kay Phineas Bresee, ang karanasang ito ay nagdala sa kanyang buhay ng biyaya at ginhawang dulot ng banal na langis at kaluwalhatian

---

[1] Ward, W. Reginald and Richard Hietzenrater, eds. *The Works of John Wesley*, Vol. 18: *Journal and Diaries*, (Nashville: Abingdon Press, 1988): 249-50.

[2] Quoted in *Our Watchword and Song: The Centennial History of the Church of the Nazarene*, Floyd T. Cunningham, ed., et al. (Kansas City: Beacon Hill Press, 2009): 91.

ng pakiramdam na noon lamang niya naranasan. "Noon ko naramdaman ang kasagutan ng Diyos sa idinalangin kong pangangailangan," sabi niya. Nasa kaibuturan ng paniniwala at pagpapahayag ng mga Nazarene ang pananalig sa pagpapabanal ng Diyos ayon sa pagkaunawa nila dito at sa pagtuturo nina John Wesley at mga unang tagapamuno ng *Church of the Nazarene*. Ito ang buod ng personal na karanasan nina John Wesley at Phineas Bresee tungkol sa biyaya ng kaligtasan.

Sa pagpapahayag at pagtuturo ng Kristiyanong kabanalan naka-sentro ang pansin at matapat ang dedikasyon ng mga Nazarene sa kanilang pagpapahayag at pagtuturo. Ito ang espiritu ng samahang may iisang paniniwala at misyon para sa kapakanan at kaligtasan ng mundo. Narito ang paglalahad ng *Nazarene historian* na si Timothy L. Smith tungkol sa katangian at gawain ng mga unang *Nazarene*:

1. Ang pamamahala ng *Church of the Nazarene* ay ayon sa prinsipyo ng demokrasya
2. Ipinangangaral sa mga maralita ang kabanalan bunga ng kagandhang-loob ng Diyos
3. Ang pamamaraang pang-disiplina ay mas ibinabatay sa pagkilos ng Banal na Espiritu kaysa mga nakasulat na patakaran o parusang ipinapataw ng simbahan
4. Sa mga paniniwalang pang-doktrina, pinipili lamang ng mga tagapamuno ng simbahan ang pinakamahalagang bahagi, buod at aral ng mga ito. Para sa kanila, ang doktrina ng lubos na pag-ibig lamang ang makapagbubuklod sa bawa't isa.
5. Ang pagsamba ay malaya at masigla. Hangad ni Breesee na "ibaba ang kaluwalhatian" sa mga pagtitipon o seremonya ng pagsamba.[3]

Dahil sa maalab na pagpapahalaga ng *Nazarene* sa kabanalan, sinikap nilang abutin ang buong mundo upang ipamahagi sa mga bansa ang mensahe tungkol dito. Tulad ni John Wesley, paniniwala nilang "ang kabanalan ay hindi kabanalan kung ito ay hindi panlipunan."[4] Kaya nga't nagkaroon ng misyon ang *Nazarene* sa mundo. Pagkaraang maibahagi at lumaganap ang misyong ito sa Amerika, itinuon naman ng mga *Nazarene* ang kanilang mga mata sa mga kaibig-ibig nguni't masuliraning mamamayan ng Pilipinas.

Dumating ang *Church of the Nazarene* sa Pilipinas pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pangdaigdig. Ang simbahang ito ay bahagi ng *Holiness Movement* (Kilusan ng Kabanalan) at *Holiness Revival* (Panibagong Pagbibigay-buhay sa Kabanalan) na mabilis na lumaganap sa Amerika noong ika-18 siglo. Ilan sa mga Filipinong naninirahan noong 1920s at 1930s sa

[3] Cunningham, *Our Watchword and Song*, 105-06.

[4] Jackson, Thomas, ed. *The Works of John Wesley*, (Kansas City: Beacon Hill, 1979): 14:321.

Estados Unidos ang napagbagong-loob at sumapi sa *Church of the Nazarene* sa ilang lugar doon. Kabilang sa kanila si Marciano Encarnacion at ang kanyang pamilya.

Nang bumalik sa Pilipinas si Marciano Encarnacion at ang kanyang pamilya, sinimulan nila ang pagtatayo ng *Church of the Nazarene* sa bansa. Ito ay bunga ng inspirasyon, lakas ng loob at suportang ibinigay sa kanila ng dalawang *military chaplain* na sina J.E. Moore at A. Bond Woodruff. Si Marciano Encarnacion ang unang Filipinong naging *Nazarene pastor* nang itayo ang simbahan sa Cabanatuan City noong May 19, 1946. Mabilis na tinugunan ng *Church of the Nazarene* sa Amerika ang pangangailangan ng Pilipinas ng mga misyonero. Ang unang mga opisyal na misyonerong ipinadala ng denominasyon sa bansa ay sina Joseph Pitts at ang kanyang maybahay. Nagtuwang at nagtulungan ang mga pastor na Filipino at misyonerong Amerikano sa pagpapalaganap ng *Church of the Nazarene* sa Luzon, Visayas, at Mindanao sa kabila ng mabagal at mabalakid na pag-usad ng gawain lalo na noong mga unang taon.

Sa kapangyarihan ng kanilang pag-ibig at katapatan sa misyon, ang mga misyonero'y naging matatag at matiyaga sa pagharap sa mga paghamon at pagsubok. At sa pinagsanib na puwersa ng pagsisikap at sakripisyo ng mga manggagawang Filipino at misyonerong Amerikano, ang gawain ng *Church of the Nazarene* ay lumago at lumaganap sa buong kapuluan.

Isinasaad ng aklat na ito, na pinamagatang, *HOLY FIRE: The Diamond Jubilee History of the Church of the Nazarene in the Philippines* ("Banal Na Apoy: Ang Kasaysayan ng *Church of the Nazarene* sa Pagdiriwang ng Kanyang Ika-75 Taon sa Pilipinas"), ang kasaysayan ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas. Ito ay isinulat para sa dalawang kadahilanan: Una, upang ipagdiwang ang ika-75 taon o *Diamond Jubilee* ng simbahang ito sa bansa; Ikalawa, upang bigyang -parangal ang mga taong nagsakripisyo ng kanilang buhay para sa misyon, nagbigay ng tulong para sa simbahan, at naglingkod sa Panginoon nang buong puso sa pamamagitan ng pagpapahayag sa mamamayang Filipino ng mensahe ng kabanalan ng *Church of the Nazarene*.

Ang kasaysayang nilalaman ng aklat na ito ay binubuo ng tatlong bahagi: *Roots and Revivals* ("Pag-Uugat at Muling Pagbibigay-Buhay"), 1920-1946-1970; *Tensions and Expansions* ("Mga Pagkabahala at Pagpapalaganap"), 1957-1971- 996; at *Transitions and Prospects* ("Mga Pagbabagong Kalagayan at Pag-asa"), 1995-1997-2021.

Ang unang bahagi ay *revised edition* (o binagong edisyon) ng artikulong isinulat ni Floyd T. Cunningham para sa *Philippine Studies Journal* ng Ateneo De Manila University, na nalathala noong 1993.

Si Cunningham ang pinaka-matagal nang misyonero ng *Church of the*

*Nazarene* sa Pilipinas. Alam at kinikilala ng lahat bilang isang *historian* o manunulat ng kasaysayan, si Cunningham na nakapag-ambag ng malaki at mahalagang kaalaman tungkol sa kasaysayan ng *Church of the Nazarene* simula pa noong ito ay mapalaganap sa bansa. Hanggang sa panahong ito ay patuloy siya sa kanyang paglilingkod sa *Asia-Pacific Nazarene Theological Seminary* simula pa noong ito ay natatag noong 1983.

Sina Ernesto Rulloda at Jason Hallig naman ang mga may-akda o sumulat ng ikalawa at ika-tatlong bahagi ng aklat. Halos 50 taon na ang panahon ng paglilingkod ni Ernesto Rulloda sa *Church of the Nazarene*. Nagsimula ito noong 1973 pagkatapos ng kanyang ordinasyon bilang pastor ng Cabanatuan *Church of the Nazarene*. Bahagi ng kasaysayan ang matapat na paglilingkod ni Rulloda at ng kanyang pamilya sa simbahan kahit noon pa mang ito ay dumaan sa pagsubok ng paghahati-hati (o tinatawag na *split*). Noong 1983, naitalaga si Rulloda bilang pangulo ng *Luzon Nazarene Bible College*. Halos dalawang dekada siyang nagsilbi doon habang ginagampaman din niya ang kanyang mga tungkulin sa *Philippine Luzon District*. Noong 2001, nagtungo siya sa Estados Unidos para sa isang tungkuling pang-ministeryo doon.

Si Jason Hallig ang pinakabata sa tatlong may-akda ng aklat na ito. Isang Bicolano, siya ay naging *Nazarene* noong 1984 nang ang *Church of the Nazarene* ay nagkaroon ng pangunahin at panimulang gawain o pioneering work sa Rehiyon ng Bicol. Nag-aral si Hallig sa *Luzon Nazarene Bible College* at *Seminary* na kung saan ay nanilbihan doon bilang pangulo sina Rulloda at Cunningham. Ang tawag ng Diyos sa buhay ni Hallig na maglingkod bilang pastor ay natupad noong siya ay na-ordinahan bilang isang *elder* sa *Metro Manila District* noong 1993. Bukod dito, siya ay naging propesor din sa *Luzon Nazarene Bible College* at sa *Asia-Pacific Nazarene Theological Seminary*. Kasama rin sa ipinagkatiwala sa kanyang mga tungkulin ang responsibilidad sa mga komite at *board* ng pamunuan sa *Church of the Nazarene*, kabilang ang *District Advisory Board* ng *Metro Manila District* at ang *Board of Trustees* ng *PNC*.

Bilang mga Filipinong *Nazarene* at bahagi ng kasaysayang ito, sina Hallig at Rulloda ay itinuturing na kinatawan ng kanilang panahon.

# Unang Bahagi

## Mga Pag-uugat at Muling Pagbibigay-Buhay (1920-1970)



## Panimula

Sa kasalukuyan, ang *Church of the Nazarene* ay nasa mahigit nang 160 na bansa sa buong mundo. Nakarating ang *Church of the Nazarene* sa Pilipinas noong 1946 pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa panahong iyon, pang-24 ang Pilipinas sa mga bansang napagtayuan nang simbahang *Nazarene*. Kaya't nakatala sa kasaysayan nito ang Pilipinas bilang isa sa mga kauna-unahang misyon *field* ng denominasyon.[1]

Ilang taon pagkaraan ng malawakang depresyon ng ekonomiya at digmaan sa mundo, kabilang ang *Church of the Nazarene* sa mga denominasyong naging masigasig sa muling pagtalima sa Dakilang Utos o *Great Commission*. At nakita ng simbahan na ang Pilipinas ay bukas sa mga denominasyon na handang maglinang sa bansa tungo sa masaganang anihang espirituwal.

Nakalaya ang Pilipinas sa pananakop ng Amerika noong July 4, 1946. Sa kabila nito, nanatili ang mabuting relasyon ng Pilipinas at Amerika. Naging malawakan ang paggamit ng mga Filipino sa wikang *English*. Binigyang-halaga ng bansa ang ugnayan nito sa Amerika lalo na sa mga bagay na pang-ekonomiya at pagpapairal ng pamahalaang demokrasya. Naging mahalagang balwarte rin ang Pilipinas sa pagsisikap at estratehiya ng Amerika sa pagsugpo ng pagkalat ng Komunismo.

---

[1] Ang mga ginamit at pinagkunan ng impormasyon sa unang bahaging ito ay matatagpuan sa *earlier versions,* partikular sa: Floyd T. Cunningham, "The Early History of the Church of the Nazarene in the Philippines," Philippine Studies 41 (First Quarter 1993): 51-76; Floyd T. Cunningham, Holiness Abroad: Nazarene Missions in Asia (Lanham, MD: Scarecrow, 2003), 237-268. Para sa mas malalim na kwento ng kasaysayang ng *Church of the Nazarene,* tingan din ang mga sumusunod: Floyd T. Cunningham et al., Our Watchword and Song: The Centennial History of the Church of the Nazarene (Kansas City: Beacon Hill, 2009), and for an introduction see Floyd T. Cunningham, Expressing a Nazarene Identity (Lenexa, KS: Global Nazarene Publications, 2018).

Noong mga unang taon ng rehimeng Amerikano sa bansa ay nagkaroon ang mga denominasyong Protestante ng tinatawag na *comity arrangements.* Ito ay isang kasunduan at unawaan tungkol sa pagtatalaga ng mga lugar para sa bawa't misyon ng mga denominasyon. Layunin ng kasunduan ang kaayusan ng sistema at matibay na samahan. Isang halimbawa nito ang pagbibigay sa *Methodist Church* ng responsibilidad na abutin ang kapatagan ng Luzon mula sa hilagang Maynila hanggang sa mga mabundok na lugar sa Norte. Kalaunan, naabot na rin ng mga ebanghelista ng *Nazarene* ang mga lugar na ito. Isa sa mga naging sentro ng gawain ng *Nazarene* ang Panay, na nasa ilalim ng misyon ng denominasyong *Baptist* noong mga unang taon ng ika-20 siglo.

Nagkalamat lamang ang kasunduan o *comity arrangements* noong kalagitnaan nang 1940s dahil sa pagpasok sa Pilipinas ng iba't ibang sektang may kanya-kanyang tatak ng ebanghelyo. Mga pangyayaring nagsapawan ng teritoryo ang *Methodist Church* at ang *United Church of Christ.* Ang mga kaganapang ito ay nagmistulang pangalawang paglusob ng Amerika sa bansa.

Bago pa man ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay nagkaroon nang pakikipag-ugnayan ang *Church of the Nazarene* sa ilang mga Filipino noon sa Amerika. Kabilang sa kanila sina Rev. at Mrs. Fred Fetters, na nakipagtulungan na rin sa mga Filipino sa Pasadena, California. Hiniling ng mga Fetters na sila'y pagtiwalaan ng gawain sa misyon at makapagtayo ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas, nguni't hindi ito napagbigyan dahil sa kakulangan ng pondo para sa mga bagong larangan ng misyon. Hanggang dumating ang pagkakataong ito mismo.

## Mga Unang Filipinong *Nazarene* sa Amerika

Isang Filipinong tubong Cabanatuan, Nueva Ecija ang nakapagtatag ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas. Siya si Marciano Encarnacion. Taong 1904 pa nagsimula ang gawain ng mga *Methodist* sa Cabanatuan at isa ang pamilya Encarnacion sa mga unang tumanggap sa ebanghelyo at sumapi sa *Methodist Church.*

Si Joshua Cottingham ang misyonaryong *Methodist* na natalaga sa kapaligiran ng Cabanatuan noong 1910s. Pagpapabanal ng Diyos ang kanyang ipinangaral. Isa sa kanyang naging mag-aaral si Dionisio Alejandro, na tubong Cabanatuan din at ka-edad ni Encarnacion. Nagpatotoo si Alejandro tungkol sa maliwanag niyang karanasan sa pagpapabanal ng Diyos noong 1915. Nakapagtapos siya ng pag-aaral sa *Holiness-Methodist Asbury College* sa Wilmore, Kentucky, at naging unang obispong Filipino ng *Methodist Church* noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Noong 1919, lumikas si Encarnacion sa Seattle, Washington kung saan naninirahan ang ilan niyang kamag-anak. Sa loob lamang ng maikling panahon ay naging panatag si Encarnacion sa pagdalo sa lokal na *Church of the Nazarene* -- hanggang sa lubusan niyang maunawaan at tanggapin ang biyaya ng kaligtasan at pagpapabanal sa pamamagitan ng ministeryo ng simbahang iyon.

Taong 1920 nang makapag-aral si Encarnacion sa mataas na paaralan ng *Northwest Nazarene College* (*NNC*) sa Nampa, Idaho dahil na rin sa pagbibigay ng lakas ng loob sa kanya ng isang ebanghelista. Pagkalipas ng isang taon ay nagkaroon siya ng iba't ibang hanapbuhay, at isa rito ang pagtatayo ng daang-bakal sa Montana. Bumalik siya sa Seattle upang tapusin ang isang kurso sa parmasya sa *University of Washington*. Noong 1922, naglingkod siya sa *NNC* bilang katuwang ng isang medico, si T.E. Mangum. Tumulong din siya sa pagtatayo ni Mangum ng isang laboratoryo at parmasya sa isang pagamutan sa Nampa.[2]

## Ang Pagbabalik sa Pilipinas

Bumalik si Encarnacion sa Pilipinas noong 1926 at nagtrabaho sa isang parmasya sa Baguio. Nagkaroon siya ng pagkakataong magpatotoo sa kanyang pamilya at mga kaibigan sa Baguio at Cabanatuan tungkol sa kanyang pananalig. Pagkaraan ng dalawang taon, noong 1928, ay nagpakasal sila ng kanyang kasintahang si Epifania, isang guro. Naging superbisor si Epifania sa ilang pampublikong paaralan sa Baguio at mga karatig-pook nito. Naging aktibo rin siya sa mga gawain ng *United Evangelical Church* sa Baguio.

May isang simbahang di-naiiba sa *Church of the Nazarene*. Ito ang *Pilgrim Holiness Church*. Nagsimula ito ng gawain sa Pilipinas noong 1932 nang magbalik sa Pilipinas ang isang Filipinong naging *Nazarene* sa California-- si Miguel Zambrano. Siya ay naging miyembro ng *Church of the Nazarene* sa Pasadena kung saan nakasama siya sa gawaing pangmisyon nina Rev. at Mrs. Fred Fetters at ilang mga Filipino. Nagbahagi sila ng ebanghelyo sa mga Filipino. Nang makapag-aral si Zambrano sa *Pacific Bible College* -- na kaanib ng *Pilgrim Holiness Church* -- sumapi siya sa *Pilgrim Holiness Church* sa Alta Loma na noon ay dinadaluhan din ng mga Filipino.

Sa payo na rin ng *Pilgrim Holiness Church* at suporta ng lokal na lipunan ng *Nazarene* sa California, bumalik si Zambrano sa Pilipinas. Noong June 1932 ay itinatag niya ang unang *Pilgrim Holiness Church* sa Pilipi-

[2] Thomas E. Mangum, "The Gospel of Health," Nazarene Messenger 5 (October 1922), 7.

nas-- sa Barangay San Francisco ng San Fernando, La Union, ang bayan niyang sinilangan. Ipinangako niya sa mga miyembro ng simbahan ang pagtatayo ng isang malaking gusali mula sa inaasahan niyang suporta ng Amerika. Nguni't walang tulong na dumating. Sa loob ng dalawang taon ay nagsibalik sa Pilipinas ang ilang Filipinong naging kasapi ng *Pilgrim Holiness Church* sa Amerika upang simulan ang misyon ng "pagtatanim" ng mga simbahan sa bansa.

Noong 1937 ay pinapunta ng *Pilgrim Holiness Church* sa Pilipinas si R.K. Storey at ang kanyang pamilya. Nang magkakilala sina Encarnacion at si Storey, napansin ni Encarnacion ang malapit na relasyon ng *Pilgrim Holiness Church* sa *Church of the Nazarene.* Umalalay si Encarnacion kay Storey sa pagtatayo ng *Pilgrim Holiness Church* sa Cabanatuan kung saan ang mga kasapi ay mga dating *Methodist*. Noong 1939 ay nagtayo rin ang *Pilgrim Holiness Church* ng isang *Bible school* sa loteng nabili nito sa Cabanatuan. Tinulungan din ni Encarnacion ang *Pilgrim* upang ito ay magkaroon ng ugnayan sa ibang lokal na komunidad.[3]

Sa kabilang dako, si Zambrano naman ay nagsimulang makaranas ng pananamlay sa kanyang gawain. Na-ordinahan siya bilang pastor at ebanghelista ng *Pilgrim Holiness Church*, nguni't sa kanyang paglilingkod ay may napansin siyang mga kilos-paghadlang sa pagsisikap niyang magkaroon ng posisyon sa pamunuan. Nakaramdam siya ng kabiguan at pananamlay, na ipinalagay ng mga tagapamuno ng *Pilgrim Holiness Church* na "pagkaligaw niya nang lubusan". At noong 1940s, hindi na naging aktibo sa gawain si Zambrano.

## Ang Pagsilang ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas

Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, muling ibinaling ng mga tagapamuno ng *Nazarene* ang kanilang pansin sa Pilipinas. Nag-iba na ang kalagayan ng bansa noon. Noong panahon ng giyera, nakaipon ang *Church of the Nazarene* nang sapat na salapi para sa pagpasok ng simbah-

[3] Isa sa mga nagtatag ng *Pilgrim Holiness Church* ay si Seth Rees, minsan syang naging *Nazarene* sa *University Church of the Nazarene*, Pasadena, California, na isinara noon ng *Nazarene General Superintendent* sa kadahilanang hindi pagpapasakop nito sa kapangyarihan ng mga tagapamuno ng distrito at sa paghihikayat sa iba na umalis. Noong panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdigan, si R. K. Storey at ang kaniyang pamilya ay napabilang sa mga inilagay sa *prison camp* ng mga Hapon. Noong 1968 ang *Pilgrim Holiness Church* sa *United States* ay nakiisa sa *Wesleyan Methodist Church* at dahil dito ay nabuo ang *Wesleyan Church*. Ang pag-iisa ng dalawang denominasyon sa Pilipinas ay nangyari noong 1972.

an sa mga bagong lugar ng misyon. Maraming aplikanteng misyonero ang nagpahayag ng maalab na adhikaing magpalaganap ng Dakilang Utos.

Ilang *chaplain* o mga sundalong pastor ang nagpunta sa Pilipinas noong mga huling araw ng digmaan. Isa sa kanila si J.E. Moore, Jr. Hinanap ni Moore si Encarnacion, at nang minsang nagtanong siya sa isang parmasya sa Session Road sa Baguio ay mismong si Encarnacion na pala ang kanyang kausap. Ipinaliwanag ni Moore ang kanyang pakay at kaagad namang nagpahayag si  Encarnacion ng kagustuhan niyang makatulong. Ito ay ipinaalam ni Moore sa kanyang general superintendent, si Hardy C. Powers, na kaagad namang nagbigay ng kanyang pahintulot sa pagbuo ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas. Nguni't di kalaunan ay nalipat si Moore sa Japan.

Si Chaplain A. Bond Woodruff ang nagpatuloy sa planong pagtatayo ng *Church of the Nazarene* sa bansa sa tulong ni Encarnacion. Sa pahintulot ng general superintendent, opisyal na naitatag ni Woodruff ang simbahan kasama ang 29 na miyembro ng Cabanatuan *Church of the Nazarene*. Naganap ito noong May 19, 1946 -- halos dalawang buwan bago ang deklarasyon ng kalayaan ng Pilipinas mula sa Estados Unidos. Si Encarnacion ang itinalaga ni Woodruff bilang pastor ng simbahan. Ang petsang ito ang itinuturing na araw ng pagkakatatag ng *Church of the Nazarene* sa bansa. Nang ilipat si Woodruff sa ibang istasyon, ibinigay kay Encarnacion ang responsibilidad sa pamamahala ng gawain ng simbahan.


**Marciano at Epifania Encarnacion**

Si Joseph A. Pitts ay nagsilbi sa Estados Unidos bilang *military pastor* pagkatapos ng digmaan bago niya nadama ng hangaring makapagsilbi sa Pilipinas. Sinang-ayunan ito ni *General Superintendent* Powers.  Ipinanalangin at pinag-isipang mabuti ni Pitts ang pagtungo niya sa Pilipinas bilang isang misyonero. At noong February 1948, dumating siya sa Maynila kasama ang kanyang pamilya -- at siya ay nakipagpulong kay Encarnacion.

Tulad ng maraming tagapangunang misyonero, ebanghelista at mangangaral, si Pitts ay nakilala sa kanyang matatag na paninindigan, mga ideyang tiyak o walang pasubali, at kakayahang mamuno nang nag-iisa o

walang katuwang. Nakilala rin si Pitts sa mahigpit niyang patakaran tungkol sa tamang pagkilos at pananamit.

Noong 1940s, pinakabuod ng pangangaral ng mga pastor ang kagustuhan ng Diyos na ang mga tao ay mamuhay nang banal. Ganunpaman ay may mga pagkakataong ang pangangaral tungkol sa pagpapabanal ay nauuwi na sa tinatawag na *legalism* o lubhang pagbibigay-diin sa patakaran at batas. Isa rin si Remiss Rehfeldt, ang direktor noon ng *Foreign Missions* ng denominasyon, sa mga lider na kilala sa pagiging konserbatibo sa mga bagay na may kinalaman sa pagpapabanal.

Si Pitts at ang kanyang pamilya ay nanirahan sa Cabanatuan kung saan kaagad silang nagsagawa ng misyon. Isang *Nazarene* pastor na Filipino, si Reverend Catalina, ang nagparating kay Pitts ng intensyon ng isang independiyenteng kongregasyon sa Iloilo na makianib sa *Church of the Nazarene*. Ang kongregasyong ito ay pinamunuan ni Elijah Lasam, isang laygong pastor. Nang magpunta si Pitts sa lugar, bumuo siya ng isang samahan, at ito ang naging ikalawang *Church of the Nazarene* sa Pilipinas noong July 1948.



**Iloilo Church of the Nazarene in 1948**

## Mga Unang Taon ng Pag-usad

Taong 1948 din nang bumisita sa Pilipinas sina *General Superintendent* Powers at ang *general treasurer* na si John Stockton. Pinayuhan nila si Pitts at ang kanyang pamilya na lumipat sa Baguio at dito itayo ang punong-himpilan o *headquarters* ng kanilang gawain. Nakita nila ang kalamangan ng Baguio kaysa Maynila bilang punong-himpilan. Ang Baguio ay nasa bundok kaya't malamig ang klima doon -- isang bagay na kaaya-aya sa paninirahan at pagtatrabaho ng mga Amerikanong misyonero. Naging makabuluhan ang desisyong ito sa pagpapalago ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas.

Sa umpisa, ang simbahan sa Baguio na itinatag nina Pitts at Encarnacion ay nabuo mula sa mga kaibigan at kakilala ni Encarnacion. Ang maybahay ni Encarnacion na si Epifania ay lumipat naman sa *Church of the Nazarene* mula sa pagtuturo ng *Sunday School* sa *United Evangelical*

*Church*. Si Pitts ang nagsilbing pastor ng kongregasyon sa Baguio, samantalang si Encarnacion ay nanatiling pastor ng simbahan sa Cabanatuan hanggang 1953 nang siya ay naging pastor ng simbahan sa Baguio.

Nakipag-ugnayan si Pitts sa mga kaibigan ni Encarnacion at sa mga taong naging kasapi na rin ng *Nazarene church* sa pagdaan ng mga taon. Naging maganda ang mga panahong ito para sa mga misyonerong Amerikano sa Pilipinas. Malaki ang paggalang ng mga Filipino sa Amerikano. Ang mga Filipinong nakapag-aral sa pamamagitan ng mga Amerikano ay madaling natuto at nakaunawa ng wikang *English*. Dahil dito ay hindi na nahirapan ang mga misyonerong mag-aral ng mga lokal na wika.

Sa paniniwala ng mga Filipino, ang makasama ng mga Amerikano ay nakapag-aangat sa kanilang katayuan lalo na sa mga baryo kung saan nakatuon ang gawain ng *Church of the Nazarene*. Malaki ang naging pagpapahalaga ng mga Filipino sa pagtangkilik at suporta ng mga misyonero. Sa mga taon pagkatapos ng digmaan, nagkaroon ng pagkakataon ang mga Filipino upang sumubok at magsikap na matuto ng maraming bagay, kabilang na ang pagtanggap sa mga bagong denominasyon.

Sumibol ang ilan pang pinunong Filipino ng simbahang *Nazarene* mula sa dumarami nilang kakilala at lumalawak na ugnayan. Ipinakilala rin ni Encarnacion kay Pitts ang ilan niyang mga kaibigan sa Aringay, La Union. Doon ay nagdaos si Pitts ng isang *revival meeting* o pagtitipon para sa muling pagbibigaybuhay at pagpapasigla ng simbahan. Ganito rin ang ginawa ni Pitts sa Binday, Pangasinan. Doon ay nakapag-bigay si Pitts ng mensahe sa isang maliit na kapulungan o kongregasyon sa imbitasyon ni Gil Sevidal, ang kaagapay o *associate pastor* doon.

Si Sevidal ay naging *Nazarene* sa pamamagitan ng ministeryo ng pagpapabanal ni Ciriaco Jamandre, isang mangangaral o *preacher* ng *Pilgrim Holiness Church* at dating *Methodist*. Si Sevidal ang nagdala kay Jamandre sa simbahan ng *Nazarene*. Di nagtagal ay naging tagapamuno ng *Nazarene* sina Jamandre at ang kanyang anak na si Edison.

Ang pagtitipon sa Binday ay nasundan ng isa pang pagtitipon sa nayon ng Balacag. Pagkatapos ng pagbisita ni Pitts, nagsimulang bumuo ng isang kapulungan ng *Nazarene* ang mga miyembro ng *Iglesia Evangelica Metodista en las Islas Filipinas* (*IEMELEF*).

Ang gawain sa Balacag ay itinaguyod at ipinagpatuloy ng pamilya Fontanilla, na ang ama ay naging mangangaral sa simbahan ng *IEMELEF*. Ang patuloy na pagsasaayos ng pagbuo ng simbahan sa Balacag ay isinagawa ng *general superintendent* na si Orval Nease sa tulong ng 30 miyembro ng karta o *charter* ng simbahan. Nangyari ito nang si Nease ay bumisita sa bansa noong Nobyembre 1948. Ang kaganapang ito ay naglagay sa simbahan sa Balacag sa kasaysayan bilang pang-apat na simbahang natatag sa

bansa.

Nagpatuloy ang paglago ng simbahan hanggang sa Oriental Mindoro at Pinamalayan, Mindoro nang lumipat doon noong 1949 ang siyam na miyembro ng pamilya Carpio mula sa simbahan sa Baguio. Nanatili ang simbahan sa Pinamalayan hanggang nangyari noong 1956 ang pagkitil sa buhay ni Ricardo Carpio, ang estudyanteng pastor na nakatalaga doon. May hinala ang mga *Nazarene* doon na ang nangyari ay isang kaso ng sinadyang pagpatay o "*foul play*."



**Ang pagbisita ni GS Orval Nease noong 1948**

Bumalik at muling sumapi si Miguel Zambrano sa *Church of the Nazarene* noong 1950. Nabigyan siya ng tungkulin bilang pastor ng mga simbahan sa Balacag, La Trinidad, at San Francisco sa San Fernando, La Union. Nagbukas din siya ng isang gawain sa Bangar kung saan siya naglingkod bilang pastor hanggang sa kanyang pagreretiro noong 1970.

## Pag-unlad at Pagsulong sa Pamamagitan ng Edukasyon

Maraming kabataan ang naligtas, nagkaroon ng kamalayan sa kabanalan, at tumalima sa tawag ng ministeryo nang sila ay makapag-aral sa mga Bible school na naitatag ng *Church of the Nazarene*. Ito ay isang mahalaga at makabuluhang bahagi ng kasaysayan ng simbahan.

Nagsimula ang kasaysayan tungkol dito noong 1950 nang ipadala ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas ang misyonerong si John Pattee at ang kanyang maybahay na si Lillian. Sila ang ikalawang mag-asawang misyonerong ipinadala ng *Nazarene* sa Pilipinas. Ilang taong nagsilbi ang mga Pattee sa *Mainland China bago nangyari ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig at pagkatapo*s nito. Ang karanasan nila sa pagmiministeryo sa mga magsasakang Tsina ay nakapagpayaman sa kanilang kaalaman at kakayahan sa pamamahagi at pangangaral ng Salita ng Diyos. Naglingkod din sila bilang *ordained elders* o inordinahang tagapamahala ng simbahan. Si Lillian Pattee ay isang lisensyadong nurse, samantalang si John Pattee ay nakapagtapos sa *Northwest Nazarene College* at nakakuha rin ng *Master of Arts degree* sa relihiyon sa *Pasadena Nazarene College p*agkatapos ng

giyera. Ang *Nazarene theologian* na si H. Orton Wiley ay naging guro niya sa mga paaralang ito.

Sa Baguio itinalaga ni Pitts ang mga Pattee upang kanilang pamahalaan ang pagsisimula ng isang *Bible college* para sa pagsasanay ng mga pastor na Filipino. Mabilis na sinimulan ng mga Pattee ang pagsasagawa ng *Christian Worker's Institute* sa Baguio noong 1950 at ng *Preacher's Institute* nang sumunod na taon. Layunin ng dalawang paaralan ng pagsasanay ang paghubog sa paniniwala, kaalaman, at pag-unawa sa doktrina ng mga tagapamunong Filipino ng simbahan -- hindi lamang ng mga tagapamunong nagsisimula pa lamang kundi pati na rin ang mga pastor na may kaukulan nang karanasan sa gawain at doktrina.



**Si John Pattee at ang mga kasama nitong estudyante**

Noong 1952 ay bumili ang mga misyonero ng isang parsela ng lupa sa labas ng Baguio, sa isang lugar na natatanaw ang *Trinidad Valley*. Ang ginastos para dito ay nanggaling sa pondo para sana sa Tsina, nguni't nang magsara ang gawain dito ay inilaan na ito sa Pilipinas. Ang pondo ay donasyong-parangal para kay Susan N. Fitkin, dating pangulo ng *Foreign Missionary Society*. Kaugnay nito, ang *Bible College* sa La Trinidad ay pinangalanang *Fitkin Memorial Bible College.* Sa unang taon nito noong 1952-1953 ay 35 estudyante ang nakapag-aral dito.

Sa simula pa lamang ay binanghay na ng simbahan ang isang matibay na kurikulum para sa apat-na-taong kursong *undergraduate* o *baccalaureate* -- kabilang ang *liberal arts* -- na ibinatay sa sistema ng edukasyon ng *Nazarene* sa Estados Unidos. Isang kondisyon sa pagkumpleto ng kurso ang aktuwal na gawain sa isang takdang lugar sa pagitan ng ikatlo at huling taon ng kurso. Ang kurso ay karaniwang tumatagal nang limang taon. Isang *diploma* o *degree* sa *Bachelor of Theology* ang ipinagkakaloob sa estudyanteng nakatapos nito.

Sa pagsasara ng gawain ng *Nazarene* sa Tsina dahil sa banta ng komunismo, nakita at napatunayan nina John at Lillian Pattee ang kahalagahan ng edukasyon sa wasto at mabisang pamumuno. Nagkaisa ang mga misyonero sa alalahaning maaaring sakupin din ng mga komunista ang Pilipinas. Kaya't walang sinayang na panahon ang mga Pattee sa paghahanda

at paninigurong ang liderato sa Pilipinas ay puspos ng Banal na Espiritu. Ito ay mahalaga lalo na sa sitwasyong mapuwersa ang mga misyonerong Amerikano na lisanin ang bansa, tulad ng nangyari sa Tsina.

Ang wikang *English* ang gamit sa pagtuturo sa lahat ng kolehiyo sa bansa. Iba't iba ang pinanggalingan ng mga unang estudyante. Tatlo sa kanila ang naugnay sa Hukbalahap, isang kilusan ng komunista, na aktibo sa lugar ng mga magsasaka sa kapatagan. May mga mag-aaral na kasapi ng *Iglesia Filipina Independiente* (kilala bilang Aglipayan *Church*) at Romano Katoliko. At ilan din sa kanila ang lumihis sa kagustuhan ng kanilang mga magulang at nagpasiyang mag-aral sa *Nazarene* matapos nilang marinig ang Mabuting Balita sa mga *revival campaign* o pagtitipon para sa muling pagbibigay-buhay.

Personal ang mga ginawang paanyaya ni Pattee sa mga tao sa kapatagan na hangad niyang makarinig ng ebanghelyo. May mga pagkakataon sa mga pagtitipon na wari'y itinuturo sa kanya ng Banal na Espiritu ang mga kabataang lalaking dapat mag-aral sa *Bible College*. Sinusunod iyon ni Pattee. Ilang mga magulang din ang nagpasiyang ipasok sa *Bible College* ang mga anak nilang naliligaw ng landas -- sa pag-asang doon ay magkakaroon ng mabuting pagbabago sa kanilang ugali at pananaw. Nangyayari ito sa tuwina. Maraming estudyante ng *Bible College* ang naligtas, natuto ng banal na pamumuhay, at tumalima sa tawag ng ministeryo.

Noong 1953, isang kabataang lalaki sa simbahan sa Baguio (na hindi napangalanan) ang nakipagkaibigan sa isang estudyante ng *La Trinidad High School*, na nagngangalang Antonio Lumiqued. Si Lumiqued ay mula sa mataas na bundok ng Loo Valley, Buguias sa Lalawigan ng Benguet. Nang makilala ni Pattee si Lumiqued ay inanyayahan niya itong mag-aral sa *Bible College*. Naging kasapi ng *Nazarene* si Lumiqued noong 1954, at nang siya ay magsimulang maglingkod sa Loo Valley bilang isang mag-aaral na pastor ay nakumbinsi niya ang kanyang kaibigang si Paul Bay-an na mag-aral din sa *Bible College*. Dumating ang panahong ang dalawang mag-aaral na ito na Kankanaey -- sina Lumiqued at Bay-an -- ay naging kasama nang mga misyonerong Amerikano sa pagbagtas ng maraming oras sa matatarik na daan patungo sa mga lugar sa bundok. At sa isang lugar doon ay nakapagtayo sila ng isang kongregasyon noong Nobyembre 1959.


Itinuturing na mahalagang bunga ng ebanghelismo ang pagiging *Nazarene* ni Jose F. Lallana. Ito ay sa dahilang siya ay dating pari ng simbahang Romano Katoliko at nagsilbing kalihim ng isang obispo. Naninirahan siya sa Bangar nang si John Pattee ay nagdaos doon ng isang *revival campaign*. Pagkaraan ng ilang pagkakataong nagkausap nang personal sina Pattee at Lallana, tinanggap ng dating pari ang Mabuting Balita, at siya ay nagling-

kod bilang isang *Nazarene*. Naging bahagi ng paglilingkod ni Lallana ang pagtuturo niya ng Griyego (Greek) at *English* sa *Bible College* noong 1956. At pagkaraan ng isang taon ay binigyan siya ng *Church of the Nazarene* ng katungkulan bilang lisensyadong ministro ng distrito.

## Mga Unang Taon ng Ebanghelismo

Ang *Church of the Nazarene* ay lumago at lumaganap sa pamamagitan ng masigasig at matapat na pangangaral ng Mabuting Balita ng mga misyonero, pastor at iba pang manggagawang *Nazarene* noong mga unang taon ng denominasyon sa Pilipinas.

Si Pattee ay gumamit ng pamamaraang tinatawag na "*open-air preaching*" o pampublikong pangangaral tulad ng matagumpay niyang isinagawa sa Tsina. Madalas na kabilang sa programa ang pagtugtog ng *accordion* ng mga kasama niyang estudyante. At bagama't nagsikap siyang matuto ng Ilocano, tinulungan din siya ng mga estudyanteng magsalin ng kanyang mensahe sa lokal na wika.



**Pagbabahagi ng ebanghelyo ng estudyante ng Bible College**

Sa pahintulot ng mga lokal na awtoridad ay gumamit din si Pattee ng *loudspeaker system* at *slide show* o mga palabas na nasa *slide* sa mga kampanyang pang-ebanghelyo at pangangaral sa plaza, na karaniwan ay katapat lamang ng simbahan ng Romano Katoliko. Minsan nga'y isang paring Katoliko ang nagtangkang lunurin ang tinig ni Pattee sa lakas ng alingawngaw ng kanyang *sermon*. Ganunman, si Pattee ay naging maingat at positibo sa kanyang pangangaral. Sa halip na mamuna at mambatikos sa relihiyong Romano Katoliko ay itinuon niya ang kanyang mga mensahe sa pananalig kay Jesus tungo sa kaligtasan at sa pamumuhay nang ayon sa moralidad na Kristiyano.

Sa Binalonan, Pangasinan, halimbawa, mga 400 hanggang 500 ang nakapakinig ng mensahe ni Pattee sa loob lamang ng ilang gabi. Madali rin siyang nakabuo ng isang kongregasyon mula sa mga bagong mananampalataya. May pagkakataong sa loob ng isang taon ay nakapagbibigay si Pattee ng 300 mensaheng pang-ebanghelyo at nakasasaksi sa 2,000 taong nangangailangan at naghahanap sa Panginoon.

Ang paglago ng simbahan sa isang lugar ay bunga ng iba't ibang mga pangyayari. Pangunahin dito ang pagsisikap ng mga karaniwang kasapi o *lay member* na makapag-anyaya ng mga kamag-anak nilang taga-ibang bayan. Nariyan din ang pangingibang-bayan ng mga kasapi, at ang paglipat ng mga tao mula sa mas matatagal nang denominasyon.

May isang kritikal na pangyayari sa Carosucan sa Asingan, Pangasinan bago dumating doon ang *Church of the Nazarene*. Isang kongregasyon ang nabuo doon mula sa isang denominasyong Protestante (paniniwala ng marami na ito ay *Methodist*), nguni't nang dumating ang panahong nawalan sila ng pastor, nagpasya ang mga kasaping bumalik sa simbahang Romano Katoliko.

Ang gawain ng *Church of the Nazarene* sa Maynila ay nagsimula sa Malate noong 1952. Lumipat doon si Gil Sevidal mula sa Cabanatuan noong 1954. Sina Wilfredo at Rosita Suyat, mga dating estudyante ng *Nazarene Bible College*, ay aktibong nagpatuloy sa kanilang gawain bilang karaniwang miyembro sa loob ng maraming taon. Pagkaraan ay na-ordinahan bilang *elder* si Rose Suyat at sa loob ng ilang taon ay nagsilbi siyang pastor ng *Church of the Nazarene* sa Cardona, Rizal. Noong 1968 lamang naitatag ang pangalawang simbahan ng *Nazarene* sa Maynila

Nagsidating ang mga bagong misyonero noong dekada 50. Kabilang sa kanila sina Frances Vine at Roy at Erma Copelin. Kapwa may *masters degree* mula sa *Nazarene Theological Seminary* sina Vine at Roy Copelin, kaya't malaki ang naitulong nila sa pagpapatibay ng *Bible College*.

Si Erma Copelin naman ay naglingkod nang ilang taon bilang ingat-yaman ng misyon. Noong 1955, inako ni Roy Copelin ang pamumuno sa *Bible College* matapos siyang maitalaga sa Maynila nang isang taon. Si Vine, na isang naordinahang ministro at guro ng *Christian education*, ay nagpasimula ng isang pang-malawakang programa ng *Daily Vacation Bible School* para sa denominasyon. Samantala, si Lillian Pattee ay nagbukas ng isang *medical clinic* sa *Bible College* at naglingkod dito bilang pangulo sa loob ng ilang taon.

Ang *Church of the Nazarene* sa Baguio ay binuo ng dating mga kasapi ng iba't ibang denominasyon. Karamihan naman sa mga kasapi ng simbahan sa San Francisco sa San Fernando, La Union, ay nanggaling sa *Pilgrim Holiness Church*. Lumipat sa *Pilgrim Holiness Church* ang mga kasaping ito mula sa *United Brethren Church,* na isang denominasyong may tradisyong *Methodist*.

Ang mga miyembro naman ng simbahan sa Cabanatuan ay dating mga *Methodist*, samantalang mga dating kasapi ng *IEMELIF* ang bumuo ng simbahan sa Balacag.

Noong 1955, isang misyon ang isinagawa sa unang pagpupulong ng

distrito (*District Assembly*) na dinaluhan at pinamunuan ni Remiss Rehfeldt. Ayon sa pag-uulat ni Pitts bilang *district superindent*, pitong simbahan ang itinatag: sa Baguio, Balacag, Binalonan, Cabanatuan, Iloilo, Loac at San Fernando. Si Rachel Carentes ang nagsilbing ingat-yaman ng distrito. Nang panahong ito, pitong Filipino ang nagkaroon ng lisensya para sa pagmiministro sa panahong ito, nguni't wala pa sa kanila ang lubos na handa para sa ordinasyon. Si Zambrano ang naging pastor ng simbahan sa Balacag na mayroong 125 miyembro; ito noon ang pinakamalaking simbahan sa distrito.

Ang misyon ang nagbibigay sa mga pastor ng suporta para sa kanilang gastusin at pangangailangan. Si Encarnacion, halimbawa, ay tumatanggap noon ng 30 pisong buwanang suporta mula sa simbahan sa Baguio. Bigas at gulay naman ang handog na tulong sa mga pastor ng mga simbahan sa mga mabukid na lugar.

Ang mga ministro at karaniwang miyembro ng *Church of the Nazarene* ay inaasahang sumunod at mamuhay ayon sa kodigo moral o mga panuntunang pang-moralidad ng simbahan. Nakasaad sa manual o aklat ng panuntunan ang mga bagay na itinuturing na hindi nararapat gawin ng mga *Nazarene*, tulad ng panonood ng sine, pagdalo sa sayawan, paninigarilyo, at pag-inom ng alak. Idinagdag din ng *Philippine District Assembly* ang pagbabawal sa pagtatanim ng tabako, pagsasabong, at pag-nguya ng buyo o "nganga". Bukod pa rito ang listahan ni Pitts ng mga sarili niyang alituntunin.

Bagama't ang mga patakaran ay masasabing may pagsalungat sa kulturang lokal o kinagisnang kaugalian ng mga mamamayan, layunin ng pagpapatupad nito ang mapanatili ang payak at banal na pamumuhay ng mga kasapi ng *Church of the Nazarene*.

## Mga Unang Filipinong Tagapamuno

Sa kabila ng mahigpit na patakaran ng *Church of the Nazarene*, nagpatuloy ang pag-unlad ng simbahan dahil na rin sa masigasig na pagtataguyod ng matatapat na kasapi nito.

Pito sa kanila ang inordihan bilang *elder* ni Benner noong 1958: sina Prisco Contado, Gil Sevidal, Carlino Fontanilla, Geronimo Galindez, Jaime Galvez, Castillo Ongogan, at Andres Valenzuela. Sila ay mga kabataang lalaking nagbigay-alalay sa mga bagong misyonero. Ang pitong kalalakihang nabanggit ay pawang naging tagapamuno ng *Church of the Nazarene* nang sumunod na mga taon.

**Si Prisco Contado.** Sa grupo, si Prisco Contado ang pinakamatanda at tanging taga-Visayas. Nagmula siya sa isang pamilyang matagal nang mga

Protestante sa Samar. Bago ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay nakapag-aral si Contado sa *Silliman University* sa Dumaguete sa pagtataguyod ng mga denominasyong *Presbyterian* at *Congregationalist*. (Isang kasunduan na tinawag na *comity arrangement* ang isinagawa ng mga *Presbyterian* bago sila nakipag-buklod sa ibang denominasyon upang magtatag ng isang simbahang sa kalaunan ay naging U*nited Church of Christ in the Philippines)*. Naging pastor si Contado sa *United Evangelical Church* sa silangang baybayin ng Samar. Subali't siya ay nabagabag nang mapasok ang denominasyon ng *liberalism*—ang pagiging bukas sa mga paniniwalang lumilihis sa konserbatibong katuruan ng pananampalatayang Kristiyano.

Sa pagtatapos ng digmaan ay bumalik sa Pilipinas ang puwersang militar ng Amerika. Noon nakilala ni Contado ang sundalong *Nazarene* na si Adrian Rosa. Kasama ng iba pang mga Amerikano, sina Contado at Rosa ay nagdaos ng mga pagtitipong pang-ebanghelyo sa Samar. Sa kahilingan ni Rosa, nangako si Contado na sasamahan niya si Rosa sa misyon kapag si Rosa ay isa nang misyonero sa muling pagbabalik niya sa Pilipinas. Nagpatuloy ang komunikasyon nina Contado at Rosa, at nang makabalik na nga si Rosa sa bansa bilang bagong misyonero noong 1952, nagtungo si Contado sa Baguio upang siya ay batiin-- at tuparin ang kanyang pangako.

Itinalaga ng misyon si Contado sa pagtulong sa pagbubukas ng gawain sa Bacolod City. Dahil si Contado ay miyembro ng *United Church of Christ Assembly,* kinailangan niyang humingi ng bakasyong walang takdang haba ng panahon upang siya ay makasama ni Rosa sa gawain sa Bacolod City—kung saan ang *Nazarene church* ay itinatag pagkaraan pa ng ilang taon. Nagkasama rin sila ni Rosa sa Iloilo. At doon ay naging pastor si Contado nang siyam na taon magmula noong 1954.

Noong 1956, ang mga Pattee ay itinalaga ni Pitts bilang misyonero sa Iloilo. Tinulungan sila ni Contado sa pagsisimula ng kanilang gawain sa Samar. Noong 1963, nagtungo si Contado sa Balangiga upang magtatag doon ng isang simbahan. (Ang Balangiga ang pook na pinangyarihan ng *massacre* o pagpatay ng mga sundalong Amerikano sa mga Filipinong naninirahan doon noong 1901, na panahon ng digmaan ng Pilipinas at Amerika).

Sa Mindanao, tumulong kay Contado ang kanyang mga kamag-anak at kakilala nang kanyang umpisahan ang gawain sa isla ng Mahayag, Zamboanga del Sur. Taong 1967 nang siya ay nagtayo ng isang simbahan sa Tacloban, Leyte.

Bumalik siya sa Samar pagkaraan ng dalawang taon at doon ay nagsilbi siya bilang pastor sa San Antonio hanggang sa kanyang pagreretiro noong 1977.

**Si Gil Sevidal.** Nanggaling sa iba't ibang relihiyon sa Luzon ang

mga na-ordinahang elder ng *Nazarene* noong 1958. Magkakaiba rin ang kanilang mga kaalaman at pagsasanay. Si Gil Sevidal ay dating kasapi ng *Christian Mission*, isang independiyenteng samahan sa Cabanatuan. Bukod sa mataas niyang edukasyon, taglay din ni Sevidal ang mga katangian ng isang mahusay na tagapamuno. Nakilala ni Sevidal si Encarnacion na katulad niya ay isa rin Tagalog. Si Encarnacion ang naging tulay ni Sevidal sa kanyang pagsapi sa *Pilgrim Holiness Church* at pagkaraan ay sa *Church of the Nazarene*. Nagsilbi si Sevidal bilang pastor sa Maynila; La Trinidad; Binday; San Fabian, Pangasinan at sa Baguio City. Naging ebanghelista rin siya ng distrito noong 1960s.

Habang nagpapastor sa Maynila ay nag-aral si Sevidal sa F*ar Eastern University* hanggang makakuha siya ng *masters degree*. Nguni't ang hangarin niyang makakuha ng mataas pang edukasyon ay hindi sinang-ayunan ng mga misyonero. Dahil dito at sa ilan pang personal na problema, napilitan si Sevidal na lisanin ang simbahan noong 1969. Naging guro siya sa *Lyceum University* sa Baguio, at nakapaglingkod din sa *Bible Covenant Church* kung saan nakasama niya si Charles Tryon na dating misyonero ng *Nazarene*. Pagkaraan lamang ng maikling panahon ay nagpasya ni Sevidal na mangibang-lugar.

**Si Carlino Fontanilla.** Si Carlino Fontanilla at ang kanyang pamilya ay naging miyembro ng *Church of the Nazarene* nang itinatag ni *General Superintendent* Orval Nease ang simbahan sa Balacag noong 1948. Si Fontanilla ang naging kalihim ng distrito noong 1955 hanggang 1957. Naglingkod din siya bilang pastor ng mga simbahan sa Agbannawag, Rizal, Nueva Ecija; San Fernando, La Union; Baguio; Carosucan, Asingan, Pangasinan; at La Trinidad. Habang siya ay nagpapastor sa Baguio at La Trinidad, nag-aral din siya sa mga kolehiyong sekular -- sa kabila ng pagtutol ng mga misyonero.



**Carlino Fontanilla**

Bilang pastor, paniniwala ni Fontanilla na ang mga kongregasyon ay maaaring maging self-supporting o magkaroon ng kakayahang sustentuhan ang kanilang mga pangangailangan. Dahil sa kanyang edukasyon at matagumpay na pagpapastor, si Fon-

tanilla ay binigyan ng mga misyonero ng pagkakataong makapagturo sa *Bible College* hanggang sa siya ay maging ganap o *full-time* na guro noong 1972. Makalipas ang dalawang taon, siya ang nahirang na unang direktor na Filipino ng *Nazarene Bible College*. Nagsilbi siya bilang *college director* mula 1972 hanggang 1976, at pangulo nito mula 1980 hanggang 1983. Sa kabila ng mahusay niyang paglilingkod bilang guro sa *Bible College*, minabuti niyang bigyan ng patotoo ang kanyang itinuturo sa mga estudyante. Kaya't noong 1984 ay nilisan niya ang pagtuturo upang ipagpatuloy ang kanyang paglilingkod sa simbahan bilang pastor. Sa Novaliches *Church of the Nazarene* sa Quezon City siya naitalaga.

Si Fontanilla ay iginagalang na isang *elder* at isang maprinsipyong tagapamuno ng *Metro Manila District*, kaya't bahagi rin siya sa *District Advisory Board*. Patuloy niyang ginampanan ang kanyang tungkulin bilang pastor hanggang sa kanyang pagyao noong 2012.

**Si Geronimo Galindez**. Isang sumisikat na bituin ang turing kay Geronimo Galindez. Isa siyang Ilocano, katulad ni Fontanilla. Ang *Philippine Independent Church* ang kanyang kinalakihan. Ito ang dating *Aglipayan Church*, isang lokal na denominasyong tumiwalag sa Romano Katoliko noong 1902 nguni't pinanatili pa rin nito ang kaanyuan ng Romano Katoliko.

Naglingkod si Galindez bilang pastor ng mga kongregasyon ng *Nazarene* sa Aringay at Bangar, La Union. Naging pastor din siya ng "inang simbahan" o *mother church* sa Cabanatuan sa loob ng sampung taon, mula 1958 hanggang 1968. Siya ang kauna-unahang Filipinong naging pangulo ng *Nazarene Young People's Society*, ang pangunahin at pangmalawakang tanggapan ng distrito. Hinawakan niya ang posisyong ito mula 1962 hanggang 1965.

Di lingid sa kaalaman ng mga pastor na Filipino ang intensyon ng mga misyonerong ihanda si Galindez para maging *district superintendent.* Itinalaga siyang pastor ng *College Church* nang isang taon ( 1968 - 1969 ). Sinang-ayunan din ng *World Missions* ang mungkahi ng mga misyonerong siya ay pag-aralin sa *Nazarene Theological Seminary* (*NTS*) sa Kansas City.

Habang si Galindez ay nasa Estados Unidos, sinikap niyang makakuha ng suporta para sa kanyang mga pangangailangan sa pamamagitan ng pangangaral sa mga lokal na simbahan. Noong 1973 ay natanggap niya ang kanyang *Master of Religious Education degree* sa *NTS*. Bumalik siya sa *Bible College* upang magturo, nguni't nangyari ang ilang problemang personal.

Nilisan ni Galindez ang *Church of the Nazarene* noong 1977. Nalaman niya ang plano ng *Social Brethren Church*, isang maliit na denominasyon sa isang rural area sa mainland ng Amerika, na magsimula ng gawaing

pang-misyon. Si Galindez ang hinirang nilang unang misyonero. Itinatag ni Galindez ang unang kongregasyon ng *Social Brethren* sa Pilipinas sa Pasig City. Ginamit ng kongregasyon ang malaking bahagi ng teolohiya ng *Nazarene*, pati ang mga awitin at panitikan nito. May pangyayaring nagkaroon ng krisis sa *Nazarene Church* sa Parkway (Quezon City), na naging dahilan ng paglisan ng mga miyembro nito. Isang kongregasyon ng *Social Brethren* ang kanilang itinatag sa karatig na pook.

**Si Jaime Galvez**. Mula sa pagiging Romano Katoliko, si Jaime Galvez ay lumipat sa *Pilgrim Holiness Church* hanggang sa siya ay nagpasyang sumapi sa *Church of the Nazarene*. Tatlong simbahan sa Pilipinas ang kanyang pinaglingkuran bilang pastor: sa La Trinidad, sa Agbannawag, at sa Binalonan, Pangasinan kung saan siya nanirahan nang 10 taon. Noong 1967, siya ay nangibang-bansa at naging pastor ng isang kongregasyon ng mga Filipinong *Nazarene* sa Hawaii nang mahigit sa 40 taon. Nagritiro siya noong 2007.

**Si Castillo Ongogan**. Si Miguel Zambrano, na amain ni Castillo Ongogan, ang gumabay sa kanya patungo sa *Church of the Nazarene.* Bago ito nangyari ay ilang simbahan ang napuntahan ni Ongogan. Noong kanyang kabataan, kahit siya ay lumaki sa *Philippine Independent Church* ay madalas din siyang manambahan sa *United Brethren Church* at sa *Pilgrim Holiness Church* sa nayon ng San Francisco, San Fernando kung saan siya ipinanganak. Nakadalo rin siya sa simbahang Romano Katoliko noong siya ay nag-aaral pa sa mataas na paaralang nasa pamamahala nito.

Ang misyonero ng *Church of the Nazarene* na si John Pattee ang nagkumbinsi kay Ongogan na mag-aral sa *Nazarene Bible College*. Nang matapos niya ang kanyang kurso ay nagsilbi siyang pastor ng simbahang *Nazarene* sa tatlong lugar: isang taon sa Maynila, 20 taon sa Bangar, at sa Tabuyoc, Binalonan sa Pangasinan bago siya nagretiro. Bahagi rin ng kanyang paglilingkod ang pagsasagawa ng mga revival campaign o kampanya para sa muling pagbibigaybuhay sa mga Kristiyano. Naging kasangguni rin siya sa pagsasalin ng Bagong Tipan o *New Testament* sa wikang Ilokano.

**Si Andres Valenzuela**. Pinakabata si Andres Valenzuela sa mga pastor na inordinahan bilang elder noong 1958. Noong taon ding iyon siya nagtapos sa *Nazarene Bible College*. Pagkaraan ng dalawang taon, noong 1960, ay nagpakasal sila ng kanyang kasintahang si Ricareda.

Nagmula si Valenzuela sa isang pamilyang Romano Katoliko. Sa pagsapi niya sa *Church of the Nazarene* ay nabigyan siya ng pagkakataong maging isang pastor. Una siyang naglingkod sa San Fernando at Baguio City, pagkatapos ay sa Agbannawag *Church of the Nazarene* sa Rizal, Nueva Ecija mula 1961 hanggang 1967. Inihalal siya ng *District Assembly* bil-

ang *Assistant National District Superintendent* noong 1967; si Galindez ang pumangalawa sa kanya sa halalan.

Noong 1968 ay isinama si Valenzuela ng *mission director* na si Robert McCroskey sa kanyang paglilibot sa buong bansa. Nahalal din siya bilang *district superintendent* noong taon din iyon. Sa 65 na bumubuo noon sa *District Assembly* ay 62 ang naglagay sa kanya sa posisyon. Noon ang panahong sakop pa ng distrito ang buong bansa. Sa mga simbahang nasa ilalim ng distrito, 21 na ang organisado at 18 ang kailangan pang itatag nang lubusan. Sa 677 na kasapi ng distrito, ilang bahagdan nito ang mga regular nang miyembro, samantalang ang iba ay dumadaan pa sa pagsubok o probasyon.



**Ang pamilyang Valenzuela**

Si Valenzuela ay naging *district superintendent* ng bagong tatag na *Metro Manila District* noong 1980 na dati ay sangay ng *Luzon District.* Ang maybahay niyang si Ricareda Valenzuela ay nagsilbi naman bilang pastora ng *Central Church of the Nazarene* sa Cubao, Quezon City. Pagkatapos ng *EDSA Revolution*, nagtungo sila sa *Northern California* upang itatag ang *New Life Church* sa Vallejo. Sa loob ng 23 taon mula noong 1991 hanggang 2014, si Andres Valenzuela ang nagsilbing *facilitator* o tagapamahala ng mabilis at maayos na ugnayan ng *USA-Canada Filipino Ministry*.

Kaya, maraming taon ang nakalatag sa harapan ng mga inordinahang *elder* at sa mga sumunod sa kanila. Hindi na muling nabanggit ang patungkol sa mga pinagtatalunang sing-sing ng may asawa at maikling buhok ng mga misyonero at mga Filipinong tagapamuno, nguni't sila ay nagpatupad ng mga mataas na panuntunan para sa pagiging kabahagi ng simbahan. Ang mga naghahangad na maging *Nazarene* ay dumadaan sa probasyon o pansamantalang kalagayan sa loob nang di bababa sa isang taon bago sila maging lubos na kasapi ng *Church of the Nazarene*. Kailangan nilang patunayan sa loob ng isang taon o higit pa na wala silang anumang bisyo -- paninigarilyo, paglalasing, pagsasabong o paglalaro ng mahjong at iba pang sugal.  Noon ay waring mas madaling ipangaral ang pag-iwas sa mga pansarili o personal na kasalanan kaysa pagkakaroon ng buhay espirituwal

at paglago nito.

Naging panuntunan ng misyonerong si Harry Wiese ang pagsasagawa ng personal na panayam sa mga naghahangad na umanib sa *Church of the Nazarene*. Pangunahing batayan ng pagpapasya ang karanasan ng aplikante sa ganap na pagpapabanal o *entire sanctification* -- na itinuturing na "pangalawang biyaya" -- kahit ang tanging hinihingi sa aklat ng panuntunan o manwal ng simbahan ay ang pagtanggap ng kaligtasan at pagkakaroon ng sakdal na kabanalan ng puso at buhay.[4]

Sa ilalim ng pamamahala ni Weise, nag-ukol ang misyon ng salapi para sa pagpupundar ng mga ari-arian ng simbahan. Sinadya niyang bigyan ang mga pastor ng maliit na sweldo upang mapilitan ang mga lokal na kongregasyong dagdagan ito-- o kumilos para sa ganitong layunin. Sa palagay ni Weise, ito ang tanging paraan upang ang mga kongregasyon ay makapagsarili. Kaugnay nito, dalawang bagay ang ipinagbabawal ni Weise sa mga pastor: Una, ang pagkakaroon ng pansamantala o *part-time* na gawaing pagkakakitaan. Pangalawa, ang pagpapatuloy ng kanilang pag-aaral. Ayon kay Weise, ito ay upang lubos na iukol ng mga pastor ang kanilang sarili at panahon sa ministeryo.

## Mga Karagdagang Misyon at ang *Visayan Nazarene Bible College*

Mahalaga ang mga tungkuling ginampanan ng mga tagapamunong Filipino ng simbahan noong dekada sisenta. Sa kabila nito, ang pamamahala ng simbahan ay nanatili sa kamay ng mga misyonero.

Nang si Weise ay umalis sa bansa noong 1962 upang asikasuhin ang mas malaking suliranin sa *Taiwan*, sa mga kamay ng mga misyonero niya iniwan ang responsibilidad sa pagde-desisyon tungkol sa mga gawain sa misyon. Nguni't nabigatan ang mga misyonero sa responsibilidad na ito. Dahil dito'y naging mainit ang kanilang mga talakayan sa malalaki o maliliit mang bagay, mula sa pagpapa-unlad ng simbahan, o pag-aayos ng mga kasangkapan sa kusina.

Ayon sa ulat, ang pagtatalo ng mga misyonero ay humantong sa puntong labis na ikinabahala ni John Pattee kaya't minsan ay lumuhod siya sa harap ng kanyang mga kasamahan upang makiusap na sila ay magkasundo. Nangamba siyang ang sigalutan ng mga misyonero ay makasira sa simbahang Filipino at magdala ng "kahihiyan sa pagtataguyod ng pagpapabanal."[5]

Nagpahayag din ng lubhang pagkabahala sa nangyayari si Ronald

[4] Thomas E. Mangum, "The Gospel of Health," *Nazarene Messenger* 5 (October 1922), 7.

[5] John and Lillian Pattee to Coulter and Lewis, October 29, 1963.

Beech, isang bagong misyonerong hindi pa nakapagbibigay ng kanyang boto sa pagpapasya ng konseho. Ayon sa kanya, nakapagtataka at nakabibigla ang "pagkakawatak-watak ng mga tauhan ng Diyos". Inalala niya ang iisipin ng mga Filipino tungkol dito.[6]



Si Wilfredo Manaois habang nagtuturo

Samantala, hangga't maaari ay iniwasan ni John Pattee ang pangangasiwa sa misyon. Kaya't ang mga karaniwang araw ay iniuukol niya sa pagtuturo sa *Bible College* ng mga paksang-aralin, tulad ng *New Testament Greek*. Ang araw naman ng Biyernes ay inilalaan niya sa pangangaral sa iba't ibang estasyon sa kalsada patungong Pangasinan. Para dito ay tinatanggalan niya ng pulbos ng chalk ang kanyang mga damit, ikinakarga niya ang mga Bibliya at *accordion* sa isang lumang trak, at kasama ang masisiglang mag-aaral ay minamaneho niya ang trak (nang bahagyang bara-bara, ayon sa ulat) mula Baguio pababa ng bundok patungo sa mga lugar kung saan sila mangangaral.

Ang pangangaral ng ebanghelyo ni Pattee ang nagbigay-daan sa pagkakatatag ng ilang mga simbahan. Siya at si Lillian Pattee ay kapuwa nagretiro noong 1972. Ganunman, maging nang sumapit na si John Pattee sa edad na 70 taon, ang kanyang buhay at paglilingkod ay itinuring na isang alamat ng mga Filipinong *Nazarene* at ng mga sumunod na henerasyon ng mga misyonero.

Para sa posisyon sa pamumuno ay nagkaroon ng animo'y isang paligsahan sina Roy Copelin at Robert McCroskey. Nais ni McCroskey na ang pangangaral ng ebanghelyo ang manatiling pangunahing layunin ng misyon, samantalang ang puso naman ni Copelin ay nasa paghahanda ng ministeryo o gawain. Si Copelin -- na naging estudyante ni H. Orton Wiley sa *Pasadena College* at ni Stephen S. White sa *Nazarene Theological Seminary* -- ay nakapagturo sa ilang Bible College. Sa kabilang dako, si McCroskey ay namuno sa mga *revival campaign* o kampanya sa muling pagbibigay-buhay at nagtatag ng mga simbahan. Sa mga bata nangaral ng ebanghelyo si Tilly McCroskey.

Sa mahaba nilang paglilingkod, naghalinhilan sina Copelin at McCroskey sa pagsasagawa ng kanilang misyon sa Luzon at Visayas. Kadalasan, si Copelin ay naglalagi sa *Bible College* sa Baguio at pagkaraan ay sa

6 McCroskey to Lewis, October 28, 1963, enclosing Beech to McCroskey, October 24, 1963.

*Bible College* sa Iloilo.

Noong 1986, nagpasiya ang *Visayan Nazarene Bible College* na lisanin ang Iloilo at lumipat sa Cebu City, na mas malaking lungsod at mas nasa sentro ng isla ng Visayas, naging instrumento si Copelin sa paghahanap at pagbili ng kaukulang pag-aari sa Cebu City. Matapos ang 34 na taong panunungkulan sa Pilipinas ay nagretiro ang mga Copelin noong 1988. Ang mga McCroskey ay nagretiro na rin nang sumunod na taon pagkaraan ng 33 taong pagmimisyon nila sa bansa.

Nagpatuloy ang pag-oorganisa sa distrito. Sa *District Assembly* noong 1964 ay pitong ministro ang inordinahang elder ni V.H. Lewis. Ito ang kauna-unahang seremonyang pang- ordinasyong naganap mula noong 1958. Dito binigyan ng pagkilala ang ordinasyon ni Miguel Zambrano.

Noong 1965 ay isa sa mga bagong naordenang ministro -- si Meliton Bernabe -- ang inihalal ng *District Assembly* bilang ingat-yaman ng distrito. At sa kauna-unahang pagkakataon ay nahalal ang isang Filipina, si Rebecca Fontanilla, bilang tagapamuno ng Missionary Society. Nang sumunod na taon, ang Missionary Society ay nangalap ng kontribusyong pinansyal mula sa mga Filipino para sa isang pagamutan ng *Nazarene* sa *Papua New Guinea*.

Nang maging ganap nang matatag at maayos ang simbahan, nagsimula na ang paglaganap nito sa iba't ibang bahaging bansa.

Habang ang mga Pattee ay naka-destino sa Iloilo mula 1956 hanggang 1959, naghanap sila ng mga taong maaari nilang makaugnayan sa Negro Occidental sa pagtatatag ng simbahan sa Binalbagan. Noong 1958 ay sa Samar naman nagsimula si Pattee, kasama si Contado, ng mga gawain para sa revival o muling pagbibigay-buhay. Maraming kaibigan at kamag anak doon si Contado; ganunman, umabot pa nang 1963 bago naitatag doon ang isang ganap na simbahan.

Kasabay ng paglago ng simbahan sa Visayas, nagpasiya ang misyong umpisahan ang pagtatayo ng pangalawang *Bible College* sa Iloilo. Para sa mga taga Visayas, malayo ang Baguio hindi lamang sa lokasyon kundi pati sa klima at kultura. Isang suliranin din ang pagkakaiba ng wika, na minsan ay naging sanhi ng di-pagkakaunawaang humantong pa sa suntukan.

Bumili ang simbahan ng isang parsela ng lupa sa tapat ng simbahan sa Zamora Street sa Iloilo. Isang programang pang-edukasyon para sa dalawang taon ang pinasimulan doon sa ilalim ng pamumuno ng mga misyonerong sina Stanley at Flora Wilson. Noong 1958 pa sila dumating sila sa Pilipinas. Kapwa sila may *masters' degree* sa edukasyon. Sa umpisa, noong 1964, ay nagkaroon sila ng 12 na estudyante, at ang plano ay sa Baguio sila makapagtapos ng kolehiyo.

Pagkaraan ng siyam na taon, noong 1973, ang *Visayan Nazarene Bible*

*College* ay nakapagsimula ng sarili nitong programa para sa *baccalaureate* o *bachelor's degree* sa kolehiyo. Bago magretiro ang mga Wilson noong 1985, inilaan nila ang kanilang mga huling taon sa Pilipinas sa pagtuturo sa kolehiyo sa La Trinidad.

Sentro ng Gawain ang Iloilo, na nasa Silangang Visayas, at ang Panay ang naging sentro ng gawain ng *Nazarene* sa isla ng Visayas. Di tulad ng Cabanatuan na nagkaroon ng kasunduan o *comity* agreement sa mga *Methodist*, ang Silangang Visayas ay nabahaginan ng ebanghelyo ng mga Amerikanong *Baptist* (na kilala bilang *Convention Baptist in the Philippines*).

Pinamahalaan at pinanatili ng mga *Baptist Central Philippine University* sa Iloilo. Tulad ng ginawa ng mga *Methodist* noong unang bahagi ng siglo, sa simula pa lamang ay binigyang-diin na ng mga *Baptist* sa Visayas ang pagbitiw at pag-iwas sa mga bisyo tulad ng pagsusugal at pagsasabong. Subali't isang *faction* o pangkat ng mga *Fundamentalist Baptist* ang humiwalay sa *Conventional Baptist* dahil sa kanilang obserbasyong ang huli ay kumikiling na sa modernismo o makabagong paniniwala tungkol sa mga sinasabi ng Bibliya. Isang dahilan din ang pagsang-ayon ng mga *Conventional Baptist* sa *comity agreement* o mga kasunduan ng iba't ibang denominasyong magsama-sama sa isang proyekto o palatuntunan.

Noong 1927, ang *Association of Baptists for World Evangelism* (*ABWE*) at ang *Doane Evangelistic Institute* ay itinatag sa Iloilo ni Raphael Thomas, isang manggagamot. Malawak ang naging impluwensya ng *Fundamentalist Baptist* sa Visayas, lalo na sa Panay. Naka-impluwensya sa mga naging kasapi ng *Church of the Nazarene* ang kultura ng Visayas na may oryentasyong Baptist sa pagpapalaganap ng ebanghelyo. Naging palaisipan sa kanila kung paanong ang pagbibinyag ng mga sanggol ay umangkop sa pamamaraang isinasaad sa Bibliya. Nakabahala at nakalito rin sa isipan ng karamihang sumapi sa simbahang *Nazarene* ang pagpapanatili sa manwal o aklat ng mga alituntunin ng simbahan ang orihinal na ritwal ng Methodist sa pagbinyag ng sanggol, ang seremonya para sa paghahandog o dedikasyon ng mga sanggol, at ang ritwal sa pagbibinyag ng mga matatandang mananampalataya.

Ang kolehiyo sa Baguio, ang *Luzon Nazarene Bible College*, ay nanatiling matatag. Nasa programa ng kolehiyo ang mahigpit na pagpapatupad sa itinakdang limang taon at 145 kredito para sa pagtatapos at pagtanggap ng *degree* sa *Bachelor of Theology*. Ganun din kahigpit ang hinihingi ng programa para sa *Bachelor of Religious Education* na nagsimula noong 1966. Taglay ng mga misyonerong guro na naatasang magturo sa Pilipinas ang mga kwalipikasyong maituturing na mataas sa panahong iyon. Noong kalagitnaan ng 1960s ay sumibol ang mga gurong Filipino sa *Bi-*


***Christmas Party* sa *Bible College***

*ble College.* Kabilang sa kanila sina Carlino Font-anilla at Wilfredo Manao-is. Bagama't tulad ng mga misyonerong guro ay may taglay din silang kahusay-an sa pagtuturo, hindi sila pinagkalooban ng mata-as na sahod. Ipinaalala sa kanila ni Copelin na sapat nang gantimpala ang si-la'y "makapagtrabaho sa pinakamahusay na simbahang maaari nilang matatagpuan."[7]

Noong Enero 1963 ay dumating sa bansa sina Ronald at Neva Beech. Sila ang pinakahuling misyonerong dumating lulan ng barko sa halip na sasakyang panghimpapawid. Pagkaraan ng dalawang taon, noong 1965 -- sa tulong ng mga sundalong *Nazarene* na nakadestino sa *Clark Air Force Base* -- nakapagtatag ang mga Beech sa Angeles City, Pampanga ng isang simbahang mabilis na umunlad. Sa kabila ng malaking tulong na ibinigay ng mga sundalo sa pagbili ng lupa kung saan itinayo ang simbahan, ito ay hindi itinuring na simbahang Amerikano. Sa aspeto ng pagdami ng mga kasapi at pagkakaloob, at sa ilalim ng pamamahala ni Angelito Agbuya, ang simbahan sa Angeles City ang naging pinakamalakas na kongregasyon ng *Nazarene* sa bansa.

Dahil mas kailangan ang mga Beech sa pagtuturo, doon nila inilaan ang halos 30 taong inilagi nila sa Pilipinas. Una silang nagturo sa *Luzon Nazarene Bible College*, pagkatapos ay sa *Asia-Pacific Nazarene Theolog-ical Seminary* mula noong 1983 hanggang sa kanilang pagretiro noong 1992. Si Ronald Beech ay kumuha ng *doctorate degree* sa *sacred theology* sa *Asia Baptist Graduate School* sa Baguio, samantalang si Neva Beech ay nagturo ng *English* at musika.

Habang ang simbahan sa Angeles ay lumalago, ang kongregasyon naman sa Maynila ay humarap sa maraming pagsubok. Isa na rito ang naging suliranin sa pagkakatayo ng unang gusali ng simbahan sa isang lote sa Singalong, Malate. Natagpuan ni Pitts ang lupang pag-aaring ito noong 1954 sa pamamagitan ng isang Filipinang nakilala niya sa Estados Uni-dos. Ayon sa Filipinang ito, ang kanyang ina ay may pag-aaring lupa sa Singalong Street sa Malate, isang sinaunang pook sa Maynila. Sa karatig na pag-aari nakatira ang kanyang ina. Sinabi pa niya kay Pitts nang may paniniyak na siya ang magiging tagapagmana ng lupa kaya't ito ay maaari

7 Copelin to Lewis, October 20, 1964.

niyang ihandog bilang donasyon sa *Church of the Nazarene*. Isinagawa ang isang kasunduan para sa pag-upa ng misyon sa naturang lupa sa loob ng 10 taon. At itinayo doon ang isang gusali ng simbahan. Nguni't pagkaraan ng sampung taon, noong 1965, ay nangyari ang hindi inaasahan. Naging pastora ng *Pilgrim Holiness Church* ang Filipinang may-ari ng lupa. Kasunod noon ay tumanggi na ang kanyang pamilyang magkaroon ng panibagong kasunduan sa *Nazarene* tungkol sa lupa. Bilang paghahanda sa maaaring mangyaring demolisyon, humingi ang *Nazarene* sa korte ng *restraining order* o kautusang pipigil dito. Ganunpaman, sa bandang huli ay minabuti ng *Nazarene* na humanap na lamang ng ibang lugar para sa simbahan at ipaubaya ang gusali ng simbahan sa pamilyang nagmamay-ari ng lupang kinatatayuan nito. Nagpasya ang mga misyonerong magtayo ng simbahan sa Parkway Village sa Quezon City, kahit na ito'y may kalayuan sa Malate. Naglaan ang pangkalahatang simbahan o *general church* ng $60,000 para sa proyektong ito.

Kasama ng mga dating miyembro, lumipat ang mga Suyat sa bagong lugar. Si Honorio Mateo ang naglingkod nang maraming taon bilang pastor sa unang simbahan ng *Nazarene* sa Maynila. Ito ay bago siya madestino sa Mindanao kung saan niya pinamunuan ang pagtatatag ng isang distrito ng *Nazarene*. Bumalik siya sa Mindanao matapos ang paglilingkod niya sa simbahan sa Maynila.

## Mga Kababaihan at Indigenisasyon

Ang kababaihang Filipina ay may pagkakataong magkaroon ng katungkulan sa pamunuan ng *Church of the Nazarene* ayon na rin sa paniniwala at pagtanggap nito na maordinahan bilang *elder* ang mga babae. Katungkulan ng mga inordinahang misyonera ang pangangaral at aktibong paglahok sa misyon.

Ang mga misyonerang Amerikanong sina Katherine Wiese, Lillian Pattee at Frances Vine ay naordinahan bilang mga ministro. Naging pangulo ng *Bible College* si Lillian Pattee noong dekada sisenta. Si Norma Armstrong ay nagsilbi bilang ebanghelista mula 1963 hanggang 1977 at katuwang ni Frances Vine sa larangan ng edukasyon. Tumira silang dalawa sa magkatabing apartment sa loob ng kampus ng *Luzon Nazarene Bible College*. Nagsagawa rin sila ng programang pang-camping para sa mga kabataang lalaki at babae sa buong bansa. Dito ay nangaral si Armstrong at nagturo naman si Vine. Noong 1978 nagretiro si Vine.

Walang pag-aalinlangang inanyayahan ng *Church of the Nazarene* ang mga kababaihan upang sila ay mag-aral sa *Bible College* (Karaniwan ay doon nila nakilala ang mga lalaking kanilang pinakasalan). Ang mga

babaeng nakatapos sa *Bible College* ay pinagkalooban din ng karapatang mag-pastora ng mga simbahang lokal.

Noong 1961 ay nabigyan ng lisensya ang kauna-unahang babaeng naging ministro ng simbahan: si Ricareda Valenzuela. Naordinahan siya bilang *elder* noong 1971. Sinasabing ang malakas na katangian o karakter at impluwensya ni Ricareda ang isang dahilan sa pagkakahalal ng pamunuang Filipino sa kanyang kabiyak na si Andres Valenzuela bilang *assistant superintendent* noong 1967.

Samantala, ang paniniwalang etikal ng simbahan ay nakatuon sa pansariling moralidad, higit sa moralidad na panlipunan, ang paninindigan ng simbahan tungkol sa wastong pag-uugali (*ethics*). Kaugnay nito, idinagdag sa mga ipinagbabawal na gawaing nakasaad sa 1964 *District Assembly Journal* ang pagpunta sa mga sayawan, teatro, sabungan, at canyaos (kapistahang nagpupugay sa mga namatay nang ninuno, na karaniwang kaugalian ng mga Kankanaeys). Bawal din ang pagsusugal at pagtaya sa mga larong pinagpupustahan, tulad ng loterya, *sweepstakes*, jueteng, mahjong, bingo at karera ng kabayo o "*daily double*". Karagdagang pagbabawal din ang lahat ng prosesong may kinalaman sa produksyon ng tabako, tulad ng pagtatanim at pagbabalot nito, pati ang pananabako, pagnguya ng nganga, at pag-inom ng alak o anumang inuming nakalalasing, kasama ang tuba at binurong bigas.

Iminungkahi ng mga pastor na Filipino ang mga pagbabawal na ito upang ang mga patakarang nasa manwal ay maiugnay at mapairal ayon sa sitwasyon at pamumuhay ng mga Filipino. Layunin din nitong makilala ang mga kasapi ng *Church of the Nazarene* ng mga tao sa paligid sa kanilang pagkilos, pag-uugali, at pagsunod sa moralidad tungo sa pagpapabanal. Ang mga itinakdang limitasyon ng simbahan ang magiging malinaw na kaibahan nila sa ibang bahagi ng lipunan.

Noong dekada sisenta, binigyang-halaga ng direktor ng *World Missions* na si E. S. Phillips ang tinatawag na *indigenization*. Ito ang pagsasalin ng pamamahala ng mga lokal na simbahan mula sa mga misyonero patungo sa mga lokal na tagapamuno upang sila ay tuluyang makapagsarili. Kaugnay nito, nagpasya ang mga misyonero noong Nobyembre 1965 na kumuha ng pahintulot para sa paghalal ng isang *national district superintendent*. Ayon kay Phillips ito ay dapat ginawa nang mas maaga pa.

Naging malinaw sa mga misyonero na panahon na upang bawasan ang labis na pagsandal sa misyon para sa suporta, at mabigyan ang mga lokal na simbahan ng mas malaking responsibilidad sa pagpapasya tungkol sa pasahod sa mga pastor at sa pamamahala ng mga gusali ng simbahan. Inasahan ng mga misyonerong sa loob ng anim na taon ay makakayanan na ng bawa't simbahan ang pagbibigay ng buong sustento sa kanilang pastor.

Noong 1966, iminungkahi ng mga misyonero na bawasan ng 10 porsyento ang suporta para sa anumang bagong gawain ng misyon. Ngunit ayon kay Phillips, masyadong mabagal ang anim na taon kaya't nagpadala siya ng kalatas na ibaba ito sa tatlong taon. Maganda man sa pandinig ang mungkahing ito, ipinalalagay naman itong lubhang "idealistic " o malayo sa hinihingi ng realidad o sitwasyon. Ipinagpatuloy ng misyon ang pagbibigay ng suportang pinansyal para sa pagbili ng lupa at pagpapatayo ng mga gusaling pangsimbahan.

Taong 1974 nang bumisita sa Pilipinas ang *mission director* na si Jerald Johnson, na naging misyonero sa *Germany*. Nagulat siya sa mga nasaksihan niyang mga pangyayari sa Pilipinas. Ang mga misyonero ay "*paternalistic*" o parang mga amang nagkokontrol sa lahat ng gawain. Ang tanging may karapatang magbigay ng pahintulot kung sino ang nararapat binyagan o tanggapin bilang kasapi ng simbahan ay ang *chairman* ng *Missionary Council*. Si Valenzuela ang *district superintendent* noon, ngunit kaunti lamang ang ipinagkakaloob na panustos o probisyon para sa kanyang tanggapan. Halos lahat ng bagay ay nasa ilalim ng kontrol ng mga misyonero. Nakita rin ni Johnson ang kakulangan ng pagkakaisa at ang di-maayos na samahan ng mga misyonero. Hinangad niyang maglathala ang simbahan ng marami pang babasahin o panitikan sa mga wikang katutubo, at magkaroon ng pagkakaisa sa mga gawain sa Metro Manila.

Binantayan ng mga misyonero ang mga pastor na Filipino upang hindi sila makakuha ng edukasyon at trabahong sekular o walang kaugnayan sa relihiyon. Ito diumano ay upang maging lubos ang kanilang katapatan at atensyon sa kanilang ministeryo. Para sa kapakanan ng simbahan ay tiniis ng mga pastor at ng kanilang pamilya ang kahirapan. Bukod sa maliit na sweldo at materyal na panustos, walang katiyakan ang kanilang sahod. Sa kabila nito, kapag hinihinging umawit mga pastor at ang kanilang mga kabiyak sa mga pagtitipon ng distrito, inaasahan nang ang kanilang aawitin ay: "*I Am Happy in the Service of the King.*"

Tanging sa Diyos at sa kanilang mga anak iniaasa ng mga pastor ang kanilang kinabukasan. Karamihan sa mga anak ng mga pastor ang nagsikap makapag-aaral sa mga pamantasan at kolehiyong sekular, naging mga propersyunal, at nagkaroon ng kakayahang magbigay ng suporta sa kanilang mga magulang sa kanilang pagtanda.

Isa sa mga patakarang sinusunod noon ng misyon ang paghahati o dibisyon ng mga distrito. Sinang-ayunan ito ng ilang iskolar o estudyanteng nagpapaka-dalubhasa sa misyon ng mga simbahan at gawain ng mga misyonero. Ang mga distrito sa Pilipinas ay hinati ayon sa lokasyon at katutubong pangkat o kultura. Ito ay itinuring na makatwiran dahil ang bansa ay binubuo ng mga islang maraming pagkakaiba. At dahil ang mga

misyonero at tagapamunong Filipino ay nagmula sa mga kanayunan sa lalawigan, hindi rin natututukan ang mabagal na pag-usad ng gawain sa Metro Manila.

Noong huling taon ng dekada sisenta, tumulong ang misyonerong si Denny Owens sa pagtatayo ng malaking bahagi ng mga gusali ng simbahan sa Parkway na nasa bandang hilaga ng EDSA, at sa Paranaque sa katimugan ng lungsod. Pareho ang disenyong pang-arkitektura ng dalawang gusaling ito. Inasahan ng mga misyonerong ang naturang mga simbahan ay magsisilbing sentro ng estratehiya o mabisang pamamaraan sa pagtatatag ng mga simbahan.

Naging masigasig ang simbahan sa pagsasagawa ng misyon sa Metro Manila noong kalagitnaan ng dekada sisenta sa pamumuno nina David Browning, Peter Burkhart, at Andres Valenzuela. Dala nina Browning at Burkhart sa Pilipinas ang kanilang karanasan bilang misyonero sa Guyana.

## Pangwakas na Salita

Sa pamamaraang evangelical o pang-ebangheliko ay dumami ang mga kasapi ng *Church of the Nazarene* sa pagsisikap ng mga lokal na kongregasyon at mga pastor na nagsanay sa mga *Bible College* ng denominasyon. Tulad ng ibang samahang evangelical, kung hindi man higit pa sa kanila, inasahan ng *Church of the Nazarene* na ang buhay-Kristiyano ng mga pastor at mga kasapi ng simbahan ay magkakaroon ng pagsalungat sa kinagisnan o nakasanayan nilang kaugalian at kultura. Kung ito man ay nakahadlang sa maaga at mabilis nilang paglago, alinsunod naman ito sa hinihingi ng doktrina ng simbahan. Tinumbasan ito ng mga tagapamuno ng kanilang matapang at maalab na pangangaral at pagbabahagi ng ebanghelyo.

Ayon sa mga pag-aaral, naghahanap ang mga tao ng mga simbahang may hihilingin mula sa kanila. Hangarin din ng mga taong maging bahagi ng isang kilusan, ng samahang may misyon, at ng simbahang may mithiin. At ito ang inihahandog ng *Church of the Nazarene* sa balana: isang simbahang nangangailangan ng pagpapakasakit para sa misyon ng pagpapahayag ng Salita ng Diyos at ng pagpapabanal.

Bagama't mas mabilis ang naging paglago ng ibang samahang *evangelical* sa Pilipinas kaysa *Church of the Nazarene*, bigo naman ang pangkalahatang Protestantismong makahabol at mapantayan ang impluwensya ng Romano Katoliko sa mga Filipino. Maraming mga pagkakaiba sa wika at buhay panlipunan ang mga katutubong pangkat ng Filipino, at ang Romano Katolisismo ay nagsilbing bahagi ng kulturang nagbubuklod sa mga Filipino.

Dahil ang Protestantismo ay nauugnay sa pagsakop ng Amerika sa

Pilipinas, bumugso ang damdaming makabansa na ang pagiging Romano Katoliko ay ituring na kasingkahulugan ng pagiging Filipino -- sa kabila ng katotohanang ang mga Kastila ang nagdala ng relihiyong ito sa bansa. Sa ganitong kaisipan, ang Romano Katolisismo sa Pilipinas ay nagsisilbi -- sa katotohanan kung hindi man sa batas -- bilang pambansang relihiyon.

Ang isang manunulat ng kasaysayan ay hindi pinapayagang magtanong ng " Ano kaya kung... " Subalit maaari namang ipalagay ng bumabasa nito kung ano ang maaaring naging kaganapan kung nanatili sa simbahan ang mga nauuna o nakatatandang tagapamuno nito; at kung maaga pa'y binigyang-pansin na ng simbahan ang pagtatatag ng malalakas na kongregasyon sa Maynila at iba pang lugar.

Ganunpaman, noong mga unang dekada ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas ay pinanatili nito ang misyon at katangian o karakter ng pandaigdigan simbahan bilang isang konserbatibong denominasyong nagpapahayag ng ebanghelyo, at kinikilala sa kanyang katapatan sa pag-aaral ng mga bagay na maka-Diyos at makatotohanan ayon sa doktrina ni John Wesley. Ito ang doktrina sa ganap na pagpapabanal at sa kahigpitang moral sa pagbabawal sa mga di-wastong kaugalian.

**TIMELINE 1920 - 1956**

**The Early Years of the Church of the Nazarene in the Philippines**

**1920**
- Nampa Idaho USA **Marciano Encarnacion** became a Nazarene (1920)

**1926**
- **M. Encarnacion** Returned to the Philippines and Worked in a Pharmacy (1926)

**1932**
- **Miguel Zambrano** returned to the Philippines (1932)

**1946**
- **J. E. Moore Jr.** met M. Encarnacion in Baguio City (1946)
- * ***A. Bond Woodruff*** officially oganized Cabanatuan CON on **May 19, 1946**

**1947**
- **Joseph Pitts** became the first missionary to the Philippines (1947)

**1948**
- **Iloilo CON (1948)** Was organized with **Rev. Catalina**
- **Baguio CON (1948)** with M. Encarnacion
- **Aringay Revival services (1948)** with J. Pitts
- **Binday CON (1948)** with Gil Sevidal
- **Balacag CON (1948)** with Carlino Fontanilla

**1949**
- **Oriental Mindoro (1949)** with **Ricardo Carpio** (killed in 1956)

**1950**
- **John and Lillian Pattee (1950)** started Christian Workers Institute in Baguio City
- **Frances Vine** **Roy Copelin** were assigned to the Bible College **(1950)**


**1952**
- **John Pattee** Nazarene Bible College Director
- the Mission bought a property in **La Trinidad (1952)** **(Fitkin Memorial Bible College)**
- Work in **Malate Manila** commenced (1952) with **Gil Sevidal**

**1954**
- **Loo Valley CON (1954)** with **Antonio Lumiqued**

**1955**
- * ***First District Assembly (1955)*** held at Pico CON seven churches were organized: Baguio, Balacag Binalonan, Cabanatuan, Iloilo, Loac, and San Fernando
- **Adrian Rosa** NBC Director

**1956**
- **Roy Copelin** NBC Director
- **Fr. Jose F. Lallana (1956)** became a Nazarene and taught Greek and English at the Bible College

**TIMELINE 1956 – 1970**
**From the Split to First Filipino District Superintendent**



# Ikalawang Bahagi
## Mga Pagkabahala at Pagpapalaganap
## (1957-1996)



## Panimula

Kailanman ay hindi nakaliligtas sa pangmasid ng mundo ang tensyon o mga pagkabahala o di-pagkakaunawaan ng mga bansa, samahan, kultura at mga tao. Karaniwan, ang mga sigalot na ito ay mistulang mga galamay na nakaaabot sa malayo at sumisira sa kapayapaan, pagkakaisa at pagmamahalan. Kapag ang di pagkakasundo ay hindi naagapang sugpuin, ito ay nagiging mitsa ng matinding galit, awayan, at pagkakawatak-watak. Sa mundo ng relihiyon, ang batik ng matinding hidwaan ay humahadlang sa mabubuting layuning nais naisagawa at mapalaganap ng mga tagapamuno ng relihiyon. Ilan nang mga kaso ng hidwaan ang humantong sa pagkakahati-hati ng simbahan at mabagal na paglago at pag-unlad nito. Gayunpaman, dahil sa dakilang kagandagang-loob ng Diyos, may mga di-pagkakaunawaan namang nagbibigay-daan sa mabuting kaganapan.

Isang patunay ang nangyari kina Pablo at Barnabas, ang dalawa sa matapat at masigasig na alagad ng Panginoong Hesus. Ayon sa Bagong Tipan, habang sina Pablo at Barnabas ay magkasamang namamahagi ng Ebanghelyo, sila ay nagkaroon ng matinding di-pagkakasundo -- hanggang sa ito ay humantong sa kanilang makawasak-pusong paghihiwalay. Nangyari ito sa pagsisimula ni Pablo ng kanyang Pangalawang Paglalakbay para sa Misyon ( Mga Gawa 15:36 - 41). Hindi man kaaya-aya ang nangyari sa samahan nina Pablo at Barnabas, nagbigay naman ito ng aral at positibong resulta. Lumawak ang larangang naabot ng Magandang Balita at dumami ang mga taong tumanggap nito.

Ang *Church of the Nazarene* sa Pilipinas ay nagkaranas din ng halos na kahalintulad na karanasan. May mga maigting na di-pagkakaunawaang nagbunga ng negatibo at positibong bagay. Naging sanhi ito ng paghahati-hati, ngunit sa kabila nito, ito ay nakatulong din sa paglakas

at paglago ng simbahan. Ang ganitong kaganapan ay maihahambing sa isang anino -- madilim sa tingin, ngunit sa isang banda, ito ay nagbibigay din ng lilim sa simbahan.

Ang paglago nang walang tensyon o hidwaan ay isang huwarang kaganapan -- kung ito man ay makatotohanang nangyayari. Ito ay nagaganap din kahit sa pangkalahatang simbahan ni Kristo, kasama na ang *Church of the Nazarene* sa Pilipinas. Ang pagkakaiba ng mga pananaw at di-pagkakaunawaan ay talagang nangyayari sa mga samahang kumikilos para sa kalayaan at pag-unlad. Inilalahad nito na ang mararangal na gawaing may banal na misyon ay maaaring makaranas din ng panghihina sa gitna ng mga pagsubok mula sa malalaking pagbabago at katotohanan ng buhay.

## Pagiging Konserbatibo sa Doktrina

Noong mga huling taon ng dekada 50, ang *Church of the Nazarene* sa Pilipinas ay humarap sa matinding pagsubok ng di-pagkakasundo sa pagitan ng mga tagPamuno nito - mula sa pamunuan sa *General Headquarters* hanggang sa mga manggagawa sa mission field.

Si Joseph S. Pitts, na nagsilbi bilang isang *Nazarene chaplain* sa Pilipinas noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ay bumalik sa Estados Unidos matapos ang kanyang tungkulin sa bansa noong 1946. Pagkaraan ng isang taon, noong 1947, ay nagtungo siya sa *Nazarene General Headquarters* sa *Kansas City*, *Missouri* upang ipaalam ang kanyang hangaring maglingkod bilang isang misyonero. Pagkatapos ng pananalangin, masusing pag-iisip at pag-uusap, si Pitts ay nahirang bilang opisyal na misyonero ng *Nazarene* sa Pilipinas.

Dumating si Pitts at ang kanyang pamilya sa Maynila noong Pebrero 1948. Si Marciano Encarnacion ang sumalubong sa kanila. Matatandaang si Encarnacion ang nagsimula ng unang *Church of the Nazarene* sa kanyang bayan sa Cabanatuan City noong Mayo 19, 1946 sa mungkahi at pangunguna nina Chaplain J. Erben Moore at Arnold B. Woodruff.[1]

Lumaki si Pitts sa Kentucky sa Estados Unidos sa ilalim ng impluwensya ng "*conservatism*" -- ang paniniwala sa tradisyunal na kinagawian at kaisipan sa relihiyon. Paniniwala ni Pitts bilang isang masigasig na kasapi at tagapamuno sa *Church of the Nazarene* na ayon sa kanyang pagkaunawa ay dapat sundin ang katuruan ng simbahan, lalo na ang tungkol sa Doktrina ng kabanalan o *Doctrine of Holiness*.

[1] Ernesto N. Rulloda, *The Church of the Nazarene in the Philippines: Her Role in Nation Building* (Baguio Central University; 1990. Unpublished Dissertation): 44.

Nang si Pitts ay dumating sa Pilipinas, nagpasya ang *Board of General Superintendents* sa *Kansas City* na siya ay italaga bilang *Mission Superintendent* para sa *mission field* sa Pilipinas. Sa bisa ng kanyang awtoridad ay matatag niyang ipinahayag ang kanyang pinanindigan at mga paniniwala sa kanyang mga nasasakupan --- sa mga misyonero at pastor, manggagawa ng *Bible College*, at mga kasapi ng simbahan. Malaki ang naging impluwensya ng kanyang *military training* at disiplina bilang sundalo sa uri ng kanyang pamumuno.

Sa mga *retreat* at *seminar* ng mga  manggagawa, binigyang-diin ni Pitts ang kanyang paninindigan na sinuman ang kabilang o may kaugnayan sa simbahan o denominasyon ay dapat tumalima sa mga pinaiiral na Alituntuning Pangkalahatan (*General Rules*) ng simbahan na nakapaloob sa *Church of the Nazarene Manual*. Sa diwa nito, personal at mahigpit na ipinatupad ni Pitts ang mga ito, kabilang ang mga sumusunod na may kaugnayan sa mga kababaihan:

I. Pagpapaikli ng buhok at pagmumukhang lalaki. Ito ay nangangahulugan ng hindi pagpapasakop sa kanyang asawa at maging sa Diyos.

2. Paglalagay ng *make-up*, na ipinapalagay na maling halimbawa ng pagiging mabuting katiwala ng Diyos. Sa halip na ipambili ng *make-up*, ang pera ay maaaring ilagay sa "*offering plate* " para sa pondo ng mga misyong pandaigdig.

3. Ang pananamit ayon sa istilo ng mundo, tulad ng maiiksing damit na umaabot lamang hanggang tuhod at halos nagpapakita nang itaas na bahagi nito. Sa kabilang banda, katanggap-tanggap naman ang mga blusang may mahahabang manggas.

4. Ang pagsusuot ng anumang singsing na pangkasal ng mga babaeng may asawa na.[2]

Ayon kay Pitts, ang simpleng pamumuhay-Kristiyano ay isang paraan ng matapat na pagpapahalaga sa mga biyaya ng Diyos. Kaya't hindi dapat hayaan ng mga Filipinong *Nazarene* -- na kilala sa pagiging "mga tao ng kabanalan" -- na mawala ang kanilang patotoo dahil sa mga kinagawiang maka-mundo.

Umalingawngaw ang mahihigpit na katuruan sa mga manggagawa at mag-aaral ng *Bible College*, sa mga pastor at kani-kanilang mga pamilya, at sa mga kasapi ng lokal na simbahan, ganap na miyembro man o dumadaan sa pagsusuri. Sa *Bible College*, ang mga damit ng mga babae sa dormitoryo ay sinusukat ng Amerikanang misyonerong si Frances Vine upang matiyak na ang mga ito ay naaayon sa pamantayan ng pananamit bago pa man sila

[2] Cunningham, *Our watchword and Song*, 411-426.

makadalo sa simbahan at makapasok sa kanilang klase. Ang mga lumang damit naman na donasyon ng mga lokal na simbahan sa *U.S.* ay inaayos upang umangkop ang mga ito sa pamantayan. Ang pagpapairal ng mga alituntuning ito ay nagpatuloy nang maraming taon.

## Kontrobersya sa Pagitan ng mga Misyonero

Noong October 1956, ilang misyonero ang ipinadala sa Pilipinas ng *General Board* ng *Church of the Nazarene* sa layuning lalong mapalakas ang pwersa ng mga misyonerong Filipino sa bansa. Sila ay sina Robert at Tillie McCroskey, John at Lillian Pattee, Rev. at Mrs. Adrian Rosa, Frances Vine, at sina Rev. and Mrs. Roy Copelin. Dumating din sina Rev. at Mrs. Harry Weise makaraan ang ilang linggo.[3] Pinulong sila ni Pitts kasama ang ilang misyonero.

Makalipas ang ilang araw ay isang programang pang-oryentasyon (*orientation program*) ang isinagawa ni Pitts para kina Rev. at Mrs. McCroskey tungkol sa kanilang gawaing pang-misyon at sa iba pang mga bagay na inaasahan mula sa kanila. Sa dahilang suot pa ng mag-asawa ang kanilang mga singsing na pangkasal, at ang istilo ng buhok ni Mrs. McCroskey ay maikli o tinatawag na "*bob cut*", pinayuhan sila ni Pitts na huwag nang isuot ang kanilang mga singsing kahit saan sila pumunta sa Pilipinas upang hindi ito lumikha ng anumang isyu o problema dahil kabilang ang mga ito ( ang pagsusuot ng singsing at pagpapaikli ng buhok ) sa mga mahigpit na ipinagbabawal sa ilalim ng alituntunin para sa misyon at simbahan sa Pilipinas.

Subalit wari'y naging bingi ang mga McCroskey sa payo ni Pitts; nanatili ang mga singsing at ang maikling buhok. Upang maiwasan ang anumang isyung maaaring idulot nito sa mga simbahan ng *Nazarene* sa mga *rural area* at mga manggagawa sa *Bible College*, nagpasya si Pitts na ilipat ang mga McCroskey sa Maynila upang doon sila tumulong sa pagpapalakas ng simbahan. Nang bumisita ang mga McCroskey sa campus ng *Luzon Nazarene Bible College* sa La Trinidad ay nagkaroon ng mainit na pagtatanong at diskusyon ang mga guro at estudyante sa *Bible College*. Unti-unting kumalat ang isyu ng singsing na pangkasal at maikling buhok mula sa *Bible College* hanggang sa mga simbahang lokal sa mga *rural area*. Mahabang panahon din itong naging usap-usapan sa mga simbahan.

Lalo pang lumalim ang mga kontrobersya nang dumako ang talakayan sa mga di-nasusulat na pagbabawal na pinanghahawakan ng mga ultra-konserbatibong misyonero ng *Church of the Nazarene*, tulad ni Pitts. Sinabi ni Cunningham sa isang artikulo,

[3] Rulloda, *The Church of the Nazarene,* 48.

Si Pitts -- na isa sa pinaka-konserbatibong *Nazarene* na kumakatawan sa simbahan -- ang sa simula pa'y nagpahayag na sa mga Filipino na ayon sa banal na pamumuhay, ang kababaihan ay hindi dapat magpaikli ng buhok, maglagay ng make-up, o magsuot ng anumang alahas kahit na singsing na pangkasal. Ang batayan ng katuruang ito ay nasa *literal* na kahulugan ng 1 Timoteo 2:9 at iba pang kaukulang mensahe sa Biblia.[4]

## Ang Krisis sa Distrito

Ang *District Assembly* na ginanap noong Mayo 1957 sa Pico *Church of the Nazarene* sa La Trinidad, Benguet ay inilarawang "nakababahala". Dama sa buong kapaligiran ang kawalan ng katiyakan. Sa simula ay maayos ang takbo ng Paunang Pagpupulong (*Preliminary Assembly*). Dito ay ipinakilala ang unang grupo ng mga nagsipagtapos sa *Nazarene Bible College*, na sina:

Teodora Cabancla
Carlino R. Fontanilla
Rebecca Pitong Fontanilla
Edison Jamandre
Jaime Galvez
Castillo Ongogan, at
Esmeraldo Factor.

Nagsimula ang tensyon, bagamat ito ay bahagya lamang, nang talakayin na ang mga pangunahing paksa sa kasunod na pagpupulong. Sa isang punto ng masusing talakayan ay tumayo si Joseph Pitts sa *assembly floor* at nagpahayag, "Ikinalulungkot naming magsalita hinggil sa kamunduhang nakapapasok sa mga gawaing pang-misyon dito sa Pilipinas."[5]

Tinukoy niya ang *double standard* o dalawang pamantayang pinaiiral sa pagkilos at istilo ng pamumuhay: Mayroong para sa mga misyonero, at iba naman ang para sa mga manggagawang Filipino sa *Bible College* at sa mga lokal na simbahan.

Nagsimula ang 1957 *District Assembly* sa ilalim ng ulap ng kawalan ng katiyakan, at natapos nang may higit pang kalabuan tungkol sa gawaing pang-kinabukasan ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas.

Nang matapos ang 1957 *District Assembly* ay pinulong ni Pitts, kasama si Pastor Marciano Encarnacion, ang mga pastor at manggagawa sa *Bible College Campus*. Dinaluhan ang pulong na ito nina:

---

[4] Floyd T. Cunningham, "The Early History," 60.

[5] Rulloda, *The Church of the Nazarene*, 43-44.

Marciano Encarnacion, pastor ng Baguio *City Church*
Edison Jamandre, *graduate* ng NBC
Esmeraldo Factor, *graduate* ng NBC
Victoriano Luzong, estudyante ng NBC
Irene Cacal, estudyante ng NBC mula sa Baguio *Church*
Jose Mejia Jr., estudyante ng NBC mula sa Baguio *Church*
Mr. Carpio, lay worker ng Baguio *Church*
Mrs. Espina, *lay Worker* ng Baguio *Church*
Marvin Paez, *Sunday school teacher* ng Baguio *Church*
Sebastian Veras mula sa Balacag Baler, Quezon, at
Ciriaco Jamandre ng Artacho, Pangasinan.

Sa pulong na ito ay siniguro ni Pitts sa mga pastor at mga manggagawa na ang simbahan sa Pilipinas ay nasa mabuting kamay. Tiniyak din niyang patuloy silang bibigyan ng suportang pinansyal tulad ng ipinangako ng mga kapatiran ng *Nazarene* sa Kentucky at Louisiana. Sa pagtatapos ng pulong, isang organisasyon ang nabuo, at ito ay tinawag na *Filipino Nazarene Ministers Association*. Pinaalalahanan silang maging matatag at magkaisa sa pagpapatupad ng pamantayan ng doktrina sa buhay pagpapabanal.[6]

Ang samahang nabanggit ay hindi nagtagal. Nang makarating sa *Board of General Superintendents* sa Kansas City ang krisis na bumalot sa 1957 *District Assembly,* tinawag nila si Pitts pabalik sa *U.S.* para sa isang maikling pamamahinga.

Nagpulong ang *Board of General Superintendents*, at dito ay napagpasiyahang ilipat si Pitts sa ibang mission field upang payapain ang sitwasyon. Mariin itong tinutulan ni Pitts sa katwirang nasa Pilipinas ang kanyang damdamin at malinaw na siya ay tinawag upang sa bansang ito niya paglingkuran ang Diyos. Dahil walang nangyaring pagkakasundo, nagbitiw si Pitts bilang misyonero ng *Church of the Nazarene*. Samantala, nagkaisa ang *Board of General Superindents* na italaga si Harry Weise bilang *Mission Superintendent*.

## Ang *Split* o Pagkakahati

Ang 1958 *District Assembly* ay idinaos sa Pico *Church of the Nazarene* sa La Trinidad, Benguet noong Mayo 13 - 16, 1958. Malaki ang kahalagahan nito sa kasaysayan dahil ito ang Ika-apat na Taunang Pagpupulong ng Simbahan sa Pilipinas (*Fourth Annual Assembly of the Philippine Church*), at kasabay pa nito ang pagdiriwang ng Ika-10 Anibersaryo ng Pagkakatatag ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas.

Ang *General Superintendent* na si Hugh C. Benner ang namuno sa

[6] Gil Sevidal, as shared by Edison Jamandre.

*District Assembly*. Itinampok dito ang Pag-uulat ng mga Pastor, Pag-uulat ni Roy Copelin bilang Director ng *Nazarene Bible College*, at Pag-uulat ni John W. Pattee tungkol sa Ika-10 Anibersaryo ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas. Nagbigay naman si Gil Sevidal ng isang natatanging pag-uulat -- mula sa pananaw ng isang pastor na Filipino -- tungkol sa mga pakinabang na natamo ng denominasyon sa loob ng 10 taon. Itinampok din ang ordinasyon ng mga unang pastor na Filipino, kabilang sina:

Carlino Fontanilla
Prisco Contado
Gil Sevidal (ayon sa pagbabahagi ni Edison Jamandre)
Geronimo Galindez
Jaime Galvez
Castillo Ongogan, at
Andres Valenzuela

Ang *ordination service* ay ginanap noong gabi ng ika-tatlong araw ng *Assembly*.[7] Nang ito ay matapos na ay humiling si Encarnacion kay *General Superintendent* Benner ng isang mahalagang pakikipagpulong kasama ang mga pastor. Ngunit ito ay hindi napagbigyan sa dahilang marami nang naging aktibidad ang *District Assembly* noong araw na iyon, at isa pa'y lumalalim na ang gabi Iminungkahi ni Benner na itakda ang pulong pagkatapos na ng *Assembly* sa mas tamang panahon.

Ika-16 ng Mayo, 1958 ang huling araw ng *District Assembly*. Bago pa natalakay sa pang-umagang sesyon ang panghuling mga paksa ng *Assembly* ay iniwan ni Encarnacion ang kapulungan kasama ang ilang pastor at mga *lay worker* ng Baguio *City Church*. Lumabas sila sa pintuan ng Pico *Church*, at tuluyan na nilang nilisan ang *Church of the Nazarene*. Nangyari na ang inaasahan *split* o pagkakahati.

Bumalik si Pitts sa Pilipinas bago matapos ang taong 1958 at dito ay nagtayo siya ng *Holiness Church of the Nazarene* kung saan siya ang naging *chairman* at si Encarnacion ang vice *chairman*.[8] Pagkaraan ng ilang buwan ay pinalitan ang pangalan nito ng *Nazarene Holiness Mission*. Nang magretiro si Pitts noong 1968 ay inilipat niya ang pamamahala ng simbahan sa *Church of the Bible Covenant*.

Samantala, itinalaga ng *General Board* sa Kansas City sina Rev. at Mrs. Charles Tryon bilang misyonero sa Pilipinas. Tumulong sila sa mga gawain sa Baguio *City Church* at sa pagtatayo ng gusali sa kalapit na *Nazarene Bible College*. Naging aktibo rin sila sa programang pang-ebanghelyo ng distrito. Apat na taon silang naglingkod sa bansa bilang misyonero bago sila pansamantalang nagpahinga.

[7] *District Assembly Journal, Fourth Annual Assembly of the Philippine District*, Church of the Nazarene (La Trinidad, Mt. Province, May 13 - 16, 1958), 29 - 36.

[8] Cunningham, "The Early History," 63.

Samantala, iminungkahi ng *Philippine Missionary Council* sa *General Board* na ilipat ang mga Tyron sa ibang *mission field*. Tumanggi ang mga Tryon; idinahilan nilang sila ay tinawag upang maglingkod sa Pilipinas. Dahil dito, sila ay nagbitiw bilang misyonero ng *Nazarene*.

Makalipas ang isang taon ay bumalik ang mga Tryon sa bansa at naki-anib kay Pitts sa pagpapalakas ng *Bible Covenant Church* sa Pilipinas. Ngunit nang lumaon ay nagkaroon sila ng di -pagkakasundo tungkol sa pamunuan. Ang samahan nina Pitts at ng mga Tyron ay humantong din sa hiwalayan. Sinimulang itayo ni Tyron ang *Bible Fellowship Church* at ang isang *Bible school* sa Bued, Binalonan, Pangasinan. Bumalik naman si Pitts sa *America*. Samantala, si Marciano Encarnacion at ang kanyang pamilya ay sumapi sa *Methodist Church of Baguio* na malapit sa *Baguio General Hospital*.

Noong 1961 ay isang liham ang ipinadala ni Encarnacion kay Harry Weise; nagsasaad ito ng kanyang pagsisisi sa kanyang naging pagkakamali. Aniya, " Nais kong magkaroon ng kapayapaan mula sa Diyos, at humihingi ako ng tawad sa iyo."[9] Lumayo si Encarnacion at ang kanyang pamilya ang *Bible Covenant Church*. Ilan din sa mga humiwalay sa *Church of the Nazarene* ang sumunod sa kanila.

Si Marciano Encarnacion ang nagtatag ng unang *Church of the Nazarene* sa Pilipinas. Siya ay dating parmasyutiko at *chief bacteriologist* sa *Baguio General Hospital.* Noong ika-11 ng Marso 1977, siya ay sumakabilang-buhay sa edad na 84. Isang memorial service ang inihandog ng *United Church of Christ in the Philippines* sa *Westside Burnham Park* sa Baguio *City*. Ang kanyang mga labi ay inilibing sa *Everlasting Memorial Park* sa Loakan, Baguio. Si Ernesto N. Rulloda ang naging kinatawan ng *Church of the Nazarene-Philippines* sa mga seremonya.

## Mga Naapektuhan ng *Split*

Tatlong pangunahing kongregasyon sa kapaligiran ng Hilaga at Gitnang Luzon ang nagtamo ng pinakamatinding tama sa nangyaring *split* o pagkakahati. Ito ay hindi lamang dahil sila ay malapit sa pinangyarihan nito, kundi dahil sa naging sanhi ito napagbaba ng bilang ng kanilang mga kasapi at paghina ng kanilang katayuan sa pananalapi.

### *Baguio City Church of the Nazarene*

Ang simbahang ito ay binuo at itinatag noong unang bahagi ng taong 1952. Si Marciano Encarnacion ang nagsilbing pastor nito sa tulong ni

[9] Wiese to Benner, August 23, 1961, in which was attached the letter from Encarnacion and others.

Pitts. Umabot sa 98 porsyento ng mga kasapi, o mga *charter member*, ang sumama sa hiwalayan. Narito ang talaan ng mga kasapi:

Rev. at Mrs. Marciano Encarnacion at ang kanilang pamilya, Jungletown, Baguio

G. Felino Boado at ang kanyang pamilya, City Camp, Baguio

Engr. at Gng. Marvin Paez at ang kanilang pamilya, Upper Jungletown, Baguio

G. Jose Mejia at ang kanyang pamilya, Guisad, Baguio

Gng. Rachel Carantes at ang kanyang anak, Honeymoon Road, Baguio

Gng. Padua at ang kanyang mga anak, Trancoville, Baguio

Gng. Espina at ang kanyang mga anak, Aurora Hill, Baguio

Pamilya Carpio, Guisad, Baguio

Gng. Salazar at kanyang mga anak, Aurora Hill, Baguio

G. at Gng. Rodolfo Rulloda at ang kanilang pamilya, Guisad, Baguio

Gng. Rodriguez at kanyang mga anak, Trancoville, Baguio City.

Nanatili ang pamilya Rulloda sa *Church of the Nazarene* nang maganap ang paghihiwalay.

Nang sumunod na Linggo pagkaraan ng pagkakahati, isinagawa ni Encarnacion at ng kanyang pangkat ang una nilang pananambahan (*worship service*) sa tahanan ng mga Mejia, na mga 800 yarda lamang ang layo mula sa simbahan ng *Nazarene*. Si Carlino Fontanilla ang itinalagang pastor ng Baguio *City Church*. Nang 1:30 ng hapon pagkatapos ng unang Linggo ng pagsamba makaraan ang pagkakahati, pumasok sa gusali ng simbahan sila Bayani Mejia at ang kanyang pinsan, kasama ang anak ng pastor na si Bee Encarnacion, at nilibot nila ang santuwaryo. Noong mga oras na iyon, si Fontanilla, kasama ang isang katulong, ay nagkakabit ng bumbilya sa kinalalagyan ng *piano* upang panatilihin itong mainit. Nang nagpaalam ang nakababatang Mejia at si Bee Encarnacion sa bagong pastor na sa kalaunan ay kukunin nila ang *piano* at ang mga *hymnal*, sinabihan sila ni Fontanilla na makukuha lamang nila ang pag-aaring ito ng simbahan pagkatapos nilang pag-usapan ito sa korte. Kailanman ay hindi na bumalik doon ang mga kabataan.

### *Binalonan Church of the Nazarene*

Higit sa kalahati ng mga kasapi ng Binalonan *Church of the Nazarene* ang sumali sa paghiwalay. Ang una nilang seremonya ng pagsamba pagkatapos ng naganap na paghiwalay ay idinaos sa Ochoco-Natividad compound, mga walong metro lamang ang layo mula sa pangunahing simbahan. Si Jamandre ang naging tagapanguna ng seremonya ng pagsamba.

Samantala, si Jaime Galvez, na noon ay nagpapastor sa Agbannawag Church sa Nueva Ecija, ay inilipat sa Binalonan *Church* upang magsilbing pastor nito. Sa dahilang halos lahat ng nananatili pang kongregasyon ay nasa Bued, na isang karatig- barangay, lumipat sila dito at nagsagawa mga serbisyo sa Geron *compound*.

***Paniqui Church of the Nazarene***

Bago ang pagkakahati ng simbahan, ang nagsilbing pastor ng Paniqui *Church of the Nazarene* tuwing katapusan ng Linggo ay si Victoriano Luzong na isang estudyante ng *Nazarene Bible College*. Ayon kay Luzong, dati siyang kasapi ng isang pailalim na kilusan (*underground movement* ) bago siya naging mananampalataya ng Diyos.

Ang unang seremonya ng pagsamba ng kongregasyon ay idinaos sa bahay ng isang dating miyembro sa Del Valle *Street* malapit sa *National Highway*. Kalaunan ay lumipat sila sa isang gusaling katabi ng *parsonage* ng *Nazarene church*. Ibinahagi ni Benjamin Manuel, ang pastor ng Paniqui *Nazarene Church*, ang kuwentong ito:

> Nalilito ang mga tao sa komunidad kung alin nga ba ang tunay na *Church of the Nazarene* dito dahil katabi lamang ng aming parsonage ang *Holiness Church of the Nazarene*. Ito ang lagi kong sinasabi sa kanila: "Tayo ang orihinal at tunay na *Church of the Nazarene*." Ayon sa isang di-kumpirmadong kuwento, isang Linggo ng gabi ay magkasabay na nagdaos ng programang pang-ebanghelyo ang dalawang kongregasyon. Sa parehong oras nila sinimulan ang kani-kanilang programa. Sa bahagi ng pagsambang pag-aawitan ay kapuwa nila kinanta ang mga pinakamamahal na awiting pang-ebanghelyo. Habang inaawit ng kongregasyon ng *Church of the Nazarene* ang "*Will There Be Stars In Your Crown,*" inaawit naman ng kongregasyon ng *Holiness Church of the Nazarene* ang " *No, Not One*."

## Ang Litigasyon

Noong huling bahagi ng 1958 ay bumalik si Pitts sa Pilipinas matapos siyang magbitiw bilang misyonero ng *Church of the Nazarene*. Binuo niya ang *Holiness Church of the Nazarene*; siya ang tumayong tagapangulo o *chairman* nito, at si Encarnacion naman ang pangalawang tagapangulo. Pinagkaisa ni Pitts ang mga pastor na umalis sa *Church of the Nazarene* at sinimulan ang pagpapalakas ng mga kongregasyon.

Sapagkat sa mga bahay at gusaling pansamantala lamang nagpupulong ang mga kongregasyon, nakita nila ang pangangailangan sa sariling gusaling pang-simbahan at iba pang mga pag-aari. Sa puntong ito, naisip ni

Pitts na kunin ang mga pag-aari ng *Church of the Nazarene* sa Baguio *City*, na binili noong panahong siya ang *Mission Superintendent.* Ang mga ito ay ang Baguio *City Church of the Nazarene* sa J. De Jesus St., sa Guisad, ang *Mission Home* sa Manzanillo Subdivision na nasa Guisad din sa Baguio City, at ang lahat ng pag-aari ng *Nazarene Bible College* sa Pico, La Trinidad, Benguet. Gumawa si Pitts ng isang pormal na paghiling at ito ay kanyang pinarating sa *Mission Superintendent* na si Harry Weise. Isinangguni ito ni Weise sa *Mission Council*, na nagpahayag ng pagtutol dito.

Noong huling bahagi ng 1959, naghain sina Pitts at Encarnacion ng demanda sa *Baguio City Fiscal's Office* sa Baguio *City* para sa mga pag-aaring nabanggit. Ang ilang pagdinig at mga pagpapaliban dito ay tumagal nang ilang buwan. Sa isang pagdinig ay inatasan ng piskal ang magkabilang panig na magsumite ng mga dokumentong kailangan sa paglilitis.. Humiling si Weise ng karagdagang panahon sapagkat ang mga dokumento ay manggagaling pa sa *General Headquarters* sa *Kansas City* .

Pinagbigyan ng piskal ang kahilingan ni Weise at hinintay ang mga dokumento mula sa Estados Unidos. Ang lahat ng pagdinig ay isinagawa sa *Office of the City Fiscal* sa *City Hall* sa Baguio City. Matapos ang maingat na pag-aaral, pagsisiyasat, at pagpapatibay sa mga dokumentong isinumite para sa pagsasaalang-alang ng korte, sa huling pagdinig noong 1962 ay tinanggihan ng korte ang demanda ni Pitts. Ayon sa hukuman, ang *General Board* ng *Church of the Nazarene* sa *Kansas City, Missouri* ang tanging may pagmamay-ari sa pinagtatalunang ari-arian. Ito ay batay sa mga dokumentong isinumite ni Weise, ang *mission superintendent* ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas.

Tinanggap nina Pitts at Encarnacion ang hatol ng hukuman.

## Ang Pagsulong at Paglago (1959-1996)

Mayroong umiiral na paniniwala na ang mga samahan ng simbahan ay hindi maaaring hindi uminog mula sa marubdob na damdaming pangkabataan at sa mahigpit na pagkapit sa mga paniniwalang pang-relihiyon, sa pagkakaroon na ng hustong



**Mga unang pastors kasama ang mga misyonero - 1959**

gulang na sumabay sa takbo ng mundo, at ang panlalanta at panunuyo ng espiritu. Gayunman, ang ganitong paniniwala ay hindi umaangkop sa ngayon sa kasaysayan ng buhay ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas. Salungat dito, ang simbahan sa Pilipinas bilang denominasyon ay tapat sa natatanging paniniwala nito sa doktrina at karanasan sa Pagpapabanal.

Bahagi ng katapatang ito ang pananalig at pagtalima ng kanyang mga kasapi sa saligan ng doktrina ng Bibliya, at ang matatag na disiplina ayon sa Pangkalahatang Alituntunin (*General Rules*) na nakapaloob sa *Church Manual*. Habang sumusulong ang simbahan ay naroroon ang patuloy na paghamon sa katapatan ng mga anak ng Diyos --- na tinawag na Filipino *Nazarene*--- tungo sa pagpapasigla ng kanilang paglilingkod para sa kapakanan at pagpapalawak ng Kaharian ng Diyos.

## Mga Unang Taon ng Pag-unlad
## (1959-1970)

Mula 1959 hanggang 1970 ay naranasan ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas ang makabuluhang pagsulong at paglago. Noong Mayo 1959, dumating sa Pilipinas sila Rev. at Mrs. Stanley Wilson upang maglingkod bilang misyonero. Agad silang naatasang magturo sa *Bible School* sa Iloilo. Taong 1959 din nang pagkalooban ang 10 pastor na Filipino ng lisensya bilang ministro, kasama ng pitong diakonesa sa Luzon.



**Mga asawa ng mga pastors at si Mrs. Wilson kasama ang kanilang mga anak**

Noong Nobyembre 1960, itinatag ang San Francisco Sudipen *Church* sa La Union at isang pag-aalay ang idinaos para sa gusali nito. Sa Luzon ay dalawang simbahan ang binuo noong 1961: ang Bangar *Church* sa La Union at ang Agbannawag *Church* sa Nueva Ecija. Ang mga gusali ng simbahan sa Cabanbanan at Mabanogbog sa Pangasinan ay itinayo nang walang salaping galing sa misyon, tulad din sa nangyari sa pagtatayo ng mga *parsonage* o tahanan ng mga pastor sa Paniqui, Carusocan at Agbannawag.[10] Sa Visayas, isang kapilyang yari sa kawayan ang itinayo sa Mangorocoro sa bayan ng Ajuy sa lalawigan ng Iloilo.

Noong Abril 1963, ang Isla ng Samar sa Visayas ay isinama sa pagpa-

[10] Rulloda, *The Church of the Nazarene*, 54.

palawak ng gawain. Sina Prisco Contado, ang pastor ng Iloilo *Church*, at ang kanyang pamilya ay lumipat sa Balangiga at doon ay nag-umpisa ng gawain at pananambahan sa kanilang bahay na nakatayo sa tayakad ( stilt house). Tumulong sa pagbubukas ng gawain ang mga mag-aaral ng *Bible School*. 39 Simbahan sa Buong Kapuluan.[11]

Nang magtungo si General Superintendent V.H. Lewis sa Pilipinas noong 1964, walong pastor na nakapagtapos sa *Bible College*. ang inordinahang *elder* para sa *full-time* na ministeryo. Sila ay ang mga sumusunod:

Meliton Bernabe
Elpidio Carnate
Cristobal Granado
Dominador Montecastro
Felimon Nava
Faustino Rosal
Bartolome Valdez, at
Miguel Zambrano.

Sa pagitan ng mga taong 1961 at 1965, apat na mag-asawang misyonero at isang babaeng misyonero ng dumating sa Pilipinas, at ito ay sina:

Rev. and Mrs. Charles Tryon
Rev. and Mrs. Ronald Beech
Rev. and Mrs. Robert Latham
Rev. and Mrs. Denny Owens, at
Ms. Norma Armstrong[12]

Sa patuloy na magkasanib na pagsisikap ng mga misyonero at mga nasyonal na manggagawa, 39 ang kabuuang bilang ng simbahang naitayo sa buong kapuluan. Mga bagong gawain ang pinasimulan sa Sara, Iloilo at sa Lobo, Batangas noong 1965. Ang mga nagpatala sa Sunday School sa buong bansa  ay umabot sa 3,982.

Makasaysayan din ang mga kaganapan noong ika-13 *District Assembly* ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas, na idinaos noong Pebrero 27 hanggang Marso 3, 1967 sa *Nazarene Bible College* sa La Trinidad, Benguet. Ito ay nagbigay-daan sa paghalal ng unang *assistant National District Superintendent* sa katauhan ni Andres C. Valenzuela. Sa kapulungang ito, walo pang ministro ang itinalaga ng *Presiding General Superintendent* na si George Coulter. Sila ay sina:

Felomino Balayo
Alejandrino Verceles
Jose Causing

[11] Rulloda, *The Church of the Nazarene*, 55.
[12] Rulloda, *The Church of the Nazarene*, 55.

Alipio Bustamante
Honorio Mateo Sr.
Rufino dela Peret
Nathaniel Detalo, at
Alfredo Morla.[13]

Sa sumunod na *District Assembly* noong taong 1968, nahalal si Valenzuela bilang *District Superintendent* sa pamamagitan ng botohan ng 'Oo' o 'Hindi' sa balota. Gayunman, naging mabagal ang pagsulong ng tunay na lokal na simbahan. Ang paghalal ng unang *National District Superintendent* ay naging malaking hakbang tungo sa ganoong direksyon.

Noong 1969, dahil sa pagsisikap ni Carlino Fontanilla na tumulong sa mga lokal na simbahan na makatayo sa sarili nilang lakas, ang Pico *Church of the Nazarene* sa La Trinidad, Benguet ang unang kongregasyong nahayag na may ganap nang kakayahang sustentuhan ang sariling pangangailangan. Tunay na sumigla ang simbahan -- at ito ay nagbigay ng magandang halimbawa upang maging huwaran ng buong distrito.

## Ang Paglago sa Kalaunang mga Taon (1971-1996)

Nagkaroon ng mahahalagang kaganapan sa *mission field* nang sumunod na dalawang taon. Dumating sa bansa sina Rev. at Mrs. Gordon Ingles, Rev. at Mrs. David Browning, at Miss Charlotte Wuster upang magbigay ng karagdagang lakas sa pangkat ng mga misyonero.

Noong Hunyo 23, 1971 naman ay natapos na ang tungkulin ni Rev. at Mrs. John Pattee bilang misyonero sa Pilipinas. Umabot sa dalawang dekada ang kanilang pagsisilbi sa Diyos sa *mission field* sa bansa. Apat na pastor -- na pawang nagsipagtapos sa *Nazarene Bible College*-- ang itinalaga noon. Sila ay sina:

Felipe Elardo
Rudy Manaois
Jerry Tingson, at
Ricareda Valenzuela

Ipinagdiwang ng simbahan ang ika-25 taon nito sa Pilipinas noong 1973 . Pinangunahan nina Superintendent Andres Valenzuela at Robert Browning ang isang natatanging pagpapatupad sa adhikain ng ebanghelyo. Sunod-sunod na kampanya sa pagpapalaganap ng ebanghelyo ang isinagawa sa buong bansa sa loob ng apat na buwan. Nagbunga ito ng pagdami ng mga kasapi ng simbahan, maging ang kanilang pagsapi ay ganap na o

[13] Rulloda, *The Church of the Nazarene*, 56 - 57.

isinasailalim pa lamang sa pagkilatis o probasyon. Humaba rin ang talaan ng dumadalo sa *Sunday School*, at tumaas ang mga kaloob at kalagayang pinansyal.

Sa pagtatapos ng 25 taon ay ito ang ipinakita ng estatistika: 45 kongregasyon ang nabuo; 36 ang mga lugar na naabot ng pangangaral; 1,414 ang naging ganap na kasapi at dumadaan pa sa probasyon; 5,773 ang naitalang bilang ng mga mag-aaral sa Sunday School; 20 ang naordinang ministro; at 18 pastor ang nabigyan ng lisensya.

Sa *District Assembly* noong 1973 ay lima pang pastor ang na-ordina ng *General Superintendent* at *District Assembly Presiding Officer* na si Eugene Stowe. Ito ay sina:

Antonio Galvez
Clemente Haban
Wilfredo Manaois
Ernesto N. Rulloda
Calvio Zambrano

Naging bahagi ng mabilis na paglago ng Simbahan sa Pilipinas ang ilang pagsubok o paghamon. Una dito ang di-madaling pangangasiwa sa mga lokal na simbahang itinayo sa iba't ibang dako, lalo na sa Visayas at Mindanao. Nagbigay din ng alalahanin sa mga pastor at sa iba pang mga manggagawa ang paglalakbay sa iba't ibang isla upang makadalo sa mga pagpupulong ng mga distrito.

Sa pagwawakas ng 1973 *District Assembly*, dalawang magka-ibang distrito ang binuo: ang Luzon *District* at ang Visayan *District*. Patuloy na nanilbihan si Andres Valenzuela bilang District Superintendent para sa Luzon, habang hinirang naman si Wilfredo Manaois bilang Assistant ng Mission Director para sa gawain sa Visayas. Si Manaois ay nahalal bilang *District Superintendent* noong 1975.

Ang pagkakabuo ng distrito ay nagsilbing daan upang ang denominasyon ay makaranas ng positibong paglago. Noong 1977, ayon sa ulat, ang Luzon *District* ay nagkaroon ng 2,047 kasapi ng simbahan, at 6,751 mag-aaral sa Sunday School. Walong mga bagong simbahang ang naitatag at walo pang simbahan ang nasimulan. Sa *Visayan District* naman, nakapag-ulat si Wilfredo Manaois ng kabuuang 40 kongregasyon na may 2,163 na kasapi, at 3,895 mag-aaral sa *Sunday School*.

Nang taong din iyon, dalawang bagong Pioneer Mission District ang binuo - ang Metro Manila *District* sa Luzon at ang *Central Visayan District*. Si Peter Burkhart, na dumating sa bansa noong nakaraang taon, ay hinirang bilang *District Superintendent* para sa Metro Manila *District*, habang si Denny Owens ay hinirang bilang *District Superintendent* para sa *Central Visayan District*.

Sa Lungsod ng Cebu, isang tatlong-palapag na gusali ang inupahan upang magamit ng *District Office* para sa tanggapan nito. Mayroon din itong isang silid-aralan para sa pagsasanay sa pamumuno, at isang silid para kina Rev. at Mrs. Denny Owens.

Sakop ng *Central Visayan District* ang Isla ng Samar at Leyte. Ang mga itinatag na simbahan sa mga lugar na ito ay nasa mga bayan ng Balangiga, Balangkayan, Magtino, San Antonio at Salcedo.

Ang *District Assembly* ng 1980 ay nagbigay ng bagong sukat at lawak sa pamunuan ng denominasyon. Naging simula ito ng pamunuang ganap na pang-buong bansa. Ang Luzon *District* ay naging *North Luzon District*. Nahalal na *District Superintendent* si Meliton Bernabe. Itinalaga naman si Andres Valenzuela bilang *District Superintendent* para sa Metro Manila *District*. Sa puntong ito, si Rev. Carlino Fontanilla ang naging Direktor ng *Nazarene Bible College* sa La Trinidad, Benguet sa pagtatalaga ni James Hudson, ang *Regional Coordinator* ng *Division of World Missions*.[14]



**Nazarene Bible College Choir sa pamumuno ni Neva Beech**

Sa *Western Visayan District,* nahalal si Jose Causing bilang *District Superintendent* matapos tumanggap ng bagong tungkulin si DS Wilfredo Manaois mula sa *Department of World Missions*. Sa *Central Visayan District* naman, si Honorio Mateo Sr. ay hinirang ng *General Superintendent* na si Dr. Charles Strickland bilang *District Superintendent*, kapalit ni Denny Owens. Sa loob ng apat na taon, mula 1978 hanggang 1982, nagbigay ng dagdag na lakas sa hanay ng mga misyonero sina:

Rev. at Mrs. Arthur Evans
Rev. at Mrs. William Fowler
Rev. at Mrs. Alvin Orchard
Rev. at Mrs. Kyle Green, at
Rev. at Mrs. Merrill Williams.

Si Ms. Eunice Marlin, na nakatalaga sa isang espesyal na tungkulin, ay naatasang maging *Career Missionary*.

[14] Rulloda, *The Church of the Nazarene*, 64.

Ang pagsisikap ng Pamunuang Filipino (*All-Filipino Leadership*) ay nagbigay daan sa katuparan ng *All-Philippine Preachers and Wives Conference* na ginanap sa *Asia-Pacific Nazarene Theological Seminary* (*APNTS*) Campus sa Taytay, Rizal noong Nobyembre 18 hanggang 24, 1981. Naging paksa ng pagpupulong ang "*The Year of the Minister.*" Si Mark Moore, ang *Education Services Director*, ang panauhing tagapagsalita.

Pagkaraan ng apat na taon, naganap ang *Second Conference* sa *Visayan Nazarene Bible College*-Cebu, na may temang "*Proclaiming Holiness For The Healing Of The Nation.*" Naging panauhing tagapagsalita naman sa pagkakataong iyon si E. Lebron Fairbanks, Presidente ng *APNTS*.

Sa *Fourth Annual District Assembly* ng *Central Visayan - Mindanao District* na ginanap sa Cebu noong Marso 19 hanggang 22, 1981, ipinahayag ni William Greathouse, *General Superintendent* at *Presiding Officer,* na ang Mindanao ay ibubukod bilang isang distrito. Itinalaga muli si Honorio Mateo Sr. bilang *District Superintendent* para sa *Central* Visayas, samantalang hinirang naman si William Fowler bilang *District Superintendent* para sa kauna-unahang distrito ng Mindanao.

Sa puntong ito, ipinahayag ni Donald Owens, *Regional Director for Asia - Pacific Region*, ang panukala ng *General Board* na magkaroon ng dalawang Konseho ng Misyon (*Mission Council*) sa Pilipinas - isa para sa Luzon at isa para sa Visayas at Mindanao.

Naging makabuluhan at makasaysayan ang pagtatag ng Bicol *District* sa Luzon noong taong iyon. Ang ministeryo para sa pagtatag ng simbahan (o *church planting*) sa Bicol ay nagsimula noong Septyembre 1981 nang ang *Nazarene Resource Center* ay itinayo sa Legazpi *City*.

Ang palatuntunan sa radyo, na pinamagatang "*The Good News Broadcast of the Bicol Church of the Nazarene*", ay isinahimpapawid sa Himpilan ng Radyo DWAS, ang *channel* sa Bicol ng *Far East Broadcasting Company* (*FEBC*), na naka-base sa Valenzuela, Bulacan. Ang proyektong ito ay sinimulan nila Rev. at Mrs. Peter Burkhart, bunga ng pagtatatag ng limang simbahan sa Iriga, Danao, Legazpi, Polangui at San Ramon.

Noong 1984 ay dumating mula sa Texas sina Rev. at Mrs. Danny Mcmahan para sa gawain ng misyon sa *Luzon Nazarene Bible College*.

Sa ika-pitong *Eastern Visayan District Assembly* noong Abril 4, 1983, opisyal na ipinahayag ni Donald Owens, ang *Asia - Pacific Regional Director*, ang paghahati ng Distrito sa dalawa: ang *Eastern Visayan District* at ang *Central Visayas* na sumasakop sa buong Lalawigan ng Cebu. Nagpatuloy magsilbi si William Fowler bilang *District Superintendent* para sa Cebu habang itinalaga naman si Stephen Azura bilang *District Superintendent* para sa *Eastern Visayan District*.

Samantala, naitala sa libro ng kasaysayan ang pagpapahayag ng *North*

*Luzon District* ng pagiging *regular* na distrito nito noong Abril 10, 1985. Tinanggap nito ang paghamong tumayo sa sariling sikap at magkaroon ng kakayahan sa pamamahala at pagpapalaganap bilang isang distritong may kasarinlan. Si *District Superintendent* Meliton Bernabe ay tumanggap ng parangal at masigabong palakpakan sa pagtatapos ng kanyang pag-uulat tungkol sa *District Assembly*. Si Donald Owens ay nag-abot ng isang *citation plaque* at ng halagang $12,000 bilang handog, na tinanggap ng *District Treasurer* na si Alejandrino Verceles. Si Merrill Williams, ang *Mission Council Chairman* para sa Luzon, ay nagbigay naman ng tsekeng nagkakahalaga ng P10,000 bilang panimulang pondo para sa *retirement plan* para sa mga pastor.

Sa loob ng tatlong taon matapos mabuo ang *Eastern Visayan District*, pinasok ni DS Stephen Azura ang mga pangunahing lalawigan ng Leyte, Northern Samar at Eastern Samar, at ang Lalawigan ng Biliran. Sa ika-9 na *Annual District Assembly* na ginanap sa Lungsod ng Tacloban noong Abril 15 hanggang 17, 1986, iniulat ni Azura na ang simbahan ay mayroon nang 508 kasapi at 1,062 mag-aaral sa *Sunday School*.

Subalit biglang nagluksa ang denominasyon ng *Nazarene* nang sa pagtatapos ng isang linggong *revival service*, si Azura ay pinagbabaril at napatay ng isang salarin habang siya ay palabas sa isang simbahang lokal matapos ang isang pagtitipon. Si Joel Detalo ang itinalaga ng *General Board of General Superintendents* bilang bagong *District Superintendent*.

Sa pagpupulong ng *District Assembly* sa buong bansa noong 1987, ipinakita sa mga pag-uulat ang patuloy na pagpapala ng Diyos sa mga gawain sa bansa. Nagkaroon man ng ilang pagbabago sa pamunuan sa antas ng distrito, ito ay hindi naging hadlang sa pag-usad ng gawain.

Iniulat ng Luzon *District Superintendent* na si Meliton Bernabe ang pagtatatag ng limang bagong simbahan sa Bad-ayan, Binaca, Marilao, San Antonio at Tayug. Umakyat sa 3,012 ang bilang ng mga kasapi ng simbahan; 4,378 na ang dumadalo sa *Sunday Schoo*l, at 46 na ang mga itinayong simbahan. g naitinayo.

Ayon sa ulat ni Herminio Tabuena, ang *Western Visayan District Superintendent*, nakapagtala ang simbahan ng 2,013 miyembro at 3,057 mag-aaral sa *Sunday School*. Mayroon nang 33 simbahang naitatag, at halagang P22,875 na ang badyet ng distrito. Sa ulat ni Joel Detalo, ang *Eastern Visayan District Superintendent*, ang kabuuang bilang ng kasapi ng simbahan ay umabot sa 561; 1,222 ang nasa talaan ng Sunday School, at 12 ang mga nabuong simbahan..

Sa Metro Manila, 11 simbahan na may tatlong punto ng pangangaral ang naitatag, ayon sa pagbabalita ni DS Andres Valenzuela.

Sa talaan, ang kabuuang bilang ng mga kasapi ay 863 kasapi at 1,213

naman ang bilang ng mga dumalo sa *Sunday School*. Nakalikom ang distrito ng P75,480 para sa badyet nito.

Para sa Bicol *District*, ito ang ulat ni Peter Burkhart: 692 na mga miyembro; 1,077 ang mag-aaral na nakatala sa *Sunday School*; at 16 ang mga nabuong ganap na simbahan.

Sa *Central Visayas*, ayon sa balita ni DS Jose Causing ay 175 na ang ganap nang mga kasapi; 73 ang mga kasaping sumasailalim pa sa probasyon; 565 ang nasa talaan sa *Sunday School*; anim na simbahan na ang naitatag; at tatlong kongregasyon ang nakatuon sa gawain ng misyon.

Mula sa ulat tungkol sa *West Mindanao District* na binuo sa ilalim ng pamumuno ni DS Filomeno Balayo Jr., 13 simbahan na ang naitayo; 283 ang mga kasapi; at 706 ang mag-aaral sa *Sunday School*.

Para sa *Southern* Tagalog, ibinalita ni DS Robert McCroskey na mayroon nang anim na mga bagong kongregasyon sa mga bayan ng Tanza, Dasmarinas, Calumpang, Carmona at Indang sa Lalawigan ng Cavite. Umabot sa 122 ang mga kasapi dito at 219 ang nakarehistro sa *Sunday School*.[15]

Makabuluhan din ang mga pangyayari sa pagitan ng 1987 at 1988. Si Clemente Haban ang nangasiwa sa pamamahala ng *Metro Manila District* nang lumisan sila Rev. At Mrs. Andres Valenzuela papuntang Estados Unidos upang makapagsimula ng gawain ng mga Filipinong *Nazarene* sa Vallejo, California.

Si Rufino dela Peret ay itinalaga bilang *District Superintendent* ng Bicol *District*, kapalit ni Peter Burkhart na pansamantalang nagpahinga. Nadagdagan ang lakas ng hanay ng mga misyonero sa pagdating ni Ms. Rhonda Brown na itinalaga sa *Faith Academy* sa Maynila, at nina Rev. at Mrs. Duane Baty at Rev. at Mrs. Timothy Trout, na kaagad na nagtungo sa Paaralan ng Wika (*Language School*) sa Batangas upang mag-aral ng wikang Tagalog.

Ang dalawang Konseho ng Misyon (*Mission Councils*) na binuo sa nakaraang panahon ay pinangunahan ni Merrill Williams para sa Luzon *Field* at ni Kyle Greene para sa Visayan-Mindanao *Field*. Sa pagdaan ng mga taon, nakapagpadala ang *Division of World Missions* ng 22 mag-asawang misyonero, at limang mga babaeng misyonero sa bansa. Apat sa mga mag-asawang misyonero ang nakaabot sa edad ng pagreretiro matapos ang kanilang pagsisilbi sa Larangan ng Misyon sa Pilipinas (*Philippine Field*) nang mahigit sa dalawang dekada. Sila ay sina:

John and Lillian W. Pattee
Roy and Erna Copelin, at
Robert and Tillie McCroskey Sr.

[15] Rulloda, *The Church of the Nazarene*, 74 - 75.

Ronald and Neva Beech

Sa Metro Manila District, sumapi sa *Church of the Nazarene* ang isang nakababatang *Methodist* at *banker*, si Virgilio "Verne" Tamayo III. Dating ministro sa *Church of the Nazarene* ang pastor ni Verne Tamayo noong siya ay nasa *Methodist* pa. At minsan sa nakaraan ay nakadalo si Verne Tamayo sa isang *camp* sa *Nazarene Bible College* sa La Trinidad, Benguet. Kasama niya sa pagsapi ang kanyang asawa, si Lucinda Tamayo, at si Judge Josias Guinto na isang kilalang miyembro ng *Methodist Church*. Kasama sila Servillano D. Gomez at Severino Ruiz na mga naglingkod bilang mga ebanghelista o mga tagapangaral ng mga Tamayos. Pinangarap nila ang magtayo ng mga simbahan sa bawat barangay at bayan simula Taytay, Antipolo, Teresa, at iba pa. Sa barrio ng Bugarin sa Pililla, Rizal, ay naitayo ni Guinto ang isang simbahan na kanya ring pinagpastoran.

Si Tamayo ay tumulong sa simbahan ng *Nazarene* sa Antipolo. Sa punto ng kanyang pangangaral, tulad ni John Patee, si Tamayo ay nagkaroon ng kakayahang tumukoy kung sino sa mga kabataang lalaki ang maaaring sumagot sa tawag ng ministeryo. Ipinadala niya ang mga kabataang ito sa *Luzon Nazarene Bible College* at sa *Visayan Nazarene Bible College*. Nakakuha si Tamayo ng kredito mula sa *Asia Pacific Nazarene Theological Seminary* (*APNTS*) para siya ay ma-ordinahan bilang *elder*. Kalaunan, siya ay naging *District Superindent* hanggang sa kanyang biglang pagyao noong 1999.

Magmula nang ang *Church of the Nazarene* sa Pilipinas ay itinatag noong 1946 hanggang sa taong 1988, ang kahanga-hangang Balita ng Kaligtasan at ang kamanghang-manghang karanasan sa Pagpapabanal sa Biyaya ng Diyos ay nadala at naipadama sa tatlong pangunahing isla ng Pilipinas. Ang gawaing nagsimula sa ibaba ay lumaganap at nagbigay-daan sa pagtatatag ng 165 simbahan, pag-ordina ng 71 ministro, at pagbibigay ng lisensya sa 108 ministro. Ang mga kasapi ng simbahan ay umabot sa noon ay pinakamataas na bilang na 9,485; samantalang umabot sa 13,846 ang naitalang mag-aaral sa *Sunday School*.[16]

## Ang Pagpapalaganap at mga Institusyong Pang-edukasyon

Natatangi ang pagsisikap na iniuukol ng *Church of the Nazarene* sa hinihingi ng Biblia tungkol sa pagpapalaganap ng kabanalan. Ito ay isinasagawa ng simbahan sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga institusyong nagsasanay sa mga kabataan at iba pang mananampalataya sa mga gawaing pang-ministeryo. Malaki ang pagpapahalaga ng denominasyon sa edu-

[16] Rulloda, *The Church of the Nazarene*, 76.

kasyong pang-Kristiyano para sa kabataan. Matibay ang paniniwala ng mga *founding father* o mga amang nagtatag ng denominasyon sa kahalagahan ng mga paaralan, kolehiyo, seminaryo at pamantasan sa pagtuturo at pagsasanay sa mga magiging tagapamuno ng simbahan sa pagpapalawak ng pananaw at pagpapalawig ng mga palatuntunang magpapalaganap ng mensahe ng kabanalan.

Tatlong institusyong pang-edukasyon ang itinayo sa Pilipinas at nagbigay ng mahalagang kontribusyon sa makasaysayang paglalakbay ng simbahan.

## *Luzon Nazarene Bible College* (1952 - 1995)

Ang *Luzon Nazarene Bible College* ay itinayo sa isang apat at kalahating ektaryang pag-aari sa Pico Road sa La Trinidad, Benguet. Ang $9,250 na ginastos dito ay dating nakalaan para sa isang *Bible School* sa Tsina ng *Women' Foreign Missionary Society* bilang parangal kay Mrs. Susan Fitkin, ang unang pangulo ng organisasyon.


**Mga estudyanteng bisaya kasama si Prof. Enrique Cainglet**

Ang lupa ay binili noong Enero 1952, at ang pagtatayo ng gusali ay kaagad na sinimulan. Opisyal na nag-umpisa ang kolehiyo noong Agosto 6, 1952, kung saan si John W. Pattee ang nagsilbing Director at 37 estudyante ang nagpatala.

Ang programang pang-akademiko ay may dalawang kurso: ang *Bachelor of Theology degree* at ang *Christian Worker's diploma*. Ang unang kurso na para sa mga nakatapos ng *high school* ay may kurikulum na pang apat na taon at isang taong *field work*. Ang ikalawang kurso--na para naman sa mga hindi nakatapos ng *high school*-- ay may programang pang- apat na taon. Noong 1963, ang *Bachelor of Theology degree* ay ginawang limang taon, at isa pang taon para sa *field work*. Bukod sa *Christian Worker's Diploma* na pang apat na taon ay nagkaroon din ng *Christian Worker's Certificate Program* na pang-dalawang taon.

Mula noong 1952 nang umpisahan ang mga programang akademiko hanggang 1963 ay 49 estudyante ang nakapagtapos--32 sa kursong *Bache-*

*lor of Theology* at 17 sa kursong *Christian Worker's Certificate.*[17]

Noong 1967, pinalawig ng *Christian Education Department* ang programa upang ang mga estudyante ay mabigyan ng pagkakataong makakuha ng kursong ng *Bachelor of Religious Education* na ang konsentrasyon ay sa pagtuturo sa kindergarten. Apat na estudyante ang nakatapos sa kursong ito noong 1969. Tumaas ang bilang ng mga estudyanteng noong dekada sitenta.

Sa Ika- 26 na *Annual District Assembly* na ginanap sa *NBC College Church* noong Abril 1980, ang pagtatalaga kay Carlino Fontanilla bilang unang Direktor na Filipino ng *Nazarene Bible College* ay opisyal na ipinahayag ni James Hudson, ang *Regional Coordinator* para sa *Division of World Mission*. Isa ito sa mga hakbang tungo sa pagkakaroon ng ganap na pamunuang pang-buong bansa sa iba't ibang ministeryo ng denominasyon.



**Mga Faculty ng LNBC noong 1990s**

Noong Mayo 1983, si Ernesto N. Rulloda ay itinalaga ni Donald Owens, ang *Asia-Pacific Regional Director*, bilang Pangulo ng *Nazarene Bible College* sa pagsang-ayon ng *Board of General Superintendents*. Noong 1984, umabot ang bilang ng mga nagpatalang mag-aaral sa 113; ito ang pinakamataas na bilang sa panahong iyon. Nang sumunod na taon ay limang estudyante pa ang nagpatala.

Dahil sa pagtaas ng bilang ng estudyante ay kinailangan ang karagdagang lugar para sa dormitoryo ng mga lalaking mag-aaral. Noong 1986 ay nangalap ang Kolehiyo ng pondo para sa pagpapatayo ng isang bagong gusaling may dalawang-palapag para sa dormitoryo. Ang *Luzon District NWMS* ay nagbigay ng donasyon para sa mga kasangkapan. Noong 1990 ay pinalaki ang *College Dining Hall* sa tulong ng *West Texas District Work and Witness Team* at ng *South Korea Work and Witness Team*. Tinawag itong McCroskey's Hall bilang parangal sa mga misyonerong sina Rev. and Mrs. Robert McCroskey Sr.

Taong 1991 nang ang *Nazarene Bible College* ay nabigyan ng akreditasyon ng *Philippine Association of Bible and Theological School (PABATS)*, at ng *Asia Theological Association (ATA)*. Ang *LNBC* ay kinilala ng *International Board of Education* (IBOE) ng *Church of the Nazarene* bilang

[17] Rulloda, *The Church of the Nazarene*, 78.

U-Level na kasaping institusyon.

Noong 1993, kinilala ng Pamahalaan ng Pilipinas ang *Nazarene Bible College* bilang isa sa mga ganap nang kolehiyo at pamantasan sa *Cordillera Administrative Region* (*CAR*) at maging sa buong bansa. Pinagtibay din ang mga kursong itinuturo dito.

Nang magpasa ang Kolehiyo sa *Department of Education, Culture and Sports* (*DECS*) ng mga dokumento para sa aplikasyon noong 1994, nagsagawa ang *DECS* ng inspeksyon ng paaralan at mga panayam. Bago natapos ang taong iyon, kinilala ng *CHED* ang Kolehiyo bilang kauna-unahang institusyong pang-teolohiya sa *Cordillera Administrative Region* at pangalawa sa buong bansa.

Nabigyan din ng rekognisyon ng pamahalaan ang *Snow White Nazarene Child Center*, ang *training school* ng Kolehiyo para sa mga guro.

Noong May 1995, naging *host* ang *Luzon Nazarene Bible College* ng *Commission on Higher Education* (*CHED*) *National Leadership Conference* na dinaluhan ng mga *regional director* at superbisor nito sa buong Pilipinas. Mainit ang naging pagtanggap ng Kolehiyo sa mga dumalo sa komperensya. Isang panalangin ang inihandog ni Rulloda sa pagbubukas ng pagpupulong.

Mula noong 1952 hanggang 1995, limang misyonerong Amerikano at dalawang Filipino ang humawak ng panguluhan ng Kolehiyo. Sila ay sina:

John W. Pattee, 1952-1954
Adrian Rosa, 1955
Roy Copelin,1956-1962
Lillian Pattee, 1963-1970
Ronald Beech, 1971-1973
Carlino Fontanilla, 1974-1976
Roy Copelin, 1977-1979,
Carlino Fontanilla, 1980-1982
Ernesto N. Rulloda, May, 1983 - 2001.[18]

Sa pagsulong ng panahon, ipinagpatuloy ng *Nazarene Bible College* ang pagsulat ng kanyang kasaysayan sa biyaya ng Makapangyarihang Diyos.

## *Visayan Nazarene Bible College* (1962 - 1995)

Noong mga unang taon ng 1962, nagkaroon ang denominasyon ng simulaing magtayo ng isang *Bible School* sa Visayas. Ang pangarap na ito ay natupad noong June 1964 nang maitayo ang paaralan sa isang nabiling

[18] Rulloda, *The Church of the Nazarene*, 79.

lupa sa Zamora Street sa Iloilo City. Taong 1964 din nagsimula ang opisyal na *school year*; 15 estudyante ang nagpatala.

Ang unang programang pang-akademiko ng Kolehiyo ay ang *Christian Worker's Certificate* para sa *Christian leadership* sa mga lokal na simbahan. Isa itong kursong pang-dalawang taon. Sa tawag ng *full-time Christian service* ay maaaring ipagpatuloy ng isang estudyante ang kanyang pag-aaral sa *Luzon Nazarene Bible College* sa La Trinidad, Benguet para sa kursong pangministeryo tungo sa *Bachelor of Theology degree*. Ang kursong pang-dalawang taon ay isinakatuparan noon 1972, samantalang ang kursong pang-apat na taon para sa *Bachelor of Theology degree* ay sinimulan noon 1973. Noong 1978 ay pinalawig ang kurso sa limang taon at isa pang karagdagang taon para sa field work.

Nagpatuloy ang paglago ng Kolehiyo, at dahil kinailangan ang mas malaking lugar, ang pag-aari ay ipinagbili noong May 1986. Inilipat ang Kolehiyo sa Cebu City, na mas gitnang lugar, at opisyal na nagsimula ang mga klase noong 1987. Ang ginawang paglipat ay nagbunga ng pagtaas ng talaan ng mga estudyante; ito ay umabot sa 92, ang pinakamataas sa panahong iyon.[19]

Bilang isang institusyong Kristiyano, sinikap ng *Visayan Nazarene Bible College* na makapagsanay ng mga tagapamunong Kristiyanong handang mag-alay ng kanilang buhay at lakas sa pagpapalago ng misyon, at sa pagpapanibagong-buhay ng mga pamayanan, lungsod, at ng mundo para kay Hesukristo.[20]

Apat na misyonerong Amerikano at tatlong Filipino ang naglingkod bilang pangulo ng Kolehiyo. Ito ay sina:

Stanley Wilson, 1964-1972
Wilfredo Manaois, 1973
Roy Copelin, 1974-1977
Stanley Wilson, 1978
Denny Owens, 1979-1980
Florencio Angeles, 1980-1981
Alvin Orchard, 1986-1987, at
Julie Macainan, 1988-2011.

Ang pagsulat ng kasaysayan ay ipinagpatuloy ng Kolehiyo sa pag-usad ng panahon--- sa pagpapala ng Diyos na Makapangyarihan.

[19] see https://www.vnbc.edu.ph/index.php?page=about
[20] https://www.vnbc.edu.ph/index.php?page=about

## *Asia-Pacific Nazarene Theological Seminary* (1982 – 1995)

Sa simula, ang seminaryong ito ay binalangkas bilang sangay ng *Nazarene Theological Seminary* sa Kansas City, Missouri. Ito ang kauna-unahang seminaryo sa labas ng Estados Unidos. Nakamit nito ang kasarinlan noong Setyembre 22, 1982 sa pagsisikap ng *Founding President* na si Donald Owens. Sa kanyang rekomendasyon, ang paaralang ito ay binigyan ng *Division of World Mission* ng *Church of the Nazarene* ng bagong pangalan: *Asia-Pacific Nazarene Theological Seminary (APNTS).*[21]

Bumili ang Seminaryo ng 4.5 na ektaryang lupa na noon ay nasa pagmamay-ari ng *Children's Garden Orphanage* sa ilalim ng pamamahala ng *Methodist Church.* Mayroon nang ilang gusali sa lupang ito nang ito ay mabili. Inayos ang mga gusaling ito para sa mga guro at mag-aaral sa loob ng *campus*. Isa pang gusali ang itinayo para sa mga silid-aralan at *Administration Building.*

Noong 1983, ang APNTS ay pinayagan ng Kagawaran ng Hustisya na tumanggap ng mga hindi *immigrant* na estudyante. Opisyal na sinimulan ang regular na klase noong Nobyembre 14, 1983 kasabay ng pagtatalaga sa mga unang guro ng Seminaryo, na sina:

Donald Owens
Floyd Cunningham
Ronald and Neva Beech
Angelito Agbuya.

Sa 23 estudyanteng nagpatala, tatlo ang *full-time* at 20 ang *part time.* Makabuluhang isaalang-alang na silang lahat ay pawang mga Filipino.[22]

Sa unang bahagi ng *school year* 1984, nagbitiw sa tungkulin si Donald Owens bilang Presidente ng Seminaryo dahil noon ay ginagampanan din niya ang tungkulin ng *Regional Director* ng *Asia-Pacific Church of the Nazarene*, bagay na naging mabigatpara sa kanya. Noong Abril 1984, nagkaisa ang B*oard of General Superintendents* na ihalal si E. LeBron Fairbanks bilang Presidente ng Seminaryo. Dati, si Fairbanks ay naglingkod bilang *Academic Dean* ng *Nazarene Bible College*, at *Adjunct Professor* sa *Southern Nazarene University* sa Oklahoma.[23]

Apat na estudyante na napagkalooban ng degree sa unang seremonya ng pagtatapos noong Abril, 1986. Ang mga nagsipagtapos na ito ay sina:

Clemente Haban, M.Div.
Jayaraj Krishnam, M Div.

---

[21] see https://www.apnts.edu.ph/
[22] https://www.apnts.edu.ph/
[23] https://www.apnts.edu.ph/

Carol Benzonan, MRE, at
Kim, Soung-Gon, MRE[24]

Noong Disyembre 6, 1986 ay matagumpay na nakakuha ang Seminaryo ng permiso mula sa Pamahalaan ng Pilipinas upang makapagturo dito ng mga kursong pang-akademiko. Noong Agosto 1988, ang Seminaryo ay pinagkalooban ng ganap na rekognisyon o pagkilala ng pamahalaan.

Taong 1989 nang humalili si John M. Nielson kay Fairbanks bilang Presidente ng Seminaryo. Bago ito nangyari, si Nielson ay nagsilbi bilang Bise Presidente ng *Eastern Nazarene College*. Dati rin siyang misyonero sa Denmark kasama ang kanyang maybahay na si Janice. Sa ilalim ng pamumuno ni Nielson, ang Seminaryo ay gumawa ng *computer* o *digital files* ng mga talaan at dokumentaryo ng *Accounting Office, Library* at ng *Registrar*. Nagbigay din siya ng *scholarship* hindi lamang sa mga mag-aaral na *Nazarene* kundi pati na rin sa mga estudyanteng hindi *Nazarene* sa *Asia at Pacific Region*.[25]

Ang *Fairbanks Media Center* ay itinayo noong 1993 upang ang mga estudyante ng Seminaryo ay makakuha rin ng *Master of Arts degree in Religious Education*, na ang *major* ay *Communication*. Pagkaraan ng tatlong taon, kinilala ng C*ommission on Higher Education* ang nasabing *degree program* na tinawag na *Master of Arts in Christian Communication* (*MACC*).

Bilang isang institusyong kinilala ng Pamahalaan ng Pilipinas, ang *Asia-Pacific Nazarene Theological Seminary* ay pinayagan ng Kagawaran ng Katarungan (*Department of Justice*) na tumanggap ng mga estudyanteng non- immigrant ang visa o pansamantala lamang na naninirahan sa bansa.

Nabigyan din ng akreditasyon ang *Asia-Pacific Nazarene Theological Seminary* ng *Association for Theological Education in South East Asia* (*ATESEA*), *Asia Theological Association* (*ATA*), at *Philippine Association of Bible and Theological Schools* (*PABATS*) bilang kasapi ng International Board of Education (*IBOE*) *of the Church of the Nazarene*.[26]

Nasaksihan sa mga sumunod pang taon ang mabilis na paglago at pag-unlad ng Seminaryo sa lahat ng uri at aspeto ng kanyang pagpupunyagi.

## Pangwakas na Salita

Sinasabing ang paglago at paglawak ay dumadaan din sa hirap at pag-


[24] https://www.apnts.edu.ph/
[25] https://www.apnts.edu.ph/
[26] https://www.apnts.edu.ph/accreditation and validation.

subok. Itinuturo ng sangay ng kaalamang tinatawag na *biological engineering* na ang proseso ng pagtulak, paghila, paghihiwalay at paglilinis ay isang prinsipyo sa aktibong paglago ng mga bagay. Inilalarawan ng kasaysayan ng Kristiyanismo ang gayon ding prinsiyo ng paglago at paglaganap ayon sa mga pagsubok at kahirapang nangyari sa loob at labas nito.

Ang misyon ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas ay dumaan sa maigting na mga pagsubok sa loob nito, at sa mga pakikibaka, kung hindi man pang-aapi, na hinarap nito mula sa labas. Ang pagsisikap at pagtitiyaga ng mga unang *Nazarene* noong mga taon ng matitinding kaguluhan ang nagsilbing tulay ng simbahan sa paglalakbay nito mula sa kawalan ng katiyakan tungo sa mga bagong paghamon at pagkakataon sa mga sumunod na 25 taon.


Nang ipagdiwang ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas ang *Golden Anniversary* o Ika-50 Taon nito noong 1996, ipinagbunyi ng mga *Nazarene* ang nakaraan, at tinanaw din nila ang kinabukasan taglay ang mas malaking pag-asa at mas malakas na diwang Kristiyano. Ang temang pinili ng mga tagapamuno ng simbahan para sa pagdiriwang ay "Ang Dobleng Bahagi ng Iyong Espiritu" ( "*A Double Portion of Your Spirit*"). Tunay ngang ang bagong araw na iyon ay isang bagong buhay na pinag-alab ng apoy ng Banal na Espiritu.

**TIMELINE 1971 – 1986**
**From 25th Anniversary to A Regular District**



**TIMELINE 1987-1994**

From Two Mission Councils to One Mission Field



# Ika-Tatlong Bahagi
## Mga Pagbabagong-Kalagayan at Pag-asa
## (1995-2021)



## Panimula

Ang araw ay hindi lumulubog sa *Church of the Nazarene*." Ito ang kasabihan at paniniwala ni Phineas Bresee, isa sa mga ama o *founding father ng Church of the Nazarene*. Tunay ngang ayon sa isinasaad nito, ang kinabukasan ng ating simbahan ay kasing liwanag ng mga pangako ng Diyos.

Ang mga *Nazarene* noong unang panahon ay nanalig sa sinabi ni Hesus kay Pedro tungkol sa Kanyang simbahan, "At sinasabi ko sa iyo, ikaw ay si Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iklesia, at ang pintuan ng impyerno ay hindi magtatagumpay laban sa kanya." ( Mateo 16:18 ). Ang ganitong espiritu ng pananampalataya at determinasyon ay nakita sa mga nagtatag ng unang *Church of the Nazarene* sa Pilipinas; sila ang mga misyonero at tagapamunong nasyonal. Taglay nila ang pananaw na ang simbahan ay mananatili at patuloy na uunlad sa kanyang misyong maibahagi sa mga Filipino ang mensahe ng kabanalan. Bilang isang simbahang pangmisyon o *missional*, ang *Church of the Nazarene* sa Pilipinas ay nagpunyagi sa pagpapalaganap ng banal na apoy ng Diyos at sa pagdadala ng espiritu at kapangyarihan ng Diyos saan man siya dumako. Itinuon nito ang gawain sa pangangaral ng kabanalan lalo na sa mga mahihirap sa mga isla ng Luzon, Visayas, at Mindanao.

Ang kalagitnaan ng 1990s ay nagsilbing isang bagong larangan ng paglilinang para sa *Church of the Nazarene* sa Pilipinas. Maraming pagbabago ang kanyang pinagdaanan -- mula sa kanyang pagsilang hanggang sa kanyang paglago ayon sa gulong ng buhay ng simbahan.[1] Naranasan

[1] See Richard E. Meeks' paper on *The Life Cycle of the Church Leadership Team "Talk Sheet"*, https://www.dohio.org/EpiscopalDioceseOfOhio/media/EpiscopalDioceseOfOhioMedia/Our%20Diocese/Resources/Documents/Life_Cycle_of_a_Church_talk_sheet.pdf. For various interpretations of the congregational life cycle, see Martin F. Saarinen, *The Life Cycle of a Congregation* (Washington, D.C.: Alban Institute, 1986); Arlin J. Rothauge, *The Life Cycle in Congregations:*

nito ang pagtaas at pagbaba, ang tagumpay at kasiglahan, at ang kabiguan at pananamlay sa kanyang mga ministeryo bilang isang lumalaking denominasyon. Ang kanyang pagharap sa maiigting na kalagayan at mga paghamon noong unang 50 taon ay nagpatunay na handa na siya para sa isa pang antas ng pag-unlad-- ang kapanahunan ng karunungan. Nagbigay-daan ito sa simbahan para sa mga pagbabago at simulain, at ito ang inilalarawan ng kabanatang ito: ang kasaysayan ng simbahan sa mga huling 25 taon mula 1997 hanggang 2021.

Ang buhay at gawain ng simbahan sa mga huling 25 taon nito ay nabigyan ng mas makabuluhan pang kahulugan sa pagsibol ng mga tagapamunong nasyonal at sa mga pagbabagong naganap ayon sa pagsisikap ng mga misyonero sa larangan ng gawain. Ang mga misyonerong sina Robert Craft (1995-2001) at David Phillips (2001-2010) ay naging katuwang sa paglilingkod ng mga tagapamunong nasyonal.

Nang si Craft ay itinalagang *field director*, pinili niyang maging tagapagsanay ng mga tagapamunong nasyonal. Ayon sa kanya, "*coaching*" ang ginamit niyang pamamaraan sa paggabay sa mga tagapamunong Filipino upang maitaas pa ang kanilang kakayahang mamuno. Sinikap niyang maging isang "*listening leader*" o isang tagapakinig na bukas ang isipan sa pagsasanay sa mga tagapamunong Filipino sa pagsasagawa ng malalaking desisyon tungkol sa pamamahagi ng ebanghelyo, paglutas ng mga suliranin, at pagbalangkas ng mga paraang magpapalago sa mga simbahan at distrito.[2]

Noong 2001, si Phillips ay itinalaga bilang *Field Strategy Coordinator*. Sinabi ni Phillips na ang pangalang *Field Strategy Coordinator* ay nagsasalarawan ng bagong direksyon para sa *Global Missions*. Aniya, ang "*Field*" ay hindi nag-uutos kundi nag-uugnay at nagtutugma sa mga pamamaraan o estratehiya sa gawain. Sa pagtanggap ng mga tagapamunong nasyonal ng kanilang kaukulang tungkulin at responsibilidad, inihanda ng *Church of the Nazarene* ang daan tungo sa "*indigenization*" -- pagsasalin sa mga tagapamunong Filipino ng pamamahala sa mga lokal na simbahan. Ito ay upang sa darating na panahon, ang paglago ng simbahang *Nazarene* ay hindi na nakasalalay sa kamay ng mga misyonero kundi sa katapatan at malasakit ng mga kasapi nitong Filipino. Pangunahin dito ang katapatan at pagmamahal ng simbahan sa pamamahagi ng Mabuting Balita bilang mga alagad ng Diyos, tulad ng ginawa ng mga unang *Nazarene*. Ito ang magsusulong sa masigasig na "pagtatanim ng simbahan" at sa paglago ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas.

---

*A Process of Natural Creation and an Opportunity for New Creation*; Alice Mann, *Can Our Church Live?: Redeveloping Congregations in Decline* (Bethesda, Md.: Alban Institute, 1999).

[2] Robert Craft, interview of author, October 25, 2021.

# Pangangaral ng Ebanghelyo, Pagdidisipulo, at Paglago ng Simbahan

Nasa kasaysayan na magmula noong mga unang taon (1946-1970) hanggang sa mga taon ng paglago (1971-1995) ay lumaganap ang simbahang *Nazarene* hindi lamang sa Luzon at sa Visayas, kundi pati sa Mindanao. Ang gawain sa Mindanao bilang bahagi ng distrito ng *Central* Visayas ay opisyal na sinimulan noong dekada otsenta sa pamumuno ni Honorio C. Mateo. Noong 1981, pinagtibay ni *General Superintendent* William Greathouse ang paghiwalay ng Mindanao bilang isa nang distrito sa pamamahala ng *district superintendent* na si William Fowler. At noong 1986, itinatag ang Mindanao *West District* sa pamumuno ni Filomeno Balayo Jr. bilang *district superintendent*. Sa pagsapit ng 1997, mayroon nang 10 distrito ang *Church of the Nazarene*. Ang pangsampu ay ang *Metropolitan* Luzon *District*, na naitatag mula sa Luzon *District* nang taon ding iyon. ("*District Superintendent's Report*," *Metropolitan Luzon District Journal* [1997], p. VI-*Reports*). Si Angelito O. Agbuya ang itinalagang unang *district superintendent* nito. Noong 1998, ang *Negros District* ay naging ika-11 distrito ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas at si Federico Cabansagan Jr. ang nahirang na *district superintendent*. Humiwalay ang Negros *District* sa noon ay *Western* Visayas *District* (1973) na kalaunan ay pinangalanang *Panay District*.

| **Distrito** | **Taon** | *District Superintendents* |
|---|---|---|
| *Pre-Mission Works* | 1946 | [J. E. Moore*/ A. Bond Woodruff*] |
| *Philippine Mission Field* | 1948 | Joseph Pitts (dec) |
| *Philippine Luzon District* | 1955 | Joseph Pitts |
| | 1968 | Andres C. Valenzuela[3] (dec) |
| *Panay [Western] District (Visayan District)* | 1973 | Wilfredo A. Manaois Sr. (Manaois first served as assistant to the Mission Director for the Visayan District before he was elected as District Superintendent in 1975) (dec) |
| *Eastern Visayas District* | 1977 | Denny Owens (dec) |
| | 1980 | Jose Causing (dec) |

[3] Served as the first Filipino District Superintendent.

| | | |
|---|---|---|
| *Metro Manila District* | 1977 | Peter Burkhart (dec) |
| | 1980 | Andres C. Valenzuela (dec) |
| *Central Visayas District* | 1977 | Denny Owens (dec) |
| | 1980 | Honorio C. Mateo Sr. (dec) |
| *Mindanao East District* | 1981 | William Fowler (dec) |
| | 1995 | Nicholas F. Cacho Jr. |
| *Bicol District* | 1981 | Peter Burkhart (dec) |
| | 1987 | Rufino dela Peret (dec) |
| *Southern Tagalog District* | 1984 | Robert McCroskey Sr. (dec) |
| | 1995 | Rudy Manaois (dec) |
| *Mindanao West District* | 1986 | Filomeno Balayo Jr. |
| *Metropolitan Luzon District* | 1996 | Angelito O. Agbuya (dec) |
| *Negros District* | 1998 | Federico Cabansagan Jr. |

* *Military chaplains*

Kaiba sa sitwasyon noong unang 25 taon at sa nangyaring pagpapalaganap noong sumunod pang 25 taon, ang gawain ng simbahan noong 1997 hanggang 2021 ay inilagay sa pamumuno ng mga manggagawang nasyonal -- mga lokal na pastor, *district superintendent*, at mga karaniwang manggagawa at kasapi. Ang tungkuling pangmisyon ay ginawang pangangasiwa ng mga gawain sa misyon, na ang kabuuan ay ginagampanan ng mga tagapamunong nasyonal. Sa ilalim na pamunuan ni Robert Craft bilang *field director* ay naganap noong 1995-2001 ang nasyonalisasyon o pagsasalin sa mga Filipino ng pamunuan ng simbahan.

Ganunpaman, ang nasyonalisasyon ay hindi nangangahulugan ng ganap nang kasarinlan ng mga simbahan. Nakaantabay pa rin sa *mission field* ang mga misyonero upang mapanatili ang diwang pandaigdig ng denominasyon. Subalit, wala nang misyonerong itinalaga bilang *district superintendent*. Ang pinakahuling mga misyonerong humawak ng tungkuling ito ay sina Tim Trout, Bob Skinner, at Duane Baty na naglingkod sa pag-uumpisa ng Bicol *District* at *Southern Tagalog District* noong unang bahagi ng dekada nobenta. Ipinagkatiwala sa mga Filipinong *district superintendent* na may *district advisory board* na nahalal ang buong responsibilidad sa mga gawain ng simbahan, kasama ang layuning makapagtatag ng mga may tatlong-katangian-ng-pagsasariling simbahan o *three-self churches* at mga regular na distrito. Inako ng mga *district superintendent* ang tungkuling panatilihin at palaguin ang kanilang mga distrito sa pamamagitan ng gawaing pang-Ebanghelyo, pagdidisipulo, at pagtatanim ng mga simbahan.

Iba't ibang pamamaraan ng pangangaral ng Ebanghelyo at pagdidisipulo ang ginamit ng mga lokal na simbahan at mga pastor; ganunpaman ay sinunod ng halos lahat sa kanila ang estratehiyang itinuro ng mga un-

ang misyonero sa mismong *mission field* o larangan ng gawain at sa mga *Bible College* kung saan sila aktibong naglingkod. Bukod sa mga tradisyunal na pag-aaral ng Biblia sa mga tahanan, nagsagawa rin ang mga pastor ng krusadang "*open air*" o pangangaral sa bukas na mga pook sa kanilang nasasakupang lugar upang maabot ang mas marami pang-tao. Ang mga distrito, kasama ang mga simbahan, ay nagtaguyod din ng ganitong krusada sa mga piniling pook na kaayaaya at madaling puntahan ng mga tao. Ang krusada ay sinusundan ng pakikipag-ugnayan at pagbisita ng mga lokal na simbahan sa mga dumalo sa krusada, at kapag maaari, ang pag-aaral ng Biblia o *Bible studies* ay isinasagawa sa kanilang mga tahanan. Ayon sa ulat ng mga *district superintendent*, dahil sa mga pag-aaral ng Biblia sa mga tahanan, ang mga lokal na simbahan ay nakaranas ng paglago ng buhay espirituwal, pagtaas ng bilang ng mga kasapi, at pagbuti ng kanilang kalagayang pinansyal. ("*District Superintendent Report*," *Luzon District Journal* [1996], p. 38).

Ang *Church of the Nazarene* ay bunga ng mga gawain o kampanya sa Estados Unidos para sa pagpapanibagong-buhay o "*revival*". Ito ang nagbunsod sa simbahan upang bigyan ng malaking pagpapahalaga ang mga kampanya sa "*revival*" bilang pangunahing pamamaraan sa pag-abot sa komunidad. Dahil dito ay maraming mga bata at kabataan ang natutong magsimba at manalig sa Diyos; ang mga mananampalataya ay nagabayan laban sa pagbabalik-kasalanan at sila'y naalalayan sa kabanalan at katapatan.[4] Ang kampanya sa pagpapanibagong-buhay ay itinaguyod ng karamihan sa mga simbahang *Nazarene* sa Pilipinas. Nagkaroon ng mga regular na taunang kampanya ng *revival* sa halos lahat ng simbahan.

Gayunman, isinagawa rin ang pangangaral ng Ebanghelyo at pagdidisipulo sa pamamagitan ng *auxiliary ministries* o pantulong na ministeryo: ang *Sunday School Discipleship Ministries International* (*SDMI*),[5] *Nazarene Mission International* (*NMI*),[6] at *Nazarene Youth International* (*NYI*).[7] Pinagtuunan ng pansin ng mga ministeryong ito ang tungkulin ng mga nahalal na opisyal na ipamalay si Kristo at ang simbahan sa mga komunidad sa pamamagitan ng iba't ibang programa at gawain. Ang *SDMI* ay nagsagawa ng *Sunday School rallies* para sa lahat ng edad. Hiniling nito sa mga kasapi na anyayahan ang kanilang mga pamilya at kaibigan sa simbahan at lumahok sa iba't ibang aktibidad ng *Sunday School*. Nakatulong ang mga ito sa pagdadala ng bagong mga kakilala tungo sa pagpapalago ng simbahan ("*District Superintendent Report*," *Metropolitan Luzon District Journal* [1997], n.p).

[4] Floyd T. Cunningham, ed. *Our Watchword and Song,* 382-83.
[5] Formerly called Sunday School Ministries (SSM).
[6] Formerly called Nazarene World Mission Society (NWMS).
[7] Formerly called Nazarene Young People Society (NYPS).

Ang *Daily Vacation Bible School* (*DVBS*) ay isinagawa sa mga simbahan ng *Nazarene* sa pamamagitan ng *SDMI* at mga opisyal nito. Karamihan sa mga dumalo sa *DVBS* ay mga bata at kabataan. Mayroon din namang mga nakatatandang sumali dito. Marami sa mga nakadalo sa *DVBS* ang nanatili sa simbahan--lalo na ang mga batang kinalakihan na ang paglahok sa mga aktibidad ng *Sunday School*, naging mananampalataya, nagpabinyag, at naging miyembro ng *Church of the Nazarene*.[8] Ito ang sa tuwina'y nagpapalakas sa loob ng mga district superintendent na nag-uukol ng malaking pagpapahalaga sa *Sunday School Ministries*. Ito ang minsa'y isinulat ni Rudy Manaois, ang *district superintendent* ng *Southern* Tagalog: "Ang aming layunin ngayong taong ito ay ang magkaisa sa pagsisikap at pagtatrabaho upang ating maabot ang 15 porsiyentong pagtaas ng bilang ng mga miyembro at maging ng mga dumadalo sa *Sunday School*, at ang 25 porsiyentong pagtaas ng katayuang pinansyal ." (*District Superintendent Report," Southern Tagalog District Journal* [1997], n.p.).

Ang *Nazarene Mission International* ang pangmisyong bisig ng *Church of the Nazarene*. Ang simbahan ay may mga batayang pinahahalagahan o *core values*, at isa sa mga ito ang isinasaad sa mensaheng ito:

*We Are a Christian People* (kami ay mga taong Kristiyano)
*We Are a Holiness People* (kami ay mga taong Kabanalan)
*We Are a Missional People (*kami ay mga taong misyonal)[9]

Sa simula pa man ay isa nang simbahang pangmisyon ang *Church of the Nazarene*. Ang presensya ng *Church of the Nazarene* sa mundo ang nagpapatotoo sa katapatang nito sa misyon. Nakakintal ito sa buhay ng bawat simbahang *Nazarene* sa buong mundo, kasama ang mithiin ng misyon para sa lahat ng simbahan ng *Nazarene* sa Pilipinas. Ang mga ulat ng mga pangulo ng *NWMS* ay nagpapatibay sa naging mahalagang papel ng misyon sa buhay at paglago ng mga simbahang *Nazarene* sa loob ng nagdaang 25 taon.  Isa na rito ang ulat noong 1996 ni Imelda Laroya, ang pangulo ng *NWMS-Luzon District*, na nagtataglay ng mga sumusunod na impormasyon:

1.) 50%  na pagtaas ng kaloob
2. Pagtaas ng bilang ng mga kasapi:
   1,553 aktibong miyembro
   210   na *associate* na miyembro[10]

Naging daan ang *NMI* upang ang mga *Nazarene* ay makapaglingkod sa mga komunidad sa pamamagitan ng kani-kanilang *compassionate min-*

---

[8] For a statistical report, see "Sunday School Ministries Director's Report," *Mindanao West District Journal* (1994): 33.

[9] see https://asiapacificnazarene.org/about-us/core-values/

[10] Minutes of the 32nd NWMS Annual District Convention of Luzon District on March 19, 1996, *Luzon District Journal*, (1996): 64.

*istry*. Narito ang rekomendasyon ng *Luzon District NWMS Committee*:

> Iminumungkahi namin sa bawat lokal na *NWMS* ang pagbuo ng *compassionate ministry team*. Ang paghalal ng isang kalihim ng lokal na *NWMS Compassionate Ministry* ay kailangan upang malaman ang mga pangangailangan ng mga kasapi ng simbahan. Ang mga tao sa pamayanan ay nagsisikap magtulungan sa panahon ng mga pagsubok tulad ng mga natural na kalamidad at kamatayan.[11]

Nagbigay din ang *Nazarene Mission International* ng pagkakataon sa mga lokal na simbahan na magkaroon ng kaalaman tungkol sa misyong pandaigdig sa pamamagitan ng mga pag-aaral tungkol sa misyon. Ito ay nagpapalakas ng loob sa mga kasapi upang maging bahagi ng misyon, hindi lamang sa pagbibigay ng kaloob kundi pati sa paglahok sa mga aktibidad ng misyon na nagpapahayag sa madla ng gawain ng kanilang lokal na simbahan. Ito ang isinasaad ng ulat ni Hannah P. Tamayor ng Negros *District* noong 1999:

> Ang *Nazarene World Mission Society* sa Negros *District* ay tumutugon sa Utos ng Diyos (Ang Dakilang Utos). Nagsisilbi kaming bisig ng *Church of the Nazarene* sa kanyang pagpapalago. Hindi kami napapagod maghatid sa mga *Nazarene* sa buong Distrito ng paghamon at paalala sa Ministeryong Pangkabataan.[12]

Puno ng buhay ang simbahang Nazarene, at lalo pa itong pinasigla ng mga aktibong gawain at ministeryo ng mga kabataan sa loob at maging sa labas ng simbahan. Sa payo at pagbibigay ng lakas ng loob ng mga pastor, ang mga kabataan ay naging masigasig sa pagbabahagi ng Ebanghelo sa kapwa nila mga kabataan sa pamamagitan ng mga gawaing may kaukulang lugar at programang nababagay sa kulturang pang kabataan. Ang pagkakatatag ng *Nazarene Young People's Society* ay patunay ng pagmamahal at dedikasyon ng simbahan sa mga kabataan. Iminungkahi ng mga lokal na simbahan sa mga kabataan ang aktibo nilang pakikiisa sa buhay at misyon ng kanilang mga simbahan. Binigyang-diin ng mga pastor ang kahalagahan ng pag-akay sa mga kabataan tungo sa pagsunod kay Kristo at sa kabanalan. Ang mga lokal na simbahan ay nagtakda ng mga regular na serbisyo kung saan binibigyan ang mga kabataan ng pagkakataong magamit ang kanilang kaloob at talino para sa simbahan at sa pamamagitan nito. Ang *NYI* ay may sariling organisasyon mula sa *global office*, *regional office* at *field office* hanggang sa mga distrito at lokal na simbahan. Narito ang mga namumuno sa bawat organisasyon:

*Global NYI*

Direktor - Konseho

[11] "NWMS Committee," in *Luzon District Journal* (1996): 61.

[12] "NWMS President's Report," in *Negros District Journal* (2000): 26.

*Regional NYI*
Koordinador - Konseho
*Field NYI*
Koordinador - Konseho
*District NYI*
Presidente - konseho
*Local Church NYI*
Presidente - Konseho[13]

Ang mga simbahang *Nazarene* sa Pilipinas ay sakop ng *Philippine Micronesia Field Office* (*PMFO*). Nasa ilalim nito ang *NYI* coordinator, mga presidente ng *District NYI* at lokal na *NYI*. Lahat sila ay nagtutulong-tulong sa pagpaplano para sa mga gawain at ministeryo ng *NYI*. Bawat lokal na simbahang *Nazarene* ay naghahalal ng sarili nilang mga kabataang opisyal na naglilingkod sa lokal na simbahan sa pamamagitan ng mga aktibidad at ministeryo katuwang ang *District NYI Council* at ang *Field NYI Council*. Kasama sa mga programa ng *NYI* para sa pangangaral at pagdidisipulo sa lokal na simbahan at sa distrito ang regular na *youth fellowship*, pag-aaral ng Biblia, at mga gawaing pang-distrito, kabilang ang mga palaro, paligsahan sa musika at panitikan, at mga programa ng distrito, tulad ng *youth camp*, *youth leadership retreat*, at mga seminar para sa kabataan.[14] Ang mainit na mga samahan o *fellowship*, mga masayang kaganapan, mga *camp* para sa mga malikhain at mahilig sa *adventure* o pakikipagsapalaran, ang kapaligiran sa mga simbahan na nagpapadama ng malasakit at pagmamahal, ang masiglang awitan ng papuri at pagsamba, at ang mga mensahe ng mga pastor at tagapamuno ng kabataan tungkol sa buhay kay Kristo at sa kabanalan ay bahagi ng buong karanasang natatamo sa *NYI*. Higit sa lahat ay naroroon ang pagkakataon para sa maraming kabataanupang tumanggap kay Kristo at manatili sa simbahan.

Gayundin, ang *auxilliary ministries* ay umaangkop sa mga napapanahong pagbabago para sa pagsasakatuparan ng mga ministeryo, na kasama ang bagong henerasyon ng ika-21 siglo. Ang *Church of the Nazarene* ay laging bukas sa mga pamamaraan o estratehiyang tunay na nakatutulong sa kanilang pagsunod sa Dakilang Komisyon at sa Dakilang Utos. Habang patuloy ang katapatan ng mga *Nazarene* sa kanilang pangakong pagtalima sa kabanalan ayon sa tradisyong *Wesleyan*, kailanman ay hindi iminungkahi ng mga tagapamuno ng denominasyon ang sukdulang pundamentalismo at di-makatwirang legalismo sa pananampalataya at sa gawa.

[13] See "Nazarene Youth International," in https://2017.manual.nazarene.org/section/nyi/page/8/.

[14] See "NYI Committee," in Southern Tagalog District Journal (1996): n.p.

Sapagkat alam ng mga *Nazarene* sa Pilipinas ang panganib na ikompromiso ang kabanalan ayon sa Biblia, sila'y naging maingat sa pagsasakatuparan ng mga ministeryo at misyon. Isang halimbawa ang popularidad ng estratehiyang G-12 noong 1990s at 2000s. Bagama't ang estratehiyang ito ay kalugod-lugod at makatawag-pansin, ang ilan sa mga paniniwala at gawa ng samahang G12 ay hindi katugon ng buod ng mga paniniwala at tradisyon ng *Church of the Nazarene*. Kasama dito ang isyu ng pagsasalita ng mga wika o "*speaking in tongues*" at pagkakaloob. Dahil sa mga nangyaring pag-abuso ng samahang G12 sa ilang simbahang *evangelical*, ipinahayag ng Metro Manila *District* noong 2015 ang peligro ng pagkupkop sa buong estratehiya ng G12 para sa pagdidisipulo.

Pinanghawakan ng *Church of the Nazarene* at ng mga tagapamunong nasyonal nito ang karaniwang kasabihan sa denominasyon: "Sa mahahalagang mga bagay, pagkakaisa; sa di-mahalaga, pagkakaiba; ngunit sa lahat ng bagay, pagmamahal." ("*In essentials, unity; in non-essentials, diversity; but in all things, charity.*") Sa kabilang dako, ang pagpaparami sa pamamagitan ng pagkakaroon ng maliliit na group ay naging katanggap-tanggap sa diwa ng mga tinawag na *holy clubs* ni John Wesley, na siyang naging daan ng *auxiliary ministries* sa pagdidisipulo. Binigyan din ng lugar sa simbahan ang *organic approach*--ang masistema at maayos na koordinasyon-- sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo at pagtatanim ng mga simbahan. Ang mga ministeryong may mga samahan, tulad ng samahang pang-palaro, pang-negosyo, pangkabataang propesyonal, at para sa mga tanggapan ng pamahalaan ay naging bahagi ng pamamaraan ng *Nazarene* sa pag-abot sa mga tao at grupo.

Naging paghamon naman sa mga *district superintendent* ang pagtatanim ng simbahan. Dahil sa kakulangan ng pondo at sistema, umasa rin ang mga distrito sa tulong ng mga lokal na simbahan sa pagtatanim at pagpapalago ng mga simbahan. Naging kontribusyon ng *mission field* ang pagsasagawa ng mga *seminar* at proyektong tulad ng pagpapalabas ng *Jesus Film* at pagsasanay sa pagtatanim ng simbahan. Gayunpaman, hindi naging madali para sa halos lahat ng distrito ang pagsasaayos ng mga estratehiya at ang pagbuo ng isang sistema para sa pagtatanim ng simbahan. Sa pagkakatalaga kay Arnel L. Piliin bilang *Field Strategy Coordinator* noong 2020, nabigyan ng kaukulang pansin ang pagtatanim ng mga simbahan at pagpaparami ng mga distrito.

Noong 2021, naitalaga si Ronald Reyes ng Tanay *Church of the Nazarene* bilang boluntaryong *Church Planting Coordinator* para sa *Philippine-Micronesia Field* upang ipaalam at isulong sa 11 distrito sa buong bansa ang mga estratehiya sa pagtatanim ng mga simbahan. Noong taon ding iyon ay itinalaga si Adrian M. Tambongco bilang *District Develop-*

*ment Coordinator* upang makatulong sa mga distrito sa pagpaplano at pagbuo ng mga estratehiya sa pagtatanim ng mga simbahan. Bukod dito, hinikayat ni Piliin ang bawat distrito na magsimula ng isa pang distritong karagdagan sa dalawang nangunang distritong bubuksan sa Palawan at Lalawigan ng Quezon na itataguyod ng *Field*. Ang ebanghelismo at paglago ng simbahan ay nakasalalay sa mga estratehiyang bubuuin ayon sa kultura ng simbahan upang lalong maging mabisa ang pagpapahayag ng Ebanghelyo.

Sa ilalim ng pamunuang nasyonal, ang kahulugan ng Magandang Balita ay maipapaliwanag ng simbahan ayon sa kultura ng bansa at maipahahayag sa wika ng mga Filipino upang isaad ang mga pangangailangan at realidad sa buhay ng mga Filipino. Bukas ang mga tagapamunong nasyonal sa inaasam na pagpapahayag ng ebanghelyo sa kontekstong Filipino at sa kasarinlan. Ang mga paghamon ng panibagong kaisipan at panibagong pagbalankas ng mga gawain ng simbahan ay nagbukas ng panibagong pagkakataon sa mga tagapamunong nasyonal. Gayunpaman, ang mga paghamon at pagkakataong ito ay kailangan pang maging abot-tanaw. Samantala, ang mga tagapamuno ay abala sa mga pagbabago sa pamunuan ng mga distrito. Ang pinagtutuunan ng pansin ngayon ay ang pagkakaroon at pagpapanatili ng mabuting samahan sa loob ng mga simbahan, gayundin ng mga simbahang pandistrito. Pinaglalaanan din ang mga *district auxiliary department* ng mga gawain para sa mga distrito.

## Pamunuang Nasyonal

Nang ang mga pastor na Filipino ay inordinahan bilang mga *elder* o nakatatandang manggagawa ng *Church of the Nazarene*, nagsimula na ang pagsibol ng mga tagapamunong nasyonal. Bagamat noon pa man ay binigyan na ni Pitts ng responsibilidad sa ministeryo ang unang mga kaanib na Filipino, kasama sina Gil Sevidal at Ciriaco Jamandre, noon lamang 1958 napagkalooban ang mga Filipino ng tungkuling mamuno bukod sa pagpapastor. Nangyari ito nang inordinahan ang unang pangkat ng mga ministrong Filipino. Isa si Andres Valenzuela sa unang mga inordinahang *elder* ng simbahan. Noong 1968, si Valenzuela ay nahalal bilang *District Superintendent* ng *Philippine District Assembly*, na noon ay nag-iisa pa lamang.

Ngunit kahit na ang mga inordinahang *elder* na Filipino ay gumaganap ng tungkulin bilang mga tagapamuno sa mga simbahan, ang pamunuang nasyonal ay patuloy na nakasandal sa suporta at pangangasiwa ng misyon, sa pamamagitan ng mga tagapamunong misyonero at ng pangkalahatang simbahan. Limitado ang responsibilidad na inilaan ng

istruktura ng pamunuan ng *Church of the Nazarene* kung ito ay ibabatay sa prinsipyo ng pamunuang katutubo o nasyonal.

Ang pamahalaang sinusunod ng *Church of the Nazarene* ay pinamumunuan ng mga kinatawang inihalal para sa iba't ibang posisyon at tungkulin; samantalang ang pamahalaan ng misyon ng simbahan ay mula sa mga pandaigdigang simbahan, rehiyon, at *mission field*, at inihahalal ng mga *General Superintendent* para sa kanilang takdang misyon.[15] Kadalasan, ang mga itinalagang tagapamuno ng simbahan ang may malaking kontrol sa pananalapi at mga patakaran ng misyon sa pakikipag-ugnayan sa mga *General Superintendent* at nahalal na mga miyembro ng iba't ibang *board* at *council*. Ito ang dahilan kung bakit limitado ang pamunuang nasyonal. Tama lamang, dahil ang *Church of the Nazarene* ay nanatiling isang simbahang pandaigdig tulad ng simbahang Romano Katoliko.

## Pagsulong ng mga Distrito

Sa istruktura ng *Church of the Nazarene*, ang pagsulong ng pamunuang nasyonal sa simula ay itinakda hanggang sa antas ng distrito lamang. Sa pagsapit ng 1997, ang mga *district superintendent* ay pawang mga Filipino, maging sila ay itinalaga o inihalal. Hindi na itinalaga ang mga misyonero bilang *district superintendent* nang panahong iyon. Noong 1985, tanging ang *North Luzon District* ang regular na distrito (*Phase 3*) ng simbahan sa Pilipinas. Ang *Phase 3 district* noon ay itinuring na may kakayahan nang tumayo sa sarili sa pangangasiwa ng distrito,[16] samantalang ang ibang distrito ay nasa *phase* 1 o nag-uumpisa pa lamang.

Ang eleksyon at pagtatalaga ng mga *district superintendent* na Filipino ay naging paghamon sa pamunuang nasyonal sa pagpapalawak ng gawain ng simbahan. Sa kabila ng limitadong kaalaman at kakulangan pa ng karanasan sa pamumuno, ito ay tinanggap ng mga *district superintendent* na Filipino. Pinagsikapan nilang ipagpatuloy ang gawaing ipinagkatiwala sa kanila ng mga misyonero sa kabila ng maliit na pinansyal na suporta.

Nang tinanggap ni Craft ang katungkulan bilang *Field Director* noong 1995, Filipino na ang mga *district superindent* ng lahat ng distrito, at sila na ang nagsasagawa ng pangangaral ng Ebanghelyo, pagdidisipulo, pagtatanim ng simbahan at pagpapalago ng mga ito. Kinakitaan ni Craft ang mga Filipinong *district superintendent* ng kakayahang magsilbing pastor, magpalago ng kanilang simbahan at distrito, at magpaunlad ng pamunuang nasyonal. Ang mga estratehiya ng *mission field* at misyon, tulad ng pangangaral ng Ebanghelyo, edukasyon, panitikan, at pagsulong ng

15 See "The Region," *Manual* (2017-2021: paragraphs 346-346.7).

16 See "District Government," *Manual* (2017-2021: paragraph 200.2)

distrito ay itinuon sa pagtulong sa mga *district superintendent* para sa pagsasakatuparan ng mga plano at palatuntunan para sa kani-kanilang mga distrito. Layunin nito ang pagsulong ng mga distrito tungo sa pagpapataas ng kanilang kasarinlan at ang pagbibigay-daan sa unti-unting paglisan ng mga misyonero.[17] Dahil dito, nakiusap si Craft sa mga misyonero na limitahan kung hindi man tuluyang itigil na ang pakikilahok sa mga gawain sa mga Filipinong simbahan, kasama na ang pakikipag-usap sa mga Filipinong tagapamuno at mga pastor nang walang maayos na pakikipagugnayan sa pamunuan ng *Field*.

Noong 1998, nagpasya ang *Campus Crusade* at ang *Jesus Film Harvest Partners* na maging katuwang ng *Church of the Nazarene*. Ang Pilipinas ang unang bansa sa mundo na nagtaguyod sa pagsasama o *partnership* na ito. Sa pag-anyaya ni Craft, sina David Phillips at ang kanyang kabiyak na si Naomi ay nagpunta sa Pilipinas noong July 1998 upang sumama sa *mission field*.[18] Kaagad silang binigyan ng tungkulin sa *field office* at sa gawain upang matulungan ang mga distrito sa pagpapalago ng mga simbahan. Ang pamamahala at pagsasagawa ng *Jesus Film* ay ibinigay kay Phillips, samantalang naging abala naman si Craft sa mga samahan at paglikom ng pondo para sa mga proyekto.



**Pagpapalabas ng Jesus Film**

Ayon kay Phillips, noong sinimulan ang gawain ay mayroong 230 simbahan sa listahan sa *statistical report*. Humigit-kumulang sa 30 sa nakalistang simbahan ang hindi pa talagang naitatag ngunit isinama rin sa listahan sa kadahilanang teknikal. Inasahang ang *Jesus Film* ay makapagdadagdag hindi lamang ng mga bagong mananampalataya kundi ng mga simbahan. Inasahan din ng *Field* ang pagdami ng mga simbahan sa distrito. Noong 1998 ay inanyayahan si Rev. Elmo Dialing na sumama sa *mission field* at tumulong sa koordinasyon ng proyektong *Jesus Film*. May mga pangkat o *team* na binuo, sinanay at naatasang magpalabas ng *Jesus film* sa mga pampublikong lugar at mga pribadong tahanan sa pakikipagtulungan sa mga lokal na simbahan.

Ang pagpapalabas ng mga pelikula ay lumikha ng mga pagkakataon

[17] Robert Craft, interview by author through FB Messenger, October 15, 2021
[18] Robert Craft, interview by author.

para sa pangangaral ng Ebanghelyo at pagpapatuloy ng mga pag-aaral ng Biblia. Libo-libong tao ang naabot sa pamamagitan ng *Jesus Film*, at marami sa kanila ang nakakilala sa mga simbahang nagtaguyod sa *Jesus Film*.[19] Ilang mga simbahan din ang nasimulang itayo ng mga distrito.

Ang pelikulang "Taghoy sa Dilim" ay idinagdag sa *Jesus Film* na ipinalabas ng mga *team* o pangkat; gayunman ay pinagtuunan nila ng pansin ang mga *campus* upang maabot din ng kanilang ministeryo ang mga kabataan sa mataas na paaralan at kolehiyo. Nag-abot ng tulong sa mga *team* ang mga *Youth Ministry team* na galing sa Estados Unidos at Korea.



**Mga nagsuko na kanilang buhay kay Jesus sa Jesus Film**

Dagdag pa rito, nagsagawa ang *mission field* ng programang pandaigdig na tinawag na "*Each One, Reach One*" (Bawat Isa, Umabot ng Isa). Ito ay isang palatuntunan ng pandaigdig na simbahan upang mahikayat ang bawat *Nazarene* na makilahok sa gawaing pang-Ebanghelyo. Sumama rin ang *Church of the Nazarene* sa *DAWN* 2000 na pinangunahan ng *Philippine Council of Evangelical Churches*. Layunin nito na sa pagdating ng taong 2000 ay mayroon nang mga simbahang naitanim sa bawat barangay. Ginamit ni Craft ang *Jesus Film* sa pagtatanim ng mga simbahan sa mga barangay na walang simbahang *evangelical*. Bagamat hindi natupad ng *DAWN* 2000 ang mithiing ito, malaki rin ang naganap na pag-unlad.[20]

Samantala, sina Greg at Terri Taylor ay dumating sa bansa noong Agosto 1998 upang maging tagapag-ugnay ng mga gawain at pagpapatotoo (*Work and Witness Coordinator*) para sa *Philippine-Micronesia Field*. Mahalaga ang ginampanam nilang tungkulin sa paglikom ng pondo para sa pagpapatayo ng mga simbahang *Nazarene* sa mga distrito, at sa pagtataguyod ng mga institusyon ng *Nazarene*. Kabilang dito ang *Asia-Pacific Nazarene Theological Seminary* (*APNTS*) kung saan sila ay nagsilbi rin bilang *coordinator* sa pagpapanatili ng kaayusan ng *campus*. Tumulong din sila sa *water pump project* para sa *PNC* at ilan pang komunidad sa bansa. Nagbigay din ng karagdagang lakas sa *mission field* sina Timothy at Lydia Kim, na mga misyonerong Koreano. Ang mga Kim ay kasama na sa mga gawain sa Pilipinas noon pang mga huling taon ng dekada otsenta bilang misyonero ng mga simbahang Koreano. Opisyal silang itinalaga sa

[19] Elmo Dialing, interview by author, Taytay First Church of the Nazarene, December 15, 2021.

[20] Craft, interview by author.

*Philippine-Micronesia Field* bilang mga misyonero.[21]

Noong 2000, nagbitiw si Craft sa kanyang tungkulin bilang *Field Director* upang sumama sa *Bible League*. Itinalagang *interim* o pansamantalang *Field Director* si Phillips na kaagad nagsagawa ng pag-aaral at pagsusuri ng gawain ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas sa ilalim ng pamamatnubay ng *Field*. Ayon sa resulta ng pagsusuring ito, sa kabila ng pagkakaroon ng ilang ministeryo tulad ng *Jesus Film*, *Drug Awareness in the Schools*, *Compassionate Ministry Centers*, *Child Development Centers*, at iba pa, ang mga simbahan sa distrito ay hindi lumago katulad ng inaasahan. Nakita ni Phillips ang pangangailangan sa mas malakas pang pamunuang nasyonal, na sa panahong iyon ay hindi pa aktibo sa pagsusulong ng pananaw at direksyon ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas, maliban sa kani-kanilang distrito.

Pinasimulan ni Phillips ang mga reporma sa relasyon ng *Field* at ng *PNAB* sa pamamagitan ng pagbibigay sa *PNAB* ng karapatang lumahok sa mga desisyon at aksyon ng *Field*. Ito ay upang mahikayat ang mga *district superintendent* na magkaroon ng aktibong tungkulin sa pagsulong ng mga distrito tungo sa simbahang nasyonal. Pinayuhan niya ang mga *district superintendent* na magbalangkas ng mga estratehiya at programa upang ang kanilang mga simbahan ay makasama sa pagpopondo ng *Field*.

Si Phillips ay opisyal na itinalagang *Field Strategy Coordinator* para sa Pilipinas noong 2001. Ang pangalan ng tanggapan ay pinalitan upang ilarawan ang bagong direksyon para sa *Global Missions*. Sa halip na pangangasiwa, naging tungkulin ng *Field* ang pagiging tagapag-ugnay o *coordinator* ng mga estratehiya.[22] Naisip ni Phillips na mas magiging epektibo ang bagong tungkuling ito kung sa halip na mga misyonero ay mga manggagawang Filipino ang katulong niya sa pagsasagawa ng mga estratehiya para sa mga distrito, at sa mga paghahandang hinihingi sa kanya ng Rehiyon tungo sa pagkakaroon ng bagong *Field Director* o *Strategy Coordinator* na Filipino.

Ang mga manggagawang Filipinong nahilingang tumanggap ng iba't ibang tungkulin sa *Field* ay sina:

1. Vic Abulucion, para sa pagtulong sa pagsasagawa ng mga programa ng *Nazarene Compassionate Ministry*.
2. Jun Suyat, para sa pagtulong sa koordinasyon ng mga programa para sa *outreach* at *discipleship*.
3. Larnie Sam Tabuena, para sa pagtulong sa programang t*heological education by extension*.
4. Ilde Detalo, para sa pagtulong sa *Child Sponsorship and Literature*

[21] David Phillips, email message to author, October 24, 2021.

[22] Phillips, email message.

*Development*; at

5. Joel Arro at Ernalyn Longcop bilang mga kalihim.[23]

Nagsagawa ng mga seminar at programang patuloy na magpapalakas sa mga simbahan at distrito, pastor, at mga tagapamuno ng simbahan. Mula 2001 hanggang 2010, nagbigay ang *Field* sa mga distrito ng mga *seminar* para sa pangangaral ng Ebanghelyo, pagdidisipulo, pagpaparami ng mga simbahan, at pagpapaunlad ng pamumuno. Sa pagbisita ni Robert Coleman sa *APNTS* upang magturo, nagsagawa rin siya ng mga seminar para sa mga pastor at tagapamuno ng simbahan gamit ang kanyang aklat, ang "*Master Plan of Evangelism*". Inanyayahan din si David White at ang *Philippine Challenge* upang magturo ng *church planting* sa mga *district superintendent* at mga pastor. Si Stan Toler ay nagbahagi sa mga distrito ng kanyang kaalaman tungkol sa paglikha ng pananaw, misyon, mga bagay na dapat pahalagahan, at mga estratehiya at adhikain para sa simbahan.

Sa panahon ng kanyang panunungkulan, nakipagtulungan si Phillips sa mga *District Superintendent* sa pagsasagawa ng mga reporma at programa. Binigyan niya ang mga *District Superintendent* ng higit pang kapangyarihang gumawa ng pagpapasya at aksyon. Ito ay naging daan upang unti-unti nilang maibaling ang kanilang atensyon at aksyon mula sa pamumuno ng distrito tungo sa pamunuang nasyonal. Narito ang isang pag-uulat ni Phillips: "Sa pagdating ng taong 2010, ang bilang ng mga aktibong simbahan ay tumaas mula 200 hanggang 350! Ang simbahan sa Pilipinas ay mayroon nang 10 simbahang nagtataglay ng higit sa 200 na kasapi."[24] Ang sumusunod ay ang mga listahan ng mga distrito ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas sa taon 2021:

**Luzon District (*Phase 3*)**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Alejandro Verceles (dec) | (e) | 1990-1999 | 9 taon |
| Marcelino Ochoco | (e) | 1999-2021* | 22 taon |

**Metropolitan (*Phase 2*)**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Angelito O. Agbuya (dec) | (a) | 1996-2013 | 17 taon |
| Crisanto B. Colorado | (a/e) | 2013-2021* | 8 taon |

**Metro Manila District (*Phase 3*)**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Virgilio Tamayo III (dec) | (a/e) | 1995-1999 | 4 taon |
| Elpidio Manangan (dec) | (e) | 1999-2003 | 4 taon |
| Radito Fausto | (e) | 2003-2009 | 6 taon |
| Bonifacio Plantilla | (e) | 2009-2010 | 1 taon |
| Arnel L. Piliin | (e) | 2010-2020 | 10 taon |
| Ryan Cardinal | (a) | 2020-2021* | 1 taon |

[23] Phillips, email to author.

[24] Phillips, email to author.

**Southern Tagalog District (*Phase 2*)**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Rudy Manaois (dec) | (a/e) | 1995-2002 | 7 taon |
| Faustino Roranes | (a/e) | 2002-2013 | 11 taon |
| Mark Eugenio | (a) | 2013-2015 | 2 taon |
| Wilfredo Aluad | (a) | 2015-2017 | 2 taon |
| Mark Eugenio | (a) | 2018-2020 | 2 taon |
| Nestor J. Macas Jr. | (a) | 2021-2021* | 1 taon |

**Bicol District (*Phase 2*)**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Rufino Dela Peret(dec) | (a) | 1987-1990 | 3 taon |
| Timothy Trout | | 1991-1992 | 1 taon |
| Robert Skinner | | 1992-1993 | 1 taon |
| Duane Baty | | 1993-1995 | 2 taon |
| Sulpicio 'Jun' Detalo | (a/e) | 1995-2016 | 21 taon |
| Francesco Mortega | (a) | 2018-2020 | 2 taon |
| Dan P. Feleo | (a) | 2021-2021* | 1 taon |

**Panay District (*Phase 3*)**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Hermenio Tabuena | (a) | 1985-1998 | 13 taon |
| Jesus Miranda | (a) | 1998-2005 | 7 taon |
| Joseph F. Cacho | (e) | 2005-2014 | 9 taon |
| Medanny C. Punzalan | (e) | 2014-2021* | 7 taon |

**Eastern Visayas District (*Phase 3*)**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Joel Detalo Sr. (dec) | (e) | 1987-1993 | 6 taon |
| Wenceslao G. Gallardo | (e) | 1993-2005 | 12 taon |
| Edgar Longcop | (e) | 2005-2016 | 11 taon |
| Asalim B. Gunda | (e) | 2016-2021* | 5 taon |

**Mindanao East District (*Phase 2*)**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Nicholas F. Cacho Jr. | (a) | 1995-2002 | 7 taon |
| Erene Pastor | (e) | 2002-2014 | 12 taon |
| Nicholas F. Cacho Jr. | (a) | 2014-2021* | 7 taon |

**Central Visayas (*Phase 2*)**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Dominador S. Montecastro, Jr. (dec) | (e) | 1994-1999 | 5 taon |
| Edgar Longcop | (a/e) | 1999-2005 | 6 taon |
| Renato Villagonza | (e) | 2005-2012 | 7 taon |
| Nilo V. Rosende | (e) | 2012-2021* | 9 taon |

**Mindanao West (*Phase 2*)**


| | | | |
|---|---|---|---|
| John D. Villamor | (a) | 1994-1998 | 4 taon |
| Glen F. Cacho | (e) | 1998-2006 | 8 taon |
| Segundo Angwas | (e) | 2006-2007 | 1 taon |
| Fernando P. Angel | (e) | 2007-2014 | 7 taon |
| Dan C. Balayo | (e) | 2014-2021* | 6 taon |

**Negros District (*Phase 2*)**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Federico Cabansagan Jr. | (a) | 1998-2000 | 2 taon |
| Nemie D. Babao | (a/e) | 2000-2005 | 5 taon |
| Rudy Manaois (dec) | (a) | 2006 | 2 buwan |
| Joseph F. Cacho | (e) | 2006-2007 | 1 taon |
| Nemie D. Babao | (a) | 2008-2021* | 13 taon |


* mga naglilingkod pa bilang District Superintendent in 2021.

Ang sumusunod ay ang *flow chart* o talangguhit ng daloy ng kasaysayan ng pagdami ng mga distrito mula sa misyon ng Pilipinas noong 1946 hanggang sa 11 distrito noong 2021. Malinaw dito na ang pagdami ng mga distrito ay nangyari sa dalawang pamamaraan:Ang paghahati at ang pagsisimula. Dalawa ang pinakamalaking dahilan para sa paghahati ng distrito. Una, ang lokasyon. Napag-isip ng mga tagapamuno na masyadong malaki ang sakop ng responsibilidad ng distrito. Pangalawa, ang kultura. Ang mga pagkakaiba sa wika at kultura ang nagbunsod sa mga tagapamuno na hatiin ang mga distrito. Ang pagsisimula ng bagong distrito ay batay sa nangyari noong ang mga bagong misyonero ay itinalaga sa Pilipinas. Sila ay ipinadala ng mga tagapamunong misyonero sa mga panimulang gawain, tulad ng mga gawain ng distrito sa Bicol at sa Katimugang Katagalugan (*Southern Tagalog*). Ang mga misyonero ay unang itinalaga sa distrito. Ito ay ipinakikita ng mga naka tuldok na linya (*dotted lines*) sa talangguhit.



## *Philippine National Administrative Board*

Ang istruktura ng *Church of the Nazarene* ay nakasandig sa dalawang nahalal na tagapamuno ng simbahan--ang mga *general superintendent* at ang mga *district superintendent*. Nasa pagitan nila ang mga tagapamuno ng Rehiyon at ng *Field*, na itinalaga ng *Board of General Superintendents*. Ang *board* na ito ang nangangasiwa sa pandaigdig na gawain at misyon ng simbahan. Nilikha ang *National Boards* para sa mga bagay na may kinalaman sa batas at sa katiyakang ipinatutupad ng misyon ang mga kaukulang gawain sa iba't ibang bansa.[25]


Securities and Exchange Commission

Republic of the Philippines

EDSA, Greenhills, Mandaluyong
Metro-Manila

37534

S.E.C. Reg. No. ________

CERTIFICATE OF FILING
OF
AMENDED ARTICLES OF INCORPORATION

TO ALL TO WHOM THESE PRESENTS MAY COME, GREETINGS:

THIS IS TO CERTIFY that the amended articles of incorporation of the

THE CHURCH OF THE NAZARENE PHILIPPINES, INC.
(Amending Articles II paragraph (4) and IV thereof.)

copy annexed, adopted on August 13 19 92 by a majority vote of the members of the Board of Directors and at least two-thirds of the members of the corporation, and certified under oath by the Secretary and a majority of the Board of Directors of the corporation, was approved by this Office on the 6th day of January nineteen hundred and ninety-three pursuant to the provisions of Section 16 of the Corporation Code of the Philippines, Batas Pambansa Blg. 68, approved on May 1, 1980, and attached to the other pages pertaining to said corporation.

IN WITNESS WHEREOF, I have hereunto set my hand and caused the seal of this Commission to be affixed at Mandaluyong, Metro-Manila, Philippines, this 6th day of January in the year of our Lord nineteen hundred and ninety-three

RECEIVED ORIGINAL

ARMANDO E. GONZALES
Associate Commissioner

CERTIFIED TRUE COPY

DEC 16 2019

**Binagong SEC Regisrtration noong 1992**

Sa pagdating ng taong 1997, nakasalalay sa kamay ng mga tagapamuunong nasyonal ang gawain ng *Church of the Nazarene*. Noon nagsimula ang malapit na pakikipagtulungan ni *Field Director* Craft sa *National Board* na pinangalanang *Philippine National Administrative Board* (*PNAB*). Ito ay binigyan ng bagong kaayusan batay sa mga pagbabagong ginawa sa Artikulo ng Inkorporasyon (*Articles of Incorporation*) na unang inihain noong 1973.[26] Kinailangan ang pagbabago dahil sa lumalaking bilang ng mga *district superintendent* na Filipino sa denominasyon. Gayunpaman, ang tungkulin ng *PNAB* ay nanatiling limitado sa mga bagay na may kinalaman sa batas, sa mga regulasyon ng gobyerno, at sa mga pag-aari ng denominasyon. Kasama rin dito ang probisyon o isinasaad ng Manwal na ang *National Board* ay maaaring likhain upang maisagawa ang misyon at estratehiya ng simbahan.

(Ang orihinal na mga incorporator o bumubuo ng Church of the Nazarene sa Pilipinas, Inc. ( 1972) na naglingkod bilang miyembro ng Board

---

[25] https://2017.manual.nazarene.org/section/national-boards/ (Article 345).

[26] Securities and Exchange Commission, "Certificate of Filing of Amended Articles of Incorporation" (1992). The original incorporators of the Church of the Nazarene Philippines, Inc. (1972), serving as the Board of Directors include the following: Rev. Andres C. Valenzuela, Rev. Carlino R. Fontanilla, Rev. Castillo N. Ongogan, Mr. Thomas Chamos, Mr. Henry L. Lingboan, Rev. David F. Browning, and Rev. Roy E. Copelin.

of Directors ay sina Rev. Andres C. Valenzuela, Rev. Carlino R. Fontanilla, Rev. Castillo N. Ongogan, Mr. Thomas Chamos, Mr. Henry L. Lingboan, Rev. David F. Browning, at Rev. Roy E. Copelin.)

Sa ilalim ng istrukturang pang-organisasyon ng simbahan, hindi gaanong aktibo ang *PNAB* sa pamamahala maliban sa mga kasong kailangan ang pagpapasya o aksyon ng misyon para sa mga adhikaing *legal* o naaayon sa batas. Noong 1995, sa loob ng pangasiwaan ni Craft bilang itinalagang *Field Director*--opisyal na kinatawan ng *Regional Director*--hinikayat nya ang mga *district superintendent* at iba pang mga kasapi ng *PNAB* na kumilos bilang isang *administrative board*. Ito ang isinulat ni Craft: "Hiniling ko sa *PNAB* na akuin nito ang mas higit pang responsibilidad sa pangangasiwa at pagpapasya, at pinakilos ko ang misyon bilang isang mas malakas na taga-suporta."[27] Ayon sa ganitong pagsasaayos at pagbibigay-lakas, sinimulang gampanan ng *PNAB* ang tungkulin nito bilang *administrative board* ng simbahan na may kapangyarihang mamuno sa simbahang nasyonal sa tatlong larangan: mga bagay na may kinalaman sa batas, mga estratehiya para sa paglago ng simbahan, at mga tungkulin sa pangangasiwa.

Dahil dito ay *regular* na nagpulong ang *PNAB* tungkol sa mga responsibilidad at estratehiyang kailangan sa gawaing pang-nasyonal o pang-buong-bansa. Ang mga miyembro ng *National Administrative Board* ay unti-unting nakilahok sa talakayan ng pangasiwaan tungkol sa mga desisyon para sa pangunahing mga gawain ng ministeryo at pagpopondo ng mga proyekto. Bilang halimbawa, ang paglahok ng simbahang nasyonal sa *DAWN* 2000 ay pinagdesisyunan ng *PNAB* at isinagawa ng mga distrito bilang programa ng *PNAB* para sa lahat ng simbahan.[28] Binigyan ng *Field Director* ng pagkakataon ang mga tagapamunong nasyonal na magmay-ari ng proyekto, kasama ang buo niyang suporta para sa pondo at operasyon. Naglaan si Craft ng pondo at iba pang tulong na maibibigay ng *Field* para sa pagtatagumpay ng *DAWN* 2000 sa *Church of the Nazarene* sa Pilipinas. Ang *Jesus Film Harvest Partners* ay ipinagamit sa mga distrito para sa pagtatanim ng simbahan sa mga barangay sa kahilingan ng mga *district superintendent*. Binigyan din ang mga distrito ng karapatang isaayos at pangasiwaan ang *Jesus Film* ayon sa pagpapasya ng *PNAB*, kahit ang pondo ay galing pa rin sa *Field* at mga kasama nito.

Ang pagbibigay kapangyarihan sa *PNAB* ay nagpatuloy sa ilalim ng pamumuno ni Phillips. Hinikayat ni Phillips ang *PNAB* na palawakin ang partisipasyon nito sa mga ministeryo ng simbahan sa mga distrito. Napagkalooban din ang *PNAB* ng karapatang magpasya tungkol sa mga pangu-

[27] Craft, interview by author.

[28] For the history and programs of the DAWN 2000, see http://www.ad2000.org/gcowe95/tend.html "The Philippines Model," written by Bishop Efraim M. Tendero.

nahing pangangailangan at proyekto ng ministeryo. Sa ganitong paraan ay naihanda ang *PNAB* para sa panibagong pagsasaayos nito tungo sa mas malaking responsibilidad bilang *administrative board*. Ang *PNAB Chairman* noon na si Dr. Angelito O. Agbuya ay tumanggi sa inialok sa kanyang posisyon bilang *Field Strategy Coordinator*. Dahil dito ay napagpasyahan ang paghalal ng isang *Executive Secretary* upang magsilbing *Executive Officer* ng *PNAB* sa mga desisyon at programa nito.[29] Si Larnie Sam Tabuena ang naihalal na kaunaunahang *Executive Secretary* na may pananagutan sa PNAB. Napagkasunduan din na ang mga tagapag-ugnay o *coordinator* ng *Field* ay ilagay sa pamamahala ng *Executive Secretary*, kahit ang *Field* ang pinagmumulan ng pondo. Ang layunin ay ang mailipat ang gawain sa pamunuang nasyonal. Isinulat ni Tabuena ang tungkulin at direksyon ng *PNAB*:

> Bilang tagapagpatupad na bisig ng *PNAB*, aming sinuri ang sinasabi ng Manwal #343 tungkol sa kabuuan nito, mga tungkulin at pribilehiyo, at pagkakaroon ng hustong pagbalangkas, kasama ang:
> * Antas ng kaugnayan ng kahulugan at ng nilalaman
> * Mga bagay tungkol sa batas at mga pangangailangan
> * Pagbalangkas ng mga estratehiya sa pagpapalago ng simbahan
> * Pagpaplano ng istilo sa pamamahala
> * Kalayaang lumikha ng kapaligiran kung saan maisasagawa ang mga programang sumasalamin sa sa kultura.[30]

Taglay ng bagong istruktura ang pangako ng kinabukasan. Nang tapusin ni Tabuena ang kanyang panunungkulan, nahalal na *Executive Secretary* si Nicholas F. Cacho. Ang panimulang tagumpay ng *Executive Secretary* sa ilalim ng *PNAB* ay hindi nagtagal. Dalawa ang nakitang kadahilanan ng malungkot na pagkakasara ng tanggapan ng *Executive Secretary*: ang kakulangan ng suportang pinansyal mula sa mga distritong umaasa rin sa suporta ng kanilang mga simbahan, at ang kakulangan ng aktibong pagkilos ng mga taong kinauukulan. Kaya't nang si Stephen Gualberto ay itinalagang kauna-unahang Filipino *Strategy Coordinator,* ang *PNAB* ay ibinalik sa orihinal o dati nitong istrukturang walang *Executive Secretary*. Ikinalungkot ni Tabuena na ang kanilang mga pagsisikap ay nauwi sa wala. Ngunit nagpahayag siya ng pag-asang darating ang araw na aakuin at haharapin ng mga tagapamunong nasyonal ang mga paghamon sa pag-akay sa simbahan tungo sa tunay na pamunuang nasyonal.[31]

---

[29] Dialing, interview by author.

[30] Larnie Sam Tabuena, "2007 Report to the Philippine National Board," *Minutes* (PNAB Meeting).

[31] Larnie Sam Tabuena, interview by author, December 12, 2021.

## *Filipino Field Strategy Coordinators*

Ang layuning magkaroon ng isang Filipinong *Field Director* o *Field Strategy Coordinator* (FSC) ay nagsimula pa noong panahon ni Craft. Pinag-iisipan pa noon ng Rehiyon ang pagtatalaga ng isang Filipinong tagapamuno para sa posisyon ng *Field Director*. Subalit kailangan itong paghandaan at ipanalangin. Sa panahon ni Phillips, ang pagkilos tungo sa pagtatalaga ng Filipino *Field Strategy Coordinator* ay nagkaroon ng puwersa at sigla para sa Rehiyon. Personal na ipinaalam ni Phillips sa *PNAB* ang plano ng Rehiyon para sa *Philippine-Micronesia Field*, na pinag-ukulan ng mga tagapamunong nasyonal ng positibong pananaw at panalangin.[32]



**Sthephen and Theresa Gualberto**

Kasama ang pagsasaalang-alang at matinding panalangin, ang Rehiyon ay nagtalaga noong 2010 ng isang batang Filipino *Field Strategy Coordinator*, si Stephen Gualberto. Noong panahong iyon, si Gualberto ay nagsisilbi bilang *International Program Development Coordinator* sa pandaigdig na *Nazarene Compassionate Ministries* (*NCM*).[33] Siya at ang kanyang kabiyak na si Theresa ay itinalaga rin bilang mga misyonero alinsunod sa polisiya ng misyon para sa mga nagsisilbing *FSC*. Ang pagkakatalaga kay Gualberto ay isang positibong hakbang tungo sa pamunuang nasyonal. Dahil dito, naging hangarin ng mga tagapamunong nasyonal na makipagtulungan kay Gualberto sa pagbibigay-lakas sa *PNAB*, at sa pagsasagawa ng mga estratehiya at adhikain ng *PNAB* na gabayan ang simbahan sa Pilipinas tungo sa isang bagong buhay at direksyon.

Nakatuon sa mga aksyong panlipunan o *compassionate ministries* ang pamumuno ni Gualberto. Mauunawaang ito ay dahil siya ay nakapagsilbi sa iba't ibang tanggapan ng *Nazarene Compassionate Ministries*. Naniniwala si Gualberto na ang mga gawain para sa lipunan at ang ministeryo ng pagmamalasakit ay isang mahalaga at natural na bahagi ng misyon ng simbahan. Dahil din dito ay ipinagpatuloy ni Gualberto ang kanyang kaugnayan at relasyon sa *Nazarene Compassionate Ministries* habang siya

[32] Phillips, interview of author.

[33] See "Missionary Profile – Stephen and Theresa Gualberto," https://nazmissions.wordpress.com/2012/04/12/missionary-profile-stephen-theresa-gualberto/. (accessed on October 15, 2021).

ay naglilingkod bilang *FSC* at pagpapalawak ng kaukulan niyang responsibilidad. Nagkataon namang sa panahon ng kanyang paglilingkod, ang Pilipinas ay dumanas ng sunud-sunod na krisis at kalamidad, at nangailangan ng mas matinding ministeryo ng pagmamalasakit. Si Gualberto ay mabilis na kumilos upang matugunan ang mga pangangailangan at paghamon sa pamamagitan ng mga distrito, lokal na simbahan, at mga boluntaryong manggagawa. Sa ilalim ng kanyang pamunuan, ilang *compassionate ministries* ang nabuo, naitayo, at napalakas. Kabilang dito ang:

1. Pagpaparehistro ng *NCM Philippines, Inc.* na si Rev. Gualberto ang *Executive Director*.[34]
2. *Holistic Child Development* ( Kabuuang Pagpapalaki sa Bata). Sa ilalim ng *HCD ministries*, anim na *Child Development Center* ang naitayo, at ang mga ito ay ang:
   a. *TEACH* Davao (2009)
   b. *TEACH* Iligan (2009)
   c. *TEACH* Ormoc (2016)
   d. *TEACH* St. Bernard (2009)
   e. Lingap Bata GMA (2014)
   f. Gintong Aral Taytay (2014)
3. *NCM / World Hope International / International Justice Mission* ( 2016) para sa *Online Sexual Exploitation of Children* o (*OSEC*) o Sekswal na Pagsasamanta sa mga Bata sa Internet. Nagbibigay ito ng pagsasanay para sa kamalayan tungkol sa *OSEC*, ng payo sa pag-iingat sa mga bagay na online, at mga tuntunin sa pagsangguni sa mga lokal na komunidad.[35]
4. *Shechem Children's Home* (2018). Katuwang ito ng *Nazarene Compassionate Minis tries* sa pagtulong sa mga batang nailigtas o nakaligtas sa human trafficking o pagbebenta ng mga bata sa Pilipinas.[36]



**Kevin at Janet Wilkins**

[34] See Nazarene Compassionate Ministries, Philippines. https://www.thepcmn.org/copy-of-mem-34

[35] For more information, see https://reliefweb.int/report/philippines/osec-modern-face-human-trafficking. (Accessed October 15, 2021).

[36] For more information, see https://ncm.org/shechem (Accessed on October 15, 2021).

Noong 2018 ay itinalaga ni Gualberto si Leody T. Echavez bilang *National NCM Coordinator* sa ilalim ng *Philippine-Micronesia Field*. Dati nang nagsilbi si Leody bilang *NCM National Disaster Response Coordinator* sa Zamboanga at pagkatapos ay bilang *Human Trafficking Coordinator* noong 2016.[37]

Samantala, pinalakas ni Gualberto ang kanyang ugnayan sa mga tagapamunong nasyonal upang mas madaling isakatuparan ang estratehiyang pang misyon ng *Church of the Nazarene* sa pamamagitan ng 11 distrito at tatlong institusyong pang-edukasyon. Nangalap sila ng impormasyon at estatistika, inasikaso ang mga usapin at suliranin sa *Field*, pinamunuan ang pagpupulong ng mga distrito, at dumalo sa mga *board meeting* ayon sa hinihingi ng Manwal ng *Church of the Nazarene* at mga polisiyang pang misyon. Itinaguyod at isinakatuparan din ni Gualberto ang *Vision 20/20* at ang *Vision 441* para sa mga distrito at simbahan sa *Field*. Sa kanyang panunungkulan ay humarap din si Gualberto sa iba't ibang mahihirap na sitwasyong may kinalaman sa mga simbahan at mga institusyon. Kabilang sa mga pinagtuunan niya ng atensyon ay ang legal na kasong inihain ng isang pastor ng *Negros District* laban sa *Church of the Nazarene* noong panahon ni Phillips; ang krisis sa pananalapi ng *Philippine Nazarene College;*[38] ang mga bakanteng posisyon sa tanggapan ng mga pangulo ng *PNC* at *VNBC* kung saan nanungkulan si Gualberto bilang halal na pangulo at *officer-in-charge* sa loob ng ilang taon;[39] at mga bakanteng posisyon sa tanggapan ng *District Superintendent* sa *Southern Tagalog District* at *Bicol District*. Tumulong si Gualberto sa pamumuno ng mga distritong ito hanggang ang mga *district superintendent* ay maitalaga o mahalal na. Noong 2018, sina Kevin at Janet Wilkins ay itinalaga bilang mga tagapag-ugnay o *coordinator* ng *Work and Witness Ministry*.[40] Nadagdag sa *Field* sina Marcio at Amber Batista noong 2019,[41] ngunit noong 2021 ay inilipat sila sa Singapore para sa isang takdang gawain doon.

Ilang pang mga Filipino ang naatasang magsilbi sa *Field* bilang tagapag-ugnay o *coordinator* upang makatulong sa paglago ng mga sumisibol na kabataang tagapamuno sa simbahan, kabilang sina Jackson Natividad (*NCM Disaster Response*), Jasmin Eugenio (*HCD*), Mark Eugenio (*PhilTEEN*), Dick Eugenio (*SDMI*), Christine Mosuela (*NMI Coordinator*), Jordan Escusa (*Radio Ministry*), at Elsid Paragas (*NYI*).

Isinulong din ni Gualberto sa mga simbahan sa Pilipinas ang misyong *cross-cultural* o misyon sa ibang ng kultura. Maraming Filipino ang tu-

[37] Leody T. Echaves, interview of author, December 30, 2021.

[38] Elmo Dialing, interview with author, December 15, 2021.

[39] "PNC BOT Meeting," Minutes (the author was serving as the BOT secretary).

[40] Janet Wilkins, interview of author, December 30, 2021.

[41] Marcio Batista, emailed to author, December 30, 2021.

mugon dito at naglingkod bilang misyonero, maging ito ay boluntaryo o pangmatagalang bokasyon.

Noong 2020, nagtalaga ang Rehiyon ng isang bagong *Field Strategy Coordinator*, ngunit ito ay isinangguni muna sa ilang mga tagapamunong nasyonal. Si Arnel L. Piliin, na noon ay naglilingkod bilang *District Superintendent* ng *Metro Manila District,* ay nahilingang umako ng responsibilidad ng *FSC*. Bagamat maaga pa upang pag-usapan ang pamumuno ni Piliin, malinaw na ang pagkakahirang sa kanya ay tinanggap ng mga tagapamunong nasyonal nang may positibong pananaw. Ang tiwala ng Rehiyon sa kakayahan ni Piliin sa pamumuno ay batay sa produktibo niyang paglilingkod bilang *district superintendent* ng *Metro Manila District* sa loob ng 10 taon. Ang pamumuno ni Piliin ay nakatuon sa pagtatanim ng mga simbahan, pagpapaunlad ng kakayahan ng mga pastor, at ang pagpapalaganap at pagpaparami ng mga distrito.[42]


**Arnel at Inocencia kasama ang tatlo nilang anak**

Ang pagtatalaga sa isang Filipino bilang *Field Strategy Coordinator* ay nagbigay ng bagong mukha sa pagpapaunlad ng pamunuang nasyonal. Ang Filipinong *FSC* ay umaangkop nang ganap sa *Church of the Nazarene* bilang isang uri ng simbahang pandaigdig. Alay nito ang isang huwaran ng simbahang pangkatutubo at pang-internasyonal. Ang bagong paghamon sa pamunuan ay ang pagsasanib ng kakayahan ng *PNAB* at ng *Field* tungo sa pagpapalago at pagpapalaganap ng simbahang *Nazarene*.

## Kahusayan at Edukasyon

Ang paglago ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas ay nangyari dahil na rin sa katapatan ng simbahan sa kanyang pananaw at adhikain para sa edukasyon at pagpapahusay. Nakilala ang *Church of the Nazarene* sa katapatan nito sa edukasyon, ito man ay tungkol sa teolohiya o pag-aaral ng paniniwala sa Diyos at relihiyon para sa mga ministro, at tungkol sa malayang sining o *liberal arts* para sa mga tao ng simbahan. Ang hangaring bigyan ng sapat na pagsasanay ang mga manggagawa sa simbahan ay

[42] Arnel Piliin, interview of author, December 30, 2021.

bahagi ng misyon sa pangangaral ng Ebanghelyo at pagtatanim ng mga simbahan. Noong 1950, ipinadala ng simbahan sina John at Lillian Pattee upang magsagawa ng mga pagsasanay para sa mga manggagawa. Kaugnay nito, ang *Fitkin Memorial Bible College* ay itinatag noong 1952.

Nitong mga huling 25 taon ay nasaksihan ang paglago, mga paghamon at maraming pagkakataong bukas para sa dalawang Kolehiyo ng Biblia o *Bible College* -- ang *Luzon Nazarene Bible College* at ang *Visayan Nazarene Bible College* -- at ang bagong seminaryo para sa rehiyon, ang *Asia-Pacific Nazarene Theological Seminary* na itinatag noong 1983. Ang dalawang kolehiyo ng Biblia ay nagpatuloy sa pagsasanay ng mga kabataan ng *Nazarene* na tumugon sa tawag ng ministeryo, maging ito ay pansamantala (*part-time*), o pang-buong panahon (*full time*). Ipinadala ng mga distrito ang kanilang mga kabataan sa mga Kolehiyo at sa Seminaryo, na taglay ang pag-asang pagdating ng araw  sila ay magiging handa sa pagganap ng tungkulin para sa simbahan at distrito. Ang mga tagapamuno ay umasang sa pagdami ng mga nakatapos sa mga institusyon ng *Nazarene*, hindi na mga umanib na pastor ang magsisilbi sa simbahan kundi mga pastor nang nagsanay sa mga  institusyong pang-edukasyon ng *Nazarene*. Sa pagdating ng taong 2021, halos lahat ng *district superintendent* ng simbahan ay nakatapos  sa Kolehiyo o sa Seminaryo, o sa dalawang paaralan.

## ***Philippine Nazarene College* (*PNC*)**




**Mga estudyante ng Luzon Nazarene Bible College (1986)**

Noong 1997, si Dr. Ernesto Rulloda pa ang pangulo ng noo'y *Luzon Nazarene Bible College*; sa panahon ng kanyang panunungkulan ay sinimulan ng *College* ang pagkuha ng pagkilala o rekognisyon ng pamahalaan para sa mga kursong inaalok nito. Pagkaraan ng isang taon ay kinilala at tinanggap ng *Commission on Higher Education* (*CHED*) ang programang *Bachelor of Arts in Theology* alinsunod sa *curriculum* na iniatas ng *CHED*. Noong 2001 ay kinilala at tinanggap din ng *CHED* ang programang *Bachelor of Science in Religious Education* (*BSRE*). Ang Kolehiyo ang kauna-unahang *Bible College* na protestante sa *Cordillera Region* na pinagkalooban ng *CHED* ng pagkilala. Bukod dito, noong 2011 ay binigyan din ng pagkilala ng *CHED*  ang

programa nitong *Bachelor of Science in Elementary and Secondary Education*.[43]

Taong 2001 nang magbitiw si Dr. Ernesto Rulloda bilang pangulo ng Kolehiyo. Ang tungkuling ito ay inako ni Rev. Joven Laroya habang siya ay nagsisilbi pa bilang propesor ng *Christian Education* sa *Asia-Pacific Nazarene Theological Seminary*. Nagsilbing pangulo ng *PNC* sina:

Angelito O. Agbuya (2005-2008)
Bonifacio Plantilla (2010-2012)
Stephen Gualberto (2013-2015), at
Marcos Eugenio (2015-2016).[44]

Sa mga panahong ito (2005 hanggang 2016), ang Kolehiyo ay dumaan sa krisis na pinansyal dahil sa unti-unting pagkaubos ng pondo nito. Ang kagipitang ito ay natuklasan sa panahon ng pamamahala ni Marcos Eugenio. Naubos ang pondo ng Kolehiyo kasama ang mga naipon sa bangko. Noong 2016 at mga sumunod na taon ay nailagay ang kolehiyo sa katayuang nasa krisis. Upang malutas ang suliraning ito, ang *Board of Trustees* ay bumuo ng isang *crisis committee* na kinabilangan nina:

Allan Prado
David Ackerman
Crisanto Colorado
Jason V. Hallig
Tadeo Bolinas, at
Marilyn Mayao.

Noong 2019, Si Allan Prado ay itinalaga bilang pangulo ng *Philippine Nazarene College*. Dating siyang naglingkod bilang *officer-in-charge* ng *PNC* mula 2016. Ayon sa opisyal na pahayag ng *crisis committee*, ang Kolehiyo ay nakabangon na mula sa pinansyal na krisis.[45] Isang bahagi ng pag-aaring lupa ng paaralan ang ipinagbili noong 2020 ang nakadagdag sa pondo ng *PNC*.

Ang pandemya ay nagdulot ng dagdag na paghamon sa *Philippine Nazarene College* noong nakaraang dalawang taon (2020 hanggang 2021). Napilitan ang Kolehiyong magsagawa ng *online classes*. Gayunpaman, bahagya lamang ang naging epekto ng sitwasyon sa bilang ng mga nagpatalang estudyante sa departamento ng *Basic Education* ng Kolehiyo. Umasa si Prado na ang Kolehiyo ay muling makababangon sa sunud-sunod na mga paghamong pinagdaanan nito.

---

[43] see https://www.philnazcollege.edu.ph/about/ (accessed on October 12, 2021.)

[44] Jun Suyat and Jovita Fernandez had served the college as officers-in-charge during the vacancies. Field Strategy Coordinator Stephen Gualberto was unanimously and officially elected as president while serving as FSC.

[45] Allan Prado, interview of author, October 12, 2021.

## Central Philippine Nazarene College



CPNC faculty at Staff (2018-2019)

Nang lumipat ang Kolehiyo sa Cebu mula sa Iloilo noong 1986 ay tumaas ang bilang ng mga mag-aaral. Pinaglingkuran nito ang mga distrito sa Visayas pati na ang mga distrito sa Mindanao. Si Julie Macainan Detalo ang nagsilbi bilang pangulo ng Kolehiyo hanggang sa kanyang maagang pagpanaw noong Marso 16, 2011. Nasa pananaw niya ang pagbabago ng Kolehiyo mula sa isang institusyong tanging pang-teolohiya lamang hanggang sa ito ay maging isang *multi-discipline liberal arts college* o kolehiyong may higit pa sa isang disiplina para malayang sining. Dahil dito ay sinimulan ng Kolehiyo ang pagkuha ng rekognisyon mula sa pamahalaan para sa mas mataas na programang pang-edukasyon. Taong 2000 nang ipinagkaloob ng *Commission on Higher Education* (*CHED*) ang opisyal nitong pagkilala at pagpapatibay sa programa ng Kolehiyo sa *Theology* at *Religious Education*.[46]

Samantala, sinimulan din ng Kolehiyo ang pagpapalago ng programa nito para sa *basic education*. Taong 2002 nang buksan ang *elementary department,* at 2006 ang *high school department*. Kasama ang mga programang ito sa pagtahak ng Kolehiyo sa landas patungo sa mithiin nitong maging isang *multi-discipline College*. Nahalal si Jun Cabantug kasama ang kanyang maybahay na si Gigi bilang pangulo ng Kolehiyo noong 2012. Nang panahong iyon, ang Kolehiyo ay nakararanas ng matinding usapin sa pangangasiwa at pananalapi. Taong 2016 nang mahalal si Larnie Tabuena bilang pangulo nito, at naglingkod siya dito kasama ang kanyang kabiyak na si Annabelle hanggang 2021. Dala ng hangaring ang paaralan ay maging isang ganap na kolehiyo ng malayang sining, nagkaroon ng pagsisikap na makamit nito ang kaukulang antas ng akreditasyon.[47] Kasama sa mga ginawang hakbang ang paglahok ng Kolehiyo sa samahang nagbibigay ng akreditasyon, kabilang ang *Association of Christian Schools, Colleges, and Universities* (*ACSCU*), at ang paglalathala ng isang *monograph* (isang aklat o mahabang sanaysay tungkol sa paniniwala, etika at

[46] See https://www.vnbc.edu.ph/index.php?page=about (accessed on October 12, 2021).
[47] Tabuena, interview of author.

mga gawain ng isang samahan) na pinamagatang "*Making Christlike Disciples*". Ang *monograph* ay nilikha para sa mga guro ng Kolehiyo. Pinagtibay ng *Board of Trustees* ang panukala ni Tabuena na ang Kolehiyo ay tawaging *Central Philippine Nazarene College*-- isang pangalang sa pananaw ni Tabuena ay magdadala sa Kolehiyo sa katuparan ng pangarap na ito: "Isang pangunahing institusyon na pinagsama sa isang malikhaing paraan ang higit pa sa isang disiplina ng kaalaman at ang pinakamahusay na edukasyong Kristiyano." Sa wikang *English* ay ganito ang pagkakasaad: "*A leading institution of creative interdisciplinary integration and excellent Christian education*."

## *Asia-Pacific Nazarene Theological Seminary*

Ang *Asia-Pacific Nazarene Theological Seminary* (*APNTS*), ang seminaryo ng *Church of the Nazarene* para sa rehiyon, ay nagkaroon ng mga pagbabago. Nang magbitiw si John M. Nielson bilang pangulo nito noong 2001, inihalal ng *Board of Trustees* si Hitoshi Fukue, ang kauna-unahang Asyanong naging pangulo ng Seminaryo. Bago nito, si Fukue ay nagsilbi bilang pastor sa *Japan* nang mahabang panahon. Nanungkulan din siya bilang pangulo ng *Japan Christian Junior College*. Noong panahon ni Fukue, ang Seminaryo ay dumaan sa isang serye ng pagpaplano at pagsusuri sa mga proseso ng misyon. Ang resulta ay isang plano para sa limang taon, kasama ang mga pamamaraang magbibigay ng katuparan sa mga adhikain para sa simbahan at mga ministro sa Asia.[48]



**Mga estudyante, faculty at staff ng APNTS (1992)**

Noong 2008 nahalal si Floyd T. Cunningham bilang pangulo ng Sem-

[48] see https://www.apnts.edu.ph/history/ (accessed on October 12, 2021).

inaryo. Bago nito ay matagal siyang naglingkod bilang *Academic Dean* ng *APNTS*. Upang matugunan ang problema ng bumababang bilang ng mga estudyante, pinatatag ng Seminaryo ang mga *extension program* nito, at kasama dito ang *Papua New Guinea* at *Myanmar*. Sa pag-agapay ng *Compassion International* ay nakapagbukas din ang Seminaryo ng programa para sa *Doctor of Philosophy* (*PhD*) *in Holistic Child Development*. Sa pag-agapay naman ng *Asia Theological Association* (*ATA*), ang Seminaryo ay nakipagpulong kina Dr. Irene Yang at Dr. Fletcher Tink tungkol sa iba pang programang *doctoral* sa kanilang mga larangan, ang *Transformational Learning* at *Transformational Development*, na maaaring isama sa mga kurso. At noong 2016, ang *PhD in Transformational Learning* at *PhD in Transformational Development* ay binigyan ng rekognisyon ng pamahalaan.[49] Nang sumunod na taon ay kinilala rin ng pamahalaan ang kurso para sa *Doctor of Ministry* (*DMin*) at *Master of Arts in Intercultural Studies* (*MAIS*). Pinamumunuan ni Dr. Clark Armstrong ang *DMin program* at ni Dr. Eileen Ruger ang *MAIS*.

Taglay ang karagdagang programa para sa *Master of Arts* at *PhD*, ang Seminaryo ay naghanda upang mabigyan ang mga magiging tagapamuno ng simbahan ng pagkakataon upang lubos nilang mapaghusay ang pagganap sa kanilang mga tungkulin sa ministeryo. Ang mga pagkakataong handog ng mga programang ito ay higit sa pinangarap ng mga *pioneer* na tagapanguna ng simbahan at ng Seminaryo. Ito ay naging isang paghamon sa pamunuang nasyonal na gamitin ang pagkakataon tungo sa paglago ng mga gawain.

Taong 2013 nang isa pang Asyano, si Im, Seung-An, ang nahalal bilang pangulo ng Seminaryo. Dati siyang pangulo ng *Korea Nazarene University*. Bilang paghamon sa Seminaryo tungo sa pagpapahusay sa gawain, si Im, Seung-An ay kumatha ng isang kasabihan o *slogan*, ang "*BEST APNTS*", bilang bahagi ng pilosopiya ng Seminaryo sa edukasyon. Ang kasabihan ay tumutukoy sa isang pangarap na ang mga nagtapos sa Seminaryo ay magiging dalubhasa sa Biblia, umaako ng pananagutan sa komunidad ng simbahan, may kaisipan para sa kabutihan ng lipunan, at matapat sa pagpapatuloy ng pandaigdigan at lokal na misyon ni Kristo. Noong 2016 hanggang 2018, ginampanan naman nila Bruce at Peggy Oldham ang pamumuno sa *APNTS*. Subalit ang Seminaryo ay nakararanas noon ng kagipitang pinansyal. Hinarap ito ng mga Oldham sa pamamagitan ng panalangin at masigasig na paglilingkod. Pagsapit ng 2020, si Larry Bollinger ang nahalal na pangulo ng Seminaryo.[50]

---

[49] see https://www.apnts.edu.ph/history.

[50] see https://www.apnts.edu.ph/history.

## PhilTEEN

Noong 2001, ang programang tinaguriang *Theological Education by Extension* (*TEE*) ay nabigyan ng bagong buhay sa pagkakatalaga kay Larnie Sam Tabuena bilang *Field Education Coordinator* sa pangunguna ni Phillips.[51] Nakipagtulungan si Tabuena sa dalawang Kolehiyo, ang *Philippine Nazarene College* at *Central Philippine Nazarene College*, at sa Seminaryo upang muling buhayin at maisaayos ang programa. Ang *PNC*, *CPNC*, at *APNTS* ay ginawang sentro ng *TEE* ayon sa mandato ng *International Board of Education* (*IBOE*). Ang pagdami ng mga simbahang walang pastor ay naghudyat sa Field na dapat nang isaayos ang istruktura ng *Theological Education by Extension.*[52]

Ang *TEE* ay itinuring nina Tabuena at Phillips na katambal ng *Field* sa pagkakaroon ng mga ministrong may hustong kasanayan. Hangarin nilang ang *TEE* ay maging isang munting tahanan o "*mini-residence*" sa mga *training* o pagsasanay sa sentro ng mga distrito at simbahang naglalayong magbigay ng mga sumusunod:

* malikhain at makabuluhang pag-aaral ng teolohiya;
* produktibong paggamit sa kasanayan ng mga karaniwang manggagawa
* praktikal at makatotohanang paghahanda para sa ministeryo.

Noong 2005, ang *PhilTEEN* Manwal ay inilathala ng *Field* sa pakikipagtulungan sa mga Kolehiyo at ng Seminaryo. Ito ay isang gabay ng mga tagapag-ugnay o *coordinator* ng mga pamunuang nasyonal, distrito, *Bible College* at Seminaryo para sa pagpapatupad ng mga programa ng *PhilTEEN* sa mga distrito at simbahan. Apat ang adhikain ng *PhilTEEN*: (1) Pagtupad sa mga hiningi ng ordinasyon (2) Pagpapatuloy ng mga programang pangministeryo ng mga pastor (3) Higit na pagpapabuti ng *lay leadership* o pamunuan ng mga karaniwang kasapi, at (4) Pagsilbing daan sa paghikayat ng mga magaaral sa mga Kolehiyo at Seminaryo.

Kalaunan, ang *TEE* ay binigyan ng isang bagong pangalan: *Philippine Theological Education by Extension for Nazarenes* (*PhilTEEN*). Kaugnay ito ng layuning mapalawak ang sakop ng responsibilidad nito nang higit pa sa mga iniaalok nitong pormal na edukasyon. Nagbukas ang *PhilTEEN* ng mga programa sa *Christian Leadership Certificate* (*CLC*), *Christian Workers Diploma* (*CWD*), at *Pastoral Leadership Dimploma* (*PLD*). Bunga nito, maraming tao o *laymen*, na karamihan ay mga propesyonal, ang nag-aral sa ilalim ng programa ng *PhilTEEN*.

Noong 2016, si David Ackerman ay itinalaga bilang *Field Education*

[51] Tabuena, interview of author.

[52] Phillips, email to author.

*Coordinator*.[53] Siya ay nakipagtulungan sa mga Kolehiyo at Seminaryo sa paghahatid ng mga programa ng *PhilTEEN*. Hinikayat niya ang mga Kolehiyo at ang Seminaryo na sama-sama nilang isakatuparan ang pinag-isa at pinagtibay na *curriculum* para sa *PhilTEEN*. Nirebisa at isinaayos din ni Ackerman ang *PhilTEEN* Manwal. Taong 2021 nang palawigin ng *Field* ang programang *PhilTEEN* sa Micronesia-- na bahagi na rin ng *Field* sa Pilipinas. Noon din itinalaga si Eddie Morales bilang *Field Coordinator* ng *Philippine-Micronesia TEEN* (*Phil-MicTEEN*).

## Postgraduate Studies

Ang pagkauhaw sa kaalaman ng mga kabataang Filipino ay hindi lubusang napawi ng edukasyong ibinigay ng simbahan. Mayroong mga kabataang nagpatuloy sa pag-aaral at kumuha ng mga kursong higit pa *Master of Divinity* at *Master of Arts in Religious Education*, na noong 1980 hanggang sa mga taon ng 2000 ay mga programa ng APNTS. Narito ang ilan sa kanila:

Angelito O. Agbuya. Siya ay kumuha ng *Master of Arts in Biblical Studies* sa Olivet Nazarene University sa Estados Unidos, at ng *doctorate* sa edukasyon sa *Angeles University* bago siya bumalik sa Pilipinas.

Julie Macainan. Pagkatapos niyang matanggap ang kanyang *Master of Religious Education degree* sa *Nazarene Theological Seminary* ay nagpatuloy siya sa *West Visayas State University* sa Iloilo para sa kanyang *doctorate* sa edukasyon na nakuha niya noong 1990.

Ernesto Rulloda. Kinuha niya ang kanyang *doctorate degree* sa edukasyon sa *Baguio Central University*.

Wilfredo Manaois at Lourdes Manaois. Kapuwa sila may *doctorate degree s*a edukasyon.

Gilbert Montecastro. Sa *Presbyterian Theological Seminary* sa Korea niya kinuha ang kanyang *master's degree* sa *Biblical Studies*. Ang kanyang *doctorate degree* naman ay galing sa *Asia Baptist Graduate School of Theology*.

Lisa Bernal. Katulad ni Gilbert Montecastro, sa *Presbyterian Theological Seminary* sa Korea niya kinuha ang kanyang *master's degree* sa *Biblical Studies*. Pagkatapos ay nag-aral siya sa *Princeton Theological Seminary* kung saan niya naging guro si Gustavo Gutierrez.

Joven Laroya. Tinapos niya ang kanyang *doctorate* sa *St. Louis Universitysa Baguio City*. .

Jason V. Hallig. Sa *AGST-Philippines* niya kinuha ang kanyang *Master of Theology degree in Biblical Studies* at sa *Ashin University* sa *South*

[53] David Ackerman, interview of author through FB messenger, December 15, 2021.

*Korea* naman ang kanyang *PhD degree in Biblical studies.*

Dick Eugenio. Ang kanyang *degree* sa *PhD in Systematic Theology* ay mula sa *Manchester University* at *Nazarene Theological College* sa *Manchester, England*.

Nancy Culbertson. Natapos niya ang kanyang *doctorate* sa *De La Salle University* sa Maynila.

Jovita Fernandez. Ang kanyang *doctorate degree* sa edukasyon ay mula sa *Benguet State University* sa La Trinidad, Benguet.

Mila Prado. Mayroon siyang *doctorate degree* sa edukasyon mula sa *Benguet State University* sa La Trinidad, Benguet.

Larnie Sam Tabuena. Nag-aral sa *University of Sto. Thomas* sa Maynila para kanyang *doctorate degree in philosophy.*

Brandino Bestre at Carol Bestre. Kapuwa nila nakuha ang kanilang *doctorate degree* sa South Korea.

Violy Lartec Walton. Nakapagtapos din ng kanyang D*octor of Education in Leadership and Professional Practice* sa *Trevecca Nazarene University* noon 2014.

Merlita Montecastro. Ang kanyang *doctorate degree in counseling* ay mula sa *Asia Baptist Graduate school of Theology sa Baguio City*.

Lahat ng mga nabanggit ay naglingkod sa mga Kolehiyo ng simbahan at sa Seminaryo bilang mga *part-time* o *full-time* na propesor.

## Mga Misyonerong Filipino sa Buong Mundo

Ang mga Filipinong *Nazarene* ay nagkaroon ng pagkakataong makasama sa misyon ng *Church of the Nazarene* sa iba't ibang bansa noong dekada sitenta at dekada otsenta. Sina Bienvenido at Maria Nacionales ng Bacolod ang naging unang mga Filipinong misyonero ng *Church of the Nazarene* sa *Africa*. Nagsagawa sila doon ng pagtatanim ng simbahan at *medical mission,* at naglingkod sa *Raleigh Fitkin Memorial Hospital and School of Nursing* sa Manzini, *Swaziland* mula 1977 hanggang 1994. [54]Si Norma Bajoyo na mula naman sa Iloilo ay nagsilbi rin bilang misyonero sa *Swaziland*.

Noong 1981, sina Wilfredo at Lourdes Manaois ng Negros ay itinalaga bilang mga misyonero sa *Nigeria*. Nagsilbi si Wilfredo Manaois bilang direktor ng misyon, at tumulong sa pagtatatag ng *Nigerian Nazarene Bible College*. Si Lily Sinot ng Baguio ay naging misyonero sa *Papua New Guinea*.Sina Rex at Perlita dela Peret ang itinalagang mga misyonero sa *Micronesia* noong 1996. Noong 2011, sina Arnel at Christine Jotiz ay na-

[54] Ernesto N. Rulloda, interview of author, December 30, 2021.

glingkod sa *Cambodia* bilang misyonero.[55] At mula 2017 hanggang 2021, si Cristine Dialing ang naging misyonero sa *Thailand*.

Pagdating ng 2021, ilan pang mga Filipino *Nazarene* ang naglingkod bilang mga misyonero sa ibang bansa. Sina Brandino at Carolyn Bestre ang itinalaga sa *Melanesia South Pacific Field*, si Brandino bilang *assistant Field strategy Coordinator*, at sa Carolyn bilang *Education Ministry Coordinator.* Si Janary Suyat ang naging misyonero sa Japan bilang *Asia-Pacific Regional Youth Coordinator*. Siya rin ang naging tagapagpausad o *facilitator* ng mga pagsasanay ng mga kabataan at sumisibol na mga pinuno mula sa iba't ibang kultura sa rehiyon ng *Asia-Pacific*. Misyonero sa *Southeast Asia Field* sina Sarah May Palosa at Joanna Jean Gunda, at sa *Asia-Pacific Region* Sina Mitch at Marnie Modine. Nagturo si Mitch sa *APNTS*, samantalang si Marnie ay naglingkod bilang *Regional Secretary.* Sina Ingrid at Terence Lustana ay tumulong sa *Field Strategy Coordinator* at naging bahagi rin ng *Field Communications team* para sa iba pang pangangailangan para sa *media*. Nagsilbi rin silang *Field Youth Coordinator*. Sina Arnel at Inocencia Piliin ay itinalaga sa *Asia-Pacific Region*. Dito ay ginampanan ni Arnel ang tungkulin bilang *Field Strategy Field Coordinator* para sa *Philippine-Micronesia Field*. Si Inocencia ang nagsilbing *Mission Manager* sa tanggapan at *Coordinator ng Women Clergy* para sa *Philippine-Micronesia Field;* Sa *Southeast Asia Field* naging misyonero sina Mark at Jazz Eugenio, at dito ay ginampanan ni Mark ang kritikal na tungkulin ng *Chancellor of Chapman International College*.[56]

Sa kabila ng mahahalagang tungkuling hinawakan ng mga misyonerong Filipino, nariyan pa rin ang paghamon ng suporta sa pananalapi. Bagama't ang ilan sa kanila ay nakatatanggap ng suporta mula sa pandaigdigang simbahan, marami sa kanila ang kinailangang maglikom ng suportang pinansyal. Unti-unti ay nagkaroon ng malinaw na kamalayan ang simbahan sa Pilipinas tungkol sa kanyang pinansyal na pananagutan para sa mga tumugon sa tawag ng misyon.

Karagdagan pa rito, at sa pangkalahatan, malinaw ang pag-asang matutupad ang mithiin ng *Church of the Nazarene* na ang Pilipinas ay maging "*missionary sender*" o tagapagpadala ng mga misyonero sa ibang bansa. Ang *Metro Manila District* ay nakapagpadala na ng mga pastor sa ibang bansa bilang misyonerong kamanggagawa doon ng mga Filipino. Kabilang sa kanila sina Radito at Raquel Fausto, Dexter at Jannel Matugas, Ben Nacion, Jun at Mercedes Ooka na naglingkod sa Japan. Sa Estados Unidos naman ang gawain nina Bonifacio at Neneth Plantilla,at naging kabalikat nila dito ang mga Filipino *Nazarene* mula sa ibang distrito. llan sa kanila

---

55 Arnel Jotiz, interview of author, December 27, 2021.

56 see https://nazarene.org/missionary-profiles (accessed on December 17, 2021).

sina Joven Laroya, Ernesto Rulloda, at Roy Lobusta. Sa Canada, kinatawan nina Alfredo at Lourdes Velasco, at Jun at Nenita Ganancial ang *Philippine Luzon District*.

Ang gawaing pangmisyon para sa mga Filipinong naghahanapbuhay sa ibang bansa (*Overseas Filipino workers* o *OFW*) ay naghihintay sa *Church of the Nazarene* upang ito ay ganap na kilalanin at ayusin bilang isang *mission field* na kayang magsarili.

## Paglago ng Pamumuno: Mga Suliranin at Pag-asa

Ang pagpapalago ng pamumunong nasyonal ay may kaakibat na mga suliranin at pag-asa. Alam ng mga misyonero ang panganib ng paglalagay ng pamunuan sa kamay ng mga Filipino nang wala sa panahon. At kung tama man ang panahon ng paglilipat ng pamunuan mula sa mga misyonero tungo sa mga tagapamunong nasyonal, nariyan pa rin ang katanungan kung nasa lugar na ang iba pang mahalaga at kritikal na bagay para dito. Ang bahaging ito ng aklat ay nagsusuri sa mga bagay na nakasisira o nakatutulong sa paglago ng pamunuang nasyonal--mga bagay na tumatalakay sa mga suliranin at mga pag-asa. Ito ay idinagdag sa aklat upang magbigay ng paghamon sa mga kasapi at tagapamuno ng simbahan tungo sa paglalaan sa *Church of the Nazarene* ng isang magandang kinabukasan.

Subalit ang landas sa magandang kinabukasan ay hindi maaaring tahakin nang walang aktibong pag-amin sa mga pagkukulang at pagkakasalang nagawa ng simbahan. Inaasahang sa banal na pagsusuri sa sarili ay matatagpuan ng mga kasapi at tagapamuno ng simbahan ang kapakumbabaan at kababaang-loob. Ito ay isang paghamon sa simbahan. Ang pahayag na ito nina Scot McKnight at Laura Barringer ay inaasahang matatanggap din ng lahat taglay ang kababaang-loob at katalinuhan: "Tayo, bilang isang simbahan, at sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, ay dapat magsagawa ng mahirap na tungkuling magpahayag nang tapat tungkol sa ating mga kasalanan at pagkakamali, isabuhay ang pagsisisi, at isaayos muli ang kultura ng simbahang nag-ugat sa katotohanan, biyaya, at bukas na kalooban. Kailangan natin ang mga gabay para sa mahirap na gawaing ito."[57] Bagama't hindi tamang isiwalat ng may-akda nito ang mga pangalan at sitwasyong may kaugnayan sa mga suliraning naranasan at hinarap ng simbahan, ang diwa ng kababaang-loob at pagsasabi nang tapat ang layunin ng pagtatalang ito.

---

[57] Scot McKnight and Laura Barringer, A Church Called Tov: Forming a Goodness Culture That Resists Abuse of Power and Promotes Healing (Illinois : Tyndale House Publishers, 2020): 10.

## Mga Suliranin sa Pamumuno

Ang isang bagay na nakahadlang sa paglago ng pamunuang nasyonal ay ang mga suliranin o usaping kinaharap ng mga tagapamunong nasyonal sa kani-kanilang ministeryo. Ang mga pastor, *district superintendent,* guro sa mga Kolehiyo, mga propesor sa Seminaryo, at mga misyonero ay sinubok ng iba't ibang tukso sa kanilang mga ministeryo at misyon. Sa kabila ng pagsisikap ng simbahang pairalin ang mataas na pamantayan ng moralidad ayon sa doktrina ng kabanalan at ang katangi-tangi nitong doktrina ng paghiwalay sa kasalanan, kinailangan ng simbahang harapin ang ilang nakapanlulumong kabiguan sa pamumuno, tulad ng imoralidad na sekswal, kakulangan ng integridad sa pananalapi, at sigalot sa pamunuan.

Ang sumusunod ay pangkalahatang pagpapahayag ng mga suliraning kinaharap ng mga tagapamuno sa buhay at gawain ng simbahan sa loob ng 75 taon. Mayroon mang iba pang mga pagsubok, ang tatlong suliraning ito ang pinaka-karaniwang pangyayari sa kasaysayan ng simbahan.

**Imoralidad na Sekswal**. Sa kahihiyan at kapakumbabaan ng simbahan, ilang mga misyonero at tagapamuno ng simbahan ang nahulog sa tukso kaugnay sa kasalanang sekswal. Iba't iba ang anyo at bigat ng mga ito. Pinanınindigan ng *Church of the Nazarene* na ang kasalanang ito ng mga tagapamuno ay nangangailangan ng matinding pagpapasya at aksyon. Ang simbahan ay labis na nalungkot, naglapat ng disiplina, nagtanggal, nagtiwalag at nagpabalik din sa mga nagkasala kaugnay dito. Mayroong panahong ang epekto ng kasalanang ito ay nagtagal at nakahadlang sa mga gawain at pagpapatotoo ng simbahan. Ngunit hinarap ito ng mga tagapamuno nang may kababaang-loob ng pagpapakumbaba at pagtatapat. Ang aklat na "*The Confessions of St. Augustine,*" na tungkol sa mga kasalanan ni *Saint* Augustine noong kanyang kabataan at ang pagyakap niya sa buhay Kristiyano, ay laging nagpapaalala sa simbahan ng *Nazarene* ng kanyang pangangailangan sa kababaang-loob at katapatan. Ito ang paalaala ni Pablo sa simbahan:"Datapuwa't kung saan nanagana ang kasalanan ay nanaganang lubha ang biyaya" ( Mga Roman 5:20 ).

**Katapatan sa Pananalapi**. Ang karunungan sa paghawak ng salapi ay dapat na hangarin nang taimtim ng isang ministro. Sa katunayan ay ito ang paniniwala ni Pablo, "Sapagkat ang pag-ibig sa salapi ay ugat ng lahat ng kasamaan" (1 Timoteo 6:10). Ang simbahan ay pinagkakatiwalaan ng pananalapi at iba pang mapagkukunan ng kanyang mga pangangailangan. Kaya't tungkulin ng mga tagapamuno ng simbahan ang maging mabuting katiwala ng anumang pag-aari ng simbahan. Isang misyonero ang nagpatotoo tungkol sa malaking daloy ng salapi sa kamay ng mga

misyonero para sa misyon. May mga panahong ang mga tagapamuno ay nakaranas ng kalituhan sa pagpapasya kung sino ang dapat humawak at magkontrol ng pondo at kung anong mga pangunahing bagay at proyekto ang dapat pag-ukulan nito.

Karaniwang sanhi ng suliraning pinansyal ng simbahan ang kakulangan ng pananagutan at mahinang pang-unawa ng mga tagapamuno sa kahulugan ng pagiging mabuting katiwala. Bagamat ang simbahan ay may mga hakbang upang maligtas ang mga tagapamuno sa pagkakamali sa paghawak sa pondo, ilan sa mga tagapamuno ang naging pabaya at nagkulang sa kanilang pananagutan. Dahil dito ay kailangan ng mga tagapamuno ang malakas na pang-unawa at pagsunod sa prinsipyo ng Diyos at ng relihiyon tungkol sa salapi at pagiging mabuting katiwala nito.

**Alitan sa Pamunuan**. Sinabi ito ni E. Lebron Fairbanks sa isa niyang aklat: "Ang mga taong mabubuti at maka-Diyos ay kadalasang nagkakaroon ng pagkakaiba sa paraan ng pag-abot sa mga adhikaing pare-pareho nilang hinahangad; at minsan, ang mga mabubuti at maka-Diyos na taong ito ay nagkakabanggaan."[58] Dagdag niya, "Nakita kong ang banggaang ito ay nangyayari hindi dahil sa mga mabuti o masamang ideya, dakila o makasalanang hangarin, o tama o maling solusyon. Sa halip, ang mga mabubuti at maka-Diyos na tao ay nagkakabanggaan dahil sa pananaw, mga pinahahalagahang bagay, at mga tradisyon sa pamayanan ng mga mananampalataya."[59] Ang malungkot dito, nagdusa ang simbahan sa mga alitang humantong sa paglisan ng mga tao sa simbahan.

Bagamat may mga nanatiling matapat at puno ng pag-asa para sa isang mas mabuting simbahan, ang iba ay nagpasyang ito ay isuko na. Dahil sa mga alitan ay maraming nawala sa simbahan. At kinailangan ng mga nanatili dito na magsikap na magtulungan upang mapairal hindi lamang ang katapatan sa simbahan kundi ang malakas na damdamin para sa mabuting samahan  sa ministeryo. At tunay ngang kailangan yakapin ng simbahan ang lumang prinsipyong ito tungkol sa pamumuno: "Sa mahahalagang bagay, pagkakaisa; sa di-kailangang mga bagay, pagkakaiba; sa lahat ng bagay, pag-ibig."

## Mga Pag-asa ng Pamumuno

Ang pagpapalago at pagpapaunlad ng pamumuno ay nagbigay din ng pag-asa at paghamon sa simbahan. Tatlong pangunahing larangan kaugnay sa pag-asa o paghamon ang matiyaga at masigasig na inasikaso

---

[58] E. Lebron Fairbanks, Leading Decisively! Leading Faithfully!: Reflections and Markers (Florida: BoardServe, 2016): 115.

[59] Fairbanks, Leading Decisively, 115.

ng simbahan. Ang mga ito ay batid ng simbahang pandaigdig. Ang paghamong ito ay hinarap nila nang buong puso sa propesyonal na pamamaraan at ito ay may pagpapatuloy.

**Paghahandang Pang-edukasyon**. Ang *Bible College* sa La Trinidad, Benguet ay itinatag hindi lamang para sa paghahanda at pagsasanay ng mga pastor kundi para na rin sa pagsasanay ng mga tagapamuno ng simbahan. Marami sa unang mga tagapamuno ng simbahan ang nagtapos sa *Nazarene Bible College*. Ang mga nabigyan ng tungkuling maglingkod bilang *district superintendent* ay mga inordinahan ng *elder* ng *Church of the Nazarene*. Ilang taon din ang nagdaan bago pinahintulutan ng Misyon ang *District Assembly* na maghalal ng una nilang *district superintendent*. Naghintay ang mga misyonero ng sapat na panahon para sa mga unang pangkat ng mga inordinahang *elder* na magkaroon ng sapat na edukasyong bago tuluyan ipinagkaloob ng mga misyonero ang kanilang tiwala sa kakayahan ng mga Filipino na mamuno. Noong 1967, nahalal na *district superintendent* si Valenzuela. Isa siya sa mga unang nagtapos sa *Bible College* noong 1957 at 1958. Mahalaga ang papel ng edukasyon sa pagpapaunlad ng pamumuno sa simbahan. Nakita ng mga misyonero, tulad ni Pattee, ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mga tagapamuno sa Field ng mahusay at sapat na edukasyon.

Noong 1977, pinagtibay ng *General Board* ng *Church of the Nazarene* ang planong makapagtatag ng isang *graduate school* para sa *Asia-Pacific Region*. Noong 1983 nagumpisa ang mga klase. Si Donald Owens ang itinalagang unang pangulo ng Seminaryo. Malaking pagsisikap na ginawa ng simbahan upang maitaguyod ang mataas na edukasyon. Pagsapit ng 2021, umabot sa 600 mag-aaral ang nakatapos sa Seminaryo. Marami sa kanila ang naging tagapamuno ng *Church of the Nazarene* at iba pang mga denominasyon sa Pilipinas at sa iba pang mga bansa sa rehiyon.[60]

Marami sa mga tagapamuno ng simbahan ang nakatapos nang may *degree* sa Kolehiyo o *master's degree* na nagamit nila sa paglilingkod. Dagdag pa rito, ang *APNTS* ay nagkaroon ng programa para sa *PhD* para sa mga pastor at tagapamunong naghahangad o nangangailangan ng mas mataas pang edukasyon. Ang paghahanda sa mga tagapamuno ng simbahan sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng pagkakataong magkaroon ng mataas na edukasyon ay nagsisilbing isang malinaw na pangako sa simbahan para sa magandang kinabukasan.

**Suportang Pinansyal.** Patuloy ang pagtataguyod ng simbahan at ng mga kasapi nito sa misyon ng *Church of the Nazarene*. Itinatag ang simbahan kasama ang isang misyon, ang *Nazarene Mission International*, bilang isa sa kanyang mga bisig o sangay. Ang suportang matapat na ibinibigay

[60] see https://www.apnts.edu.ph/history/ (accessed on December 15, 2021).

ng simbahan at ang pagkakaloob ng mga *Nazarene* sa buong mundo nang bukal sa kanilang kalooban ang nagbukas ng daan sa gawain ng misyon sa ibang bansa, kasama ang Pilipinas. Ang puso ng mga *Nazarene* para sa pagkakaloob ay laging katambal ng puso ng simbahan para sa misyon. Naisagawa ng mga misyonero ang pagpapalaganap ng Banal na Apoy sa mga bansa dahil sa matapat na pagbibigay ng simbahan.

Dahil sa tuloy-tuloy na pakikibahagi ng mga unang Filipinong *Nazarene* sa pagkakaloob, naging isang *regular* na distrito ang *Philippine Luzon District*. Nagbigay din ito ng pagkakataon upang makilahok ang mga lokal na simbahan sa gawain ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas. Magmula noon, ang mga lokal na simbahan na ang sumusustento sa kanilang mga pastor at hindi na sila gaanong umaasa sa sustento ng misyon sa ibang bansa. Nang taong 2021, mayroon nang apat na mga regular na distrito ang Pilipinas, at mayroon pang ibang handa na rin upang maging regular na distrito. Umabot man ng matagal na panahon bago nakamtan ng simbahan ang tinatawag na "*three-self status*" o may tatlong-katangian-ng-pagsasarili, hindi nakaligtaan ng mga simbahan ang layuning magkaroon ng kasarinlan sa kalagayang pinansyal. Sa katunayan, nagkaroon na ng pagkakataong makibahagi ang Pilipinas sa pagbibigay sa misyon ng *Church of the Nazarene International*. Tunay ngang umakyat na ang simbahan mula sa antas ng pagiging tagatanggap ng tulong sa antas ng pagiging kabahagi na sa pagbibigay sa misyon.

**Ang Kapanahunan ng Teolohiya**. Ang kakayahang magpaliwanang ng kahulugan ng teolohiya hindi lamang para sa tao kundi ng kakayahan mismo ng mga tao na gawin ito ay isang palatandaang ang denominasyon ay nasa tama nang panahon o isa ng ganap na magulang. Ito ay totoo sapagkat ang paghubog sa uri ng ministeryo ng pastor at sa gawain ng mga tagapamuno ay nakasalalay sa kakayahan ng mga pastor at tagapamuno na mag-isip ayon sa teolohiya o pagkakaunawa sa paniniwala sa Diyos at relihiyon. Sa larangan ng teolohiya, tumatanaw ang *Church of the Nazarene* ng malaking utang na loob sa teolohiya ni Wesley at sa *Holiness Movement* sa Amerika. Malinaw ang pahayag ng simbahan tungkol sa paniniwala nito sa teolohiya, na buong-pusong ipinangaral ng mga pastor sa mga tao. Sa misyon, ang teolohiyang ito ay parang nakatanim sa paso at inilipat sa misyon nang walang gaanong kamalayan sa mga komplikasyon at pagkakaiba ng mga kultura. Kasama rin dito ang kakulangan sa kaalaman sa prinsipyo ng interpretasyon o pagbibigay-kahulugan sa sinasabi ng Biblia. Ang mga ito ay nakaapekto sa pagpapahayag at pagpapalago ng teolohiya. Sa umpisa, ang mga pastor at tagapamunong Filipino ay lubos na umasa sa kaalaman sa teolohiya ng mga unang misyonero.

Bagamat ang teolohiya ay hindi pangunahing prayoridad ng misyon

noong mga unang taon, nasa isipan din ng simbahan at ng mga misyonero ang teolohiya ng simbahan at ang pagpapaunlad ng mga Filipinong nagpapakadalubhasa sa teolohiya para sa kinabukasan ng simbahan. Marahang pinasimulan ng Seminaryo ang pagsasanay at pagpapaunlad ng mga nasyonal na teologo. Sa pakikipagtambalan sa Rehiyon, pinangunahan ng *APNTS* ang mga pang-teolohikong pagpupulong sa Rehiyon upang ang mga tagapamunong nasyonal ay mabigyan ng pagkakataong makapag-isip ng mga bagay tungkol sa teolohiya. Noong 2001, ang *Asia-Pacific Region* at ang *APNTS* ay nagkatuwang sa pagsasagawa ng unang komperensya sa teolohiya sa Rehiyon. Tatlong Filipino ang lumahok sa komperensyang ito: sina Angelito O, Agbuya, Larnie Sam Tabuena, at Jason V. Hallig. Si Hallig ay nagprisinta ng isang papel na pinamagatang "*Communicating Holiness to the Filipinos: Challenges and Needs, the Path to Filipino Theology of Holiness.*" Noong 2004, isang komperensya sa teolohiya ang ginanap sa South Korea. Habang nagsilbing devotional speaker si Julie Macainan, tatlong Filipino ang nagbigay ng komentaryo o kasagutan sa mga papel na iprinisinta. Si Ben Nacion na noon ay isang estudyante sa *APNTS* ang nagbigay ng komentaryo sa papel ni Im, Seun-An, na may titulong "*A Dialogue between Wesley and Confucius on the Theme of Sanctification.*" Si Gilbert Montecastro, isang propesor sa *APNTS*, ang rumesponde sa pahayag ni Manabu Ishida sa kanyang papel na pinamagatang "*The Scripture as the Book of Sacred Drama of God's Holy People: Interpreting the Scriptures in Japanese Context*", Nagbigay din ng komentaryo si Larnie Sam Tabuena kay Chun, Kwang-Don na ang papel ay may titulong "D*oing Empatheology as a Praxis of Holiness Theology: Theological Reading Luke 10:30-37*".

Ilan din sa mga Filipino ang dumalo, sumulat at nagprisinta ng papel sa mga komperensyang pandaigdig. Noong 2002, si Joven Laroya ay dumalo sa kauna-unahang *Global Nazarene Theology Conference* na ginanap sa Guatemala. Sila Angelito L. Agbuya, Jovita Fernandez, at Jason V. Hallig ay nakilahok din noong 2007 sa pangalawang *Global Nazarene Theology Conference* na ginanap sa *The Netherlands.* Noong Ika-tatlong *Global Nazarene Theology Conference* na ginanap sa Johannesburg, South Africa, si Dick Eugenio ay sumulat ng papel na may pamagat na, "*Who Do You Say I am?: The Trinitarian Identity of Jesus Christ*" (Sino Ako Para sa Inyo?: Ang Trinitaryang Pagkakilanlan ni Jesu-Cristo).

Sa nakikita noon, ang simbahan sa Pilipinas ay maituturing na bata pa sa larangan ng teolohiya. Sa mga nagtapos sa Kolehiyo at sa Seminaryo, iilan lamang ang nagkaroon ng pagkakataong makapag-aral nang higit pa sa *MDiv* at makatapos ng kanilang *PhD* sa teolohiya o sa Biblia upang magkaroon sila ng sapat na kakayahang lumahok sa talakayan sa

mga komperensya sa teolohiya ng simbahang pang-rehiyon at pangdaigdig. Samakatuwid, ang pagpapaunlad sa kasanayan at kaalaman ng mga Filipinong teologo at iskolar sa Biblia ay nananatiling isang paghamong kailangang bigyang-pansin ng simbahan at ng mga tagapamuuno nito. Hindi lamang pampalakas-loob ang kailangan ng mga kabataang *Nazarene* na may kaukulang potensyal; Kailangan din nila ang suporta ng simbahan at karapatang magamit ang potensyal na ito sa gawain at paglilingkod. Ang mga Kolehiyo at ang Seminaryo ay may pangangailangan sa mga propesyonal na Filipinong teologo at iskolar sa Biblia na may kakayahan sa paggamit ng teolohiya para sa simbahan at sa kinabukasan nito. Ang uri at kalidad ng teolohiya ng simbahan ay nakasalalay sa uri at kalidad ng kanyang mga iskolar.

## Pangwakas na Pananalita

Ang huling 25 taon ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas ay nagsilbing bungad o '*threshold*' ng bagong simula para sa simbahan. Marahan at maingat ang ginawang paglilipat-kamay ng pamunuan mula sa mga misyonero tungo sa mga tagapamunong nasyonal. Habang ang mga tagapamuno ng misyon at mga tagapamunong nasyonal ay naghangad ng nasyonalisasyon o pagsasabansa ng simbahan, naging mahalaga ang pagsasaalang-alang sa tamang panahon at kahandaan ng simbahan para sa simulaing maabot ang adhikain. Hindi niloob ng misyong bitawan ang kanyang tungkulin kung ang isasakripisyo ay ang simbahang nasyonal.

Ang pagkakatalaga sa isang Filipinong *Field Strategy Coordinator* ay itinuring na nakabuti kapwa sa misyon at sa pamumunong nasyonal. Hindi ang pagtatatag ng mga nagsasariling simbahan o '*independent churches*' sa mga bansa sa buong mundo ang misyon ng *Church of the Nazarene*. Malakas na ipinahahayag ng mga Nazarene ang kasabihang ito: "Marami mula sa isa; isa mula sa marami!" Dahil dito, ang pandaigdigang diwa ng simbahan ay nanatiling matatag matapos makapagtalaga ng isang Filipinong *Field Strategy Coordinator*. Ang Filipinong *Field Strategy Coordinator* ang nagsilbing tagapag-ugnay ng pamunuang nasyonal at pandaigdig na simbahan. Di-tulad ng ibang simbahang Protestante, ang *Church of the Nazarene* ay sinadyang maging parehong katutubo/nasyonal at pandaigdig.

Ang kinabukasan ng *Church of the Nazarene* ay nakasalalay sa kamay ng mga tagapamunong nasyonal. Sapagkat ang simbahang nasyonal ay lumago sa gabay at tulong ng misyon ng *Church of the Nazarene*, dapat akuin ng simbahang nasyonal ang tungkuling maging isang bahagi ng kabuuan ng pandaigdigang *Church of the Nazarene*, at maging katuwang sa

buhay ng simbahan at ng misyon nito sa mundo, hindi na bilang mag-ama o '*paternal*' kundi bilang magkakapatid kay Kristo. Marami pang higit na paghamon at adhikain ang taglay ng kinabukasan, at kabilang dito ang patuloy na pagpapalago at pagpapalakas ng mga distrito at simbahang mayroon nang kasarinlan; ang kaunlaran ng mga tagapamunong nasyonal taglay ang katangian ng mataas na edukasyon para sa iba't ibang ministeryo; at ang kahusayan ng mga teologong Filipino para sa mas matagumpay na buhay at misyon ng simbahang nasyonal, sa pakikipagtulungan sa iba pang mga kasapi ng pandaigdigang *Church of the Nazarene*.

## [1995] 1997-2010 TIMELINE

Craft, Phillips, and National Leadership

**1995**

Above:
- * ***Rev. Robert Craft*** appointed as Field Director (1995)
- **Virgilio Tamayo III** MMD Dist. Superintendent

Below:
- **Rudy Manaois** (a) District Superintendent Southern Tagalog District (1995)
- **Nicanor F. Cacho** Jr. (a) District Superintendent Mindanao East District
- **Sulpicio 'Jun' Detalo** Appointed as District Superintendent Bicol District

**1996**

Above:
- **25th Golden Anniversary** held at VNBC Cebu City
- **Metropolitan District** Separated from Luzon District Angelito Agbuya served as DS

**1997**

**1998**

Above:
- **Negros District (1999)** separated from Panay District
- **Glen Cacho** (e) Dist. Sup. Mindanao West

Below:
- Partnership with **Jesus Film Harvest Partner** Elmo Dialing
- **Jesus Miranda** (a) Dist. Sup. Panay District
- **Ched Recognition** AB Theology PNC
- **Federico Cabansangan Jr.** District Superintendent Negros

**1999**

Above:
- **Edgard Longcop** Dist. Sup. (1999) Central Visayas District
- **Greg and Terry Taylor** Work and Witness Coor.

Below:
- **Marcelino Ochoco** (e) Dist. Sup. Phil. Luzon District

**2000**

Above:
- **Elpidio Manangan** (e) Dist. Sup. (2000) Metro Manila District

Below:
- **Rev. Robert Craft** Resigned
- **Nemie C. Babao** (a) Dist. Sup. Negros District
- **Ched Recognition** Theo. / RE VNBC

**2001–02**

Above:
- **Faustino Roranes** (a) Dist. Sup. /STD
- **Hitoshi Fukue** elected president APNTS
- * ***David Phillips*** elected as Field Strategy Coordinator

Below:
- **Joven Laroya** LNBC President
- **1st Asia-Pacific Regional Theological Conference**
- **Ched Recognition** BSRE PNC
- **First Global Theological Conference**
- **Erene Pastor** (e) Dist. Sup. Mindanao East District

**2003–04**

Above:
- **2nd Asia Pacific Theo. Conf.**

Below:
- **Radito Fausto** (e) Dist. Sup. Metro Manila District

**2005–06**

Above:
- **Angelito O. Agbuya** President PNC
- **Edgar Longcop** Dist. Sup. Eastern Visayas
- **Joseph Cacho** (e) Dist. Sup. Panay District

Below:
- **Segunda Angwas** Dist. Sup. Mindanao West
- **Joseph Cacho** (e) Dist. Sup./ Negros
- **Renato Villagonza** District Superintendent Central Visayas

**2007–08**

Above:
- **Floyd T. Cunningham** elected president APNTS
- **Larnie Sam Tabuena** elected Exec. Sec. PNAB
- **Second Global Theo. Conf.**


Below:
- **Nemie Babao** (a/e) Dist. Sup. Negros Dist.
- **Fernando Angel** Dist. Sup. (e) Mindanao West

**2009–10**

Above:
- **Bonifacio Plantilla** (e) Dist. Sup. Metro Manila

Below:
- **Arnel Piliin** (e) Dist. Sup. Metro Manila
- **Bonifacio Plantilla** elected President PNC
- **Stephen Gualberto** appointed as FSC

**TIMELINE 2011-2021**
From Gualberto to Piliin Leadership



## *Epilogue*

Ang *Church of the Nazarene* sa Pilipinas ay bahagi ng Apoy ng Banal na Espiritu na ang alab ay lumaganap sa buong daigdig sa loob ng pandaigdigang *Church of the Nazarene* -- at sa pamamagitan nito. Nang mahagip ng unang mga *Nazarene* sa Estados Unidos ang diklap ng Apoy ng Banal na Espiritu, nag-alab ang simbahan sa pagpapalaganap nito sa Estados Unidos at sa ibang mga bansa. Ang *Church of the Nazarene* sa Pilipinas ay bunga ng nagbabagang puso ng ilang Filipino at Amerikanong *Nazarene*. Kakatapos lamang ng apoy ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, handa na ang Pilipinas para sa isa pang apoy--- ang Banal na Apoy ng Pentecostes o Pagdating ng Espiritu Santo: "Subalit tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo, at kayo'y magiging saksi ko sa *Jerusalem*, sa buong *Judea* at sa *Samaria*, at hanggang sa dulo ng daigdig " ( Mga Gawa 1:8).

Kabilang ang *Church of the Nazarene* sa maraming denominasyong Protestante na nagtungo sa Pilipinas pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Nakipagtulungan ito sa iba't ibang denominasyon sa bansa habang umiiral pa ang *mission comity arrangement* o kasunduan ng mga misyon para sa iisang layunin. Ang Diyamanteng Pagdiriwang (ika-75 na taon o diamond jubilee ) ng Kasaysayan ng *Church of the Nazarene* sa Pilipinas ay isang pagpapatotoo sa katapatan ng mga *Nazarene* sa Dakilang Komisyon sa pangkalahatan, at sa partikular, sa mensahe tungkol sa kabanalan ayon sa katuturuan ng mga *Wesleyan*: Ang Kabanalan para sa Panginoon ang ating salawikain at awitin. Ang mga *Nazarene* ay nagtungo sa Pilipinas dahil sa mensahe ng kabanalan. Ito ang Banal na Apoy, na sa pamamagitan ng mga *Nazarene* ay napag- alab sa kalooban ng mga kaibig-ibig na mga tao ng Luzon, Visayas at Mindanao.

Nang dumating ang tamang pagkakataon, ang *Church of the Naza-*

*rene* ay naging handang tumulong sa pag-ahon ng mga Filipino mula sa pagkasira ng katawan, at maging ng kaluluwa. Noong panahong iyon, ang Pilipinas-- na itinuturing na tanging Kristiyanong bansa sa Asia-- ay nangangailangan ng tulong ng maraming simbahang Protestante sa pagsisikap na "Gawing Kristiyano ang Kakristyanuhan." Malinaw sa *Church of the Nazarene* ang tawag na ipangaral ang kabanalan lalo na sa mga mahihirap. Naniniwala ang mga *Nazarene* na sila ay tinawag upang tulungan ang mga mahihirap na marinig ang mensahe ng kabanalan, na siyang magpapalaya sa kanila mula sa bitag ng kasalanan at kadiliman.

Ang pagsasakatuparan ng misyon ay mabagal at nakapapagal. Itinuon ng mga unang *Nazarene* ang kanilang gawain sa mga pook sa kanayunan kung saan ang mga mahihirap na pamilya ay mas bukas sa Magandang Balita tungkol kay Kristo at sa mensahe ng kabanalan. Ito ang dahilan kung bakit ang mga simbahang *Nazarene* ay walang malalaking pagpupulong na pangkapatiran o *fellowship* at magagarang gusali kung ikukumpara sa ibang naunang simbahang Protestante. Malakas at buong-puso ang katapatan ng simbahan sa kabanalan ayon sa paniniwalang *Wesleyan*. Ang Apoy ng Banal na Espiritu ay matatag at mapanakop. Sa palagay ng ilan sa mga unang *Nazarene*, ang ganitong katuturuan sa kabanalan ay maiuugnay sa pagpapakabuting dikta ng batas; ito ay nagdulot ng pagsiklab ng legalismo sa simbahan. Subalit nang humupa na ang hangin ng legaslismo, ang apoy ng pananalig o pananampalataya ay patuloy na nag-alab sa puso ng matatapat na *Nazarene*.

Ilan nang denominasyon at independiyenteng simbahan ang dumating at lumisan sa Pilipinas, ngunit ang *Church of the Nazarene* sa bansa ay patuloy sa matatag kahit marahan nitong paglilingkod at pagpapatotoo para sa Hari at sa Kanyang Kaharian. Ang mga paghamon at suliraning sumubok sa kasaysayan ng simbahan ay marami at iba-iba, at kabilang dito ang: pagpapaunlad ng pamumuno; ganap na kaalaman sa teolohiya; pambansang pagkakakilanlan; may uri o kalidad na paghahanda sa ministeryo; pagmumulan ng suportang pinansyal; pamamaraan sa pangangaral ng Ebanghelyo at pagdidisipulo; at masistemang estratehiya sa pagtatanim ng simbahan. Sa kabila nito, patuloy ang pagdaloy sa simbahan ng pag-asa at mga pagkakataon para sa katuparan ng mga inaasam nitong adhikain. At marami pang mga hangarin ang maaaring makamtan. Hindi sa sariling kakayahan at kahinaan nakatuon ng pansin ang mga *Nazarene*. Ang tiwala nila ay nasa kapangyarihan ng Banal na Espiritu na nasa kanilang puso. Ito ang nagbibigay ng init sa pangkalooban nilang buhay at nagpapaalab sa kanilang pag-ibig at pagtalima sa Dakilang Komisyon.

Hindi ang bilang at dami ng mga simbahang *Nazarene* ang nagbibigay ng kahulugan sa kasaysayan ng *Nazarene* sa Pilipinas. Sa halip, walang iba kundi ang Banal na Apoy ang nagsasaad ng ating kasaysayan, ng ating pananalig, at ng ating buhay. Ang Banal na Apoy na nag-aalab sa puso ng mga *Nazarene* ang siyang nagpapanatili sa *Church of the Nazarene* sa Pilipinas bilang mga taong Kristiyano, mga taong kabanalan at mga taong misyonal-- nagmamartsa, umaawit at sumisigaw nang malakas at matagal: "Kabanalan para sa Panginoon ngayon at magpakailanman!"

# *Appendixes*


# Mga *District Superintendent* ng 11 district mula noong 1948


| | |
|---|---|
| **Philippine Luzon District**<br>1. Joseph S. Pitts (1948-1957)<br>2. Harry Weise (1957-1967)<br>3. Andres Valenzuela (1967-1980)<br>4. Meliton Bernabe (1980-1990)<br>5. Alejandro Verceles (1990-1999)<br>6. Marcelino Ochoco (1999-present) | **Metro Manila District**<br>1. Peter Burkhart (1977-1980)<br>2. Andres Valenzuela (1980-1988)<br>3. Clemente Haban (1988-1995)<br>4. Virgilio Tamayo III (1995-1999)<br>5. Elpidio Managan (1999-2003)<br>6. Radito Fausto (2003-2009)<br>7. Bonifacio Plantilla (2009-2010)<br>8. Arnel L. Piliin (2010-2020)<br>9. Ryan Cardinal (2020-present) |
| **Eastern Visayas District (formerly Visayan District)**<br>1. Wilfredo Manaois (1973-1976)<br>2. Denny Owens (1977-1980)<br>3. Jose Causing (1980-1983)<br>4. Stephen Azura (1983-1986)<br>5. Joel Detalo Sr.(1987-1993)<br>6. Wenceslao Gallardo (1993-2005)<br>7. Edgar Longcop (2005-2016)<br>8. Asalim B. Gunda (2016-present) | **Central Visayas District (from Eastern Visayas)**<br>1. Honorio Mateo Sr. (1980-1983)<br>2. Jose Causing (1983-1994)<br>3. Dominador Montecastro (1994-1999)<br>4. Edgar Longcop (1999-2005)<br>5. Renato Villagonza (2005-2012)<br>6. Nilo V. Rosende (2012-present) |
| **Mindanao East District (from Central Visayas District)**<br>1. Honorio Mateo Sr. (1980-1981)<br>2. William Fowler (1981-1995)<br>3. Nicolas F. Cacho Jr. (1995-2002)<br>4. Erene Pastor (2002-2014)<br>5. Nicolas F. Cacho Jr. (2014-present) | **Mindanao West District (from Mindanao East)**<br>1. Filomeno Balayo Jr. (1986-1994)<br>2. John Villamor (1994-1998)<br>3. Glen Cacho (1998-2006)<br>4. Segunda Angwas (2006-2007)<br>5. Fernando Angel (2007-2014)<br>6. Dan C. Balayo (2014-present) |
| **Panay District (Formerly Western Visayas)**<br>1. Wilfredo Manaois (1973-1985)<br>2. Herminio Tabuena (1985-1999)<br>3. Jesus Miranda (1999-2005)<br>4. Joseph F. Cacho (2005-2014)<br>5. Medanny C. Punzalan (2014-present) | **Bicol District**<br>1. Peter Burkhart (1981-1987)<br>2. Rufino dela Peret (1987-1990)<br>3. Timothy Trout (1990-1991)<br>4. Robert Skinner (1991-1992)<br>5. Duane Baty (1993-1995)<br>6. Sulpicio Detalo (1995-2016)<br>7. Francisco Mortega (2018-2020)<br>8. Danilo P. Feleo (2021-present) |
| **Negros District (From Western Visayas)**<br>1. Federico Cabansagan Jr. (1998-2000)<br>2. Nemie D. Babao (2000-2005)<br>3. Rudy Manaois (2006)<br>4. Joseph F. Cacho (2006-2007)<br>5. Nemie D. Babao (2008-present) | **Southern Tagalog District**<br>1. Robert McCroskey (1984-1990)<br>2. Peter Burkhart (1990-1991)<br>3. Timothy Trout (1991-1992)<br>4. Robert Skinner (1992-1995)<br>5. Rudy Manaois (1995-2002)<br>6. Faustino Roranes (2002-2013)<br>7. Marcos Eugenio (2013-2015)<br>8. Wilfredo Aluad (2015-2017)<br>9. Marcos Eugenio (2018-2020)<br>10. Nestor ‘Jun’ J. Macas Jr. (2021-present) |
| **Metropolitan District (from Philippine Luzon)**<br>1. Angelito O. Agbuya (1996-2013)<br>2. Crisanto B. Colorado (2013-present) | |


# *Philippine-Micronesia Field*
# *Statistics* 2012-2021

**Statistics 2012 - 2021**
Field **Philippines-Micronesia Field**
FSC **Rev. Arnel Piliin**


| Statistical Year | Full Members | Fellowship Members | Total Full & Fellowship | Full Members Net Gain | % Gain | Worship Average | Profession of Faith | Received from other Denomination | New Nazarenes |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 2012 | 23,469 | 2,443 | 25,912 | | | 15,133 | 1,793 | 278 | 2071 |
| 2013 | 23,868 | 3,033 | 26,901 | 399 | 1.70% | 15,720 | 1,532 | 190 | 1722 |
| 2014 | 25,238 | 2,630 | 27,868 | 1,370 | 5.74% | 16,269 | 1,993 | 156 | 2149 |
| 2015 | 25,812 | 8,531 | 34,343 | 574 | 2.27% | 17,867 | 1,292 | 226 | 1518 |
| 2016 | 26,168 | 7,055 | 33,223 | 356 | 1.38% | 19,344 | 2,010 | 209 | 2219 |
| 2017 | 27,395 | 3,817 | 31,212 | 1,227 | 4.69% | 18,996 | 1,850 | 203 | 2053 |
| 2018 | 28,319 | 4,391 | 32,710 | 924 | 3.37% | 18,471 | 2,257 | 170 | 2427 |
| 2019 | 27,261 | 3,937 | 31,198 | -1,058 | -3.74% | 18,852 | 1,823 | 195 | 2018 |
| 2020 | 26,005 | 3,873 | 29,878 | -1,256 | -4.61% | 18,566 | 1,829 | 261 | 2090 |
| 2021 | 26,303 | 3,282 | 29,585 | 298 | 1.15% | 16,477 | 1,478 | 269 | 1747 |





| Statistical Year | Organized Churches | Mission-type Churches | Total Organized & Mission-type | Net Gain | Elders | Deacons | Licensed Ministers | Total |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 2012 | 317 | 51 | 368 | | 204 | 29 | 160 | 393 |
| 2013 | 315 | 52 | 367 | -1 | 201 | 28 | 164 | 393 |
| 2014 | 314 | 51 | 365 | -2 | 213 | 26 | 154 | 393 |
| 2015 | 311 | 52 | 363 | -2 | 210 | 25 | 181 | 416 |
| 2016 | 328 | 47 | 375 | 12 | 219 | 23 | 164 | 406 |
| 2017 | 347 | 48 | 395 | 20 | 218 | 22 | 141 | 381 |
| 2018 | 349 | 54 | 403 | 8 | 226 | 22 | 149 | 397 |
| 2019 | 346 | 53 | 399 | -4 | 230 | 33 | 141 | 404 |
| 2020 | 349 | 45 | 394 | -5 | 241 | 21 | 139 | 401 |
| 2021 | 362 | 51 | 413 | 19 | 236 | 19 | 194 | 449 |



# Bibliograpiya

"About us." *Asia Pacific Church of the Nazarene*. December 15, 2021. asiapacificnazarene.org/about-us/core-val-ues/index.html. "About Us." PNC. December 15, 2021. www.philnazcollege.edu.ph/about/index.html.

Ackerman, David. Interview by Jason V. Hallig. Personal Interview. Personal Messenger, December 15, 2021.

Alejandro, D. D. 1950. "Evangelism for the Philippines." *The Philippine Faith and Life* 1: 15-18.

_____. 1951. "Evangelism: Its methods." *The Philippine Faith and Life* 2:11-14.

_____. 1967. "The Holy Spirit in Christian experience." In *Selected Philippine Sermons*, by Estanislao Ablanza, et al. 68-82. Manila: National Council of Churches in the Philippines.

Armstrong, Ken S. 1958. *Face to face with the Church of the Nazarene*, ch. 3. Boulder, Co.: Johnson Publishing Co.

Batista, Marcio. Interview by Jason V. Hallig. Personal Interview. Emailed to author, December 30, 2021.

Beech, Neva. 1967. "The answer at Angeles." *The Other Sheep* (October).

Benner. 1958. "Revival in the Philippines." *Herald of Holiness* (September): 3-4.

Bestre, Carol. 1989. *Baguio first Church of the Nazarene: A historical sketch. Term paper for the History of Nazarene Missions class,* Asia-Pacific Nazarene Theological Seminary (hencefortheAP-NTS ), 14 March.

Bush, Richard. 1954. "The sectarian challenge." *The Philippine Christian Advocate* 6 (January): 45.

_____. 1959. "Mindanao in the making." *The Philippine Christian Advocate 11*(March): 39. '

Butag, Abdon. 1989. *History of the Church of the Nazarene in zone 8, North-Central Luzon district*. Term paper for the History of Nazarene Missions class, APNTS, October.

Cook, R. Franklin. 1984. *The international dimension: Six expressions*

*of the Great Commission*. Kansas City: Nazarene Publishing House.
Copelin, Roy E. 1957. Report. *Journal*, 51.
_____. 1962. *Life in a Nazarene Bible College: The story of missionary education in the Philippines*. Kansas City: Nazarene Publishing House.
Craft, Robert. Interview by Jason V. Hallig. Personal Messenger, October 15, 2021.
Cunningham, Floyd T. 2018. *Expressing a Nazarene Identity*. Lenexa, KS: Global Nazarene Publications.
_____. 2003. *Holiness Abroad: Nazarene Missions in Asia*. Lanham, MD: Scarecrow.
_____. ed., et al. 2009. *Our Watchword and Song: The Centennial History of the Church of the Nazarene*. Kansas City: Beacon Hill Press.
_____. "The Early History of the Church of the Nazarene in the Philippines," *Philippine Studies* 41 (First Quarter 1993): 51-76.
Deats, Richard L. 1964. *The story of Methodism in the Philippines*. Manila: Union Theological Seminary.
Department of Foreign Missions. 1952. *The Church abroad: A quadrennial review of missions*, 1948-52. Kansas City: Nazarene Publishing House.
Dialing, Jose. Interview by Jason V. Hallig. Personal interview. Taytay First Church of the Nazarene.
Echaves, Leody T. Interview by Jason V. Hallig. Personal Interview, December 30, 2021.
Eckel. 1939. "Our trip to Manila." *The Other Sheep* 27 (September): 12-15.
Encarnacion, Ely S. 1952. "Bible school student's testimony." *The Other Sheep*.
Encarnacion, M. 1955. "Report." *Journal*, 35.
Fairbanks, E. Lebron. 2016. *Leading Decisively! Leading Faithfully!: Reflections and Markers*. Florida: BoardServe.
Gabrido, Ana Maria. 1991. *History of Binalbagan Church of the Nazarene Negros Occidental. Term paper for the History of Nazarene Missions class*, APNTS, March.
Galang, Fidel. 1958a. "Evangelism program of the Methodist Church." *The Philippine Christian Advocate* 10 (December): 13.
_____. 1958b. "Tobaco and public welfare." *The Philippine Christian Advocate* 10 (December): 36.
Ganchoree, Ciriaco. 1959. "lloilo City ministers for evangelical fellowship." *The Philippine Christian Advocate* 11 (October): 29-31.
Gowing, Peter G. 1967. *Islands under the cross: The story of the Church of the Philippines*, chs. 7-8. Manila: National Council of Churches in the Philippines.

Guansing, Benjamin I. 1950. “Developments in the Philippines.” *The Philippine Faith and Life* 1: 25-26.

Hayden, Joseph R. 1947. *The Philippines: A study in national development*. New York: McMillan.

“History.” APNTS. October 12, 2021. www.apnts.edu.ph/his-tory/.

Jamandre, C. C. 1951. “How God saved and sanctified me.” *The Other Sheep*.

Jocano, F. Landa. 1981. *Folk Christianity: A preliminary study of conversion and patterning of Christian experience in the Philippines*. Quezon City: Trinity Rizal Institute.

Johnson, Jerald. 1982. *The International Experience*. Kansas City: Nazarene Publishing House.

Jones, Charles E. 1974. *Perfectionist persuasion: The holiness movement and American Methodism, 1967-1936*. Metuchen, N.J.: Scarecrow Press.

_____. 1974. *A guide to the study of the holiness movement*. Metuchen, N.J.: Scarecrow Press.

Kerkvliet, Benedict J. 1977. *The Huk rebellion: A study of peasant revolt in the Philippines*. Berkeley: University of California Press. Lallana, Jose F. 1957. Report. *Journal*, 45.

Mangum, Thomas E. “The Gospel of Health.” *Nazarene Messenger* 5 (October 1922): 1-7.

Manaois, Wilfredo. 1959. “What revival means to me.” *The Other Sheep* 46 (January): 3.

Mann, Alice. 1999. *Can Our Church Live?: Redeveloping Congregations in Decline*. Bethesda, Md.: Alban Institute.

McCroskey. 1965. “More than 7,000 islands.” *The Other Sheep* (October): 4-6.

McKnight, Scot and Laura Barringer. 2020. *A Church Called Tov: Forming a Goodness Culture That Resists Abuse of Power and Promotes Healing*. Illinois : Tyndale House Publishers.

Meeks, Richard E. *The Life Cycle of the Church Leadership Team “Talk Sheet”*, www.dohio.org/EpiscopalDioceseOfOhio/media/EpiscopalDioceseOfOhioMedia/Our%20Diocese/Resources/Documents/Life_Cycle_of_a_Church_talk_ sheet.pdf.

Minutes of the 32nd NWMS Annual District Convention of Luzon District on March 19, 1996, *Luzon District Journal*, (1996).

“Missionary Profile – Stephen and Theresa Gualberto.” *Nazarene Missions*. December 3, 2021. nazmissions.wordpress.com/2012/04/12/missionary-profile-stephen-theresa-gualberto/.

“Missionary Profile.” *Church of the Nazarene*. December 17, 2021. https://nazarene.org/missionary-profiles.

Modine, Marnie DC. Interview by Jason V. Hallig. Personal Interview. Email to author, December 14, 2021.

Moore, J. E. Jr. 1946. *The Philippines and the Islands*. In *The chaplains see world missions*, ed. Lauriston J. Du Bois, 53444. Kansas City: Naz-arene Publishing House.
Montecastro, Gilbert. 1989. *A brief history of the Western Visayas district. Term paper for the History of Nazarene Missions class*, APNTS, October.
"National Board." *Church of the Nazarene*. December 4, 2021. manual.nazarene.org/section/national-boards/index.html.
"NWMS Committee," in *Luzon District Journal* (1996).
"NYI Committee," in *Southern Tagalog District Journal* (1996).
Nazarene Compassionate Ministries, Philippines. www.thepcmn.org/copy-of-mem-34/index.html.
"Nazarene Youth International," in https://2017.manual.nazarene.org/section/nyi/page/8/.
*The Oasis*. 1922, 1923, 1926. Nampa, ID: Northwest Nazarene College.
"Our History." VNBC. October 12, 2021. www.vnbc.edu.ph/index.php?page=about.
*The Other Sheep* 22 (May 1935): 4.
*The Other Sheep* 16 (November): 2.
"OSEC Modern face of Human Trafficking." *NCM*. October 16, 2021. reliefweb.int/report/philippines/osec-modern-face-human-trafficking.ncm.o"rg/shechem.
Osias, Camilo. 1965. *Separation of Church and State*. Manila: n.p.
Owens, Donald. 1979. *Sing ye islands: Nazarene missions in the Pacif ic Islands*. Kansas City: Nazarene Publishing House.
Pattee, John W. 1958. "Tenth anniversary of Nazarene work in the Philippines." *District Assembly Journal*.
_____. 1951. "Preacher's institute." *The Other Sheep*.
_____. 1956. "A new chapel at Aringay." *The Other Sheep* 43 (June): 4.
_____. N.d. *Hazardous days in China*. Pasadena, CA: The author.
Pattee, Lillian. 1950. "Revival in Binalonan." *The Other Sheep*.
Prado, Allan. Interview by Jason V. Hallig. Personal Interview. Personal Messenger, October 12, 2021.
Pertierra, Raul. 1988. *Religion, politics and rationality in a Philippine community*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
Peters, John L. 1956. *Christian perfection and American Methodism*. New York: Abingdon.
Philippine Islands Scrap Book, 2 vols. in the APNTS Library, Taytay, Rizal.
Phillips, David. Interview by Jason V. Hallig. Email message to author, October 24, 2021.
Piepkorn, Aurthur, C. 1979. *Profiles in belief: The religious bodies of the United States*. Vol. 3, *Holiness and Pentecostal*. New York: Harper and Row.
Piliin, Arnel. Interview by Jason V. Hallig. Personal Interview. Field

Office, APNTS Campus, December 30, 2021.
Pitong, Eleuterio. 1952. "From communism to Christ." *The Other Sheep* 39 (July).
Pitts, Joseph. 1948. "A new church in Iloilo City." *The Other Sheep*.
_____. 1955a. "Loo Valley." *The Other Sheep* 42 (August).
_____. 1955b. *Mission to the Philippines*. Kansas City: Beacon Hill Press.
_____. 1955c. *Report Journal*, 19.
_____. 1958. *Voices from the Philippines*. N.p.
_____., ed. 1961. *Echoes from the Philippines*. Nazarene Archives.
Pitts, Paul. 1958. "Pentecost rejected." Mimeographed.
"PNC BOT Meeting," *Minutes* (the author [Jason V. Hallig] served as the BOT secretary).
Purkiser, W. T. 1983. *Called unto holiness: The story of the Nazarenes*. Vol. 2: *The second twenty-@ years, chs. 2, 6*. Kansas City: Nazarene Publishing House.
Quadrennial Reports of the Eleventh Gem1 Assembly of the Church of the Nazarene. 119441. N:p.
Rehfeldt, Remiss. 1955. "Our Philippine work." *The Other Sheep* 42 (September): 1.
Rothauge, Arlin J. *The Life Cycle in Congregations: A Process of Natural Creation and An Opportunity for New Creation*.
Rulloda, Ernesto N. Interview by Jason V. Hallig. Personal Interview. Personal Messenger, December 30, 2021.
_____. 1990. *The Church of the Nazarene in the Philippines: Her role in nation building*. Ed.D. diss., Baguio Central University.
Saarinen, Martin F. 1986. *The Life Cycle of a Congregation*. Washington, D.C.: Alban Institute.
Santiago, David Y. 1959. *Keeping our body holy. The Philippine Christian Advocate* 11 (February): 9-10.
Schlosser, Ruby and Gertrude Groesbeck, eds. 1956. *Lighting the Philippine Frontier*. Winona Lake, IN: Woman's Missionary Society, Free Methodist Church.
Securities and Exchange Commission, "Certificate of Filing of Amended Articles Incorporation" (1992).
Shelley, Bruce L. 1995. *Church History in Plain Language*. Nashville: Thomas Nelson.
Smith, Timothy L. 1962. *Called unto holiness: The story of the Nazarenes: The formative years, chs. 1-2*. Kansas City: Nazarene Publishing House.
Sobrepena, Enrique. 1953. "The state of the Church," *The Philippine Christian Advocate* 5 (June): 5-6.
"Sunday School Ministries Director's Report," *Mindanao West District Journal* (1994).
Tabuena, Larnie Sam. Interview by Jason V. Hallig. Personal Interview,

December 12, 2021.
Tamayor, Hannah P. "NWMS President's Report," in *Negros District Journal* (2000).
Tendero, Efraim M. "The Philippines Model." www.ad2000.org/gcowe95/tend.html.
Valencia, Jose L. 1978. *Under God's umbrella: An autobiography*. Quezon City: New Day.
Verceles, Billy. 1989. "The life and ministry of Rev. Carlino Fontanilla." *Term paper for the History of Nazarene Missions class*, APNTS, 15 March.
Vine, Frances. 1958. "Bible School revival in the Philippines." *The Other Sheep*. (December).
Watts, C. Ellen. 1984. *John Pattee of China and the Philippines*. Kansas City: Beacon Hill Press.
Wiese, Harry. 1958a. "Revival in the Philippines." *The Other Sheep* (December): 10-11.
_____. 1958b. "District Superintendent's Report." *Journal,* 23.
_____. 1950. "Revival spirit continues." *The Other Sheep* (July).
_____. 1960. "Superintendent's report." *National Archives*, September.
_____. "Revival in Binalonan." *The Other Sheep*.
Wiley, H. Orton. 1928. "Editorial." *The Other Sheep* 16 (November): 2.
Wilkins, Janet. Interview by Jason V. Hallig. Personal Interview, December 30, 2021.